Tagalog
62-0318

Ang Binigkas Na Salita ay ang Orihinal na Binhi

The Spoken Word is the Original Seed

March 18, 1962
Jeffersonville, IN

Ipinangaral ni
William Marrion Branham

www.biblebelievers.org/messagehub

Ang aklat na ito ay malayang maipalilimbag at maipamamahagi, ngunit hindi maaaring ipagbili, ayon sa sinasaad ng lisensya sa ilalim ng Creative Commons (by-nc-nd) na matatagpuan sa www.CreativeCommons.org.

Ang Binigkas Na Salita ay ang Orihinal na Binhi

1 Magandang umaga, mga kaibigan labis akong nagagalak na maparito. Sa umagang ito ay magsisismula tayo ng maaga ng kaunti. Lagi akong nalulungkot na makitang hindi sapat ang laki ng silid upang mapaupo ang mga tao, at alam kong mahirap para sa inyo ang tumayo. Ipinasabi ko na sa umagang ito na ito ang pagkakataon kung kailan nais kong magkaroon ng maraming oras. At sa palagay ko'y magiging tunay na mainam mamaya, habang nagpapatuloy ang Gawain, na kung ang ilan ay uupo, ang iba ay tatayo, at mangyaring pagpahingahin natin ang isa't-isa at kung nais mong lumabas at maglakad-lakad sandali, alalahanin, dahil mahaba ang Gawain na malaya n'yong magagawa ito. Pagkatapos ay maaari kayong makipagpalit.

2 At ngayon…alam nating may programa sila ng pagpapagawa rito sa Tabernakulo para sa isang higit na maluwang at malaking simbahan na magkakaroon ng sapat na bilang ng upuan. At sa palagay ko, ang simbahang ito ay makapagpapaupo ng mga 250 o 300 mga tao, at marahil ay higit pa ng isandaan kaysa riyan ang naririto sa loob ngayon. Kaya't ito'y magiging…at ako'y pumasok, nakita ko nag mga taong nagmamaneho, paroo't—parito---hindi makakita ng lugar na mapaparadahan at siyempre ,pag dating nila sa pintuan at makitang ang mga bulwagan ay punung-puno na, ang mga dingding ay puno na, at iba pa, ng mga tao, pati na rin sa palibot ng plataporma at sa iba pa, at kung magkagayo'y lumilisan sila. At nais nating bawat isa'y makarinig ng Mensahe ng Panginoon habang sinisikap natin itong ihatid.

3 Nais kong ipaanunsiyo kaagad iyon, sisikapin kong mangusap hanggang alas-dose at pagkatapos…at ako'y magwawakas ng alas dose. At magkakaroon ang lahat ng pagkakataon upang makakuha ng makakain. Sa panahong iyon, ang pastor, si Kapatid na Neville na naririto, ay magdadaos ng gawaing-bautismo sa pagkakataong iyon. At kayo'y lalabas at kakain at pagkatapos tayo'y babalik at sisikapin kong tumayo sa pulpito nang impunto alas dos, at pagakatapos ay magpapatuloy tayo sa hapong ito.

4 At maraming panahon ang ginugol ko sa panalangin sa linggong ito, at ni hindi ko ito matatapos kung hindi ko tinabas, ang marahil ay ikaapat na bahagi, ang nabawas, sa kung ano ang nasi kong sabihin sa mga tao. Ngayon nga'y pinasasalamatan naming kayo dahil sa mainam na pakikipagtulungan, na kayo'y dumalo sa mga pagtitipong ito at sa inyong ginawa para sa amin at sa pagtulong n'yo sa amin at sa pananalangin n'yo para sa amin.

5 At ako’y nagkaroon ng pribilehiyo, ilang sandali pa lang ang nakalipas na makausap ang iang matandang lalaki at babae na…kilala naming sila bilang sina Brother at Sister Kidd na naging napakatapat sa loob na ng napakaraming taon. Tumigil sila ilang sandali pa lang ang nakalilipas. Sinabihan ko silang dumaan muna; nais ko silang Makita ng isang sandali at anong dakilang pribilehiyo ang makausap ang mga matatanda na nangangaral na ng Ebanghelyo nang ako ay nasa…sanggol pa. At ang maluwalhating lumang Ebanghelyo ay lalong uminam sa paglipas ng panahon habang papalapit tayo sa dulo ng daan.

At ngayon, may ilang telang-panalangin na nakalagay dito at nais kong makapag-ukol ng maikling panalangin dito. At ngayon, iyuko natin an gating mga ulo sumandali para sa isang panalangin.

6 Makalangit naming Ama, sinabi Mo sa Iyong Salita: “At Ako, kung Ako’y mataas na mula sa lupa, ang lahat ng mga tao ay palalapitin ko sa akin.” At iyan ang hangarin naming sa buhay, ang maitaas sa harap ng isang naghihingalong lahi ng mga tao na si Jesus Cristo ay nanatiling Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas ng sanlibutan. At labis akong nagagalak na malamn na ako’y nabubuhay kung saan may mga taong sumasampalataya doon, at kabilang ang libu-libong nagsitanggap sa Kaniya bilang kanilang Tagapagligtas.

7 At nalalamang pagakatapos ng buhay na ito, ay mayroong buhay sa kabila na na magiging nakapaluwalhati na ang mga pagpapagal na ito at ilang oras na kami’y dumaraan sa mga lilim at anino ng buhay ditto sa lupang palasubukan, na kami ay pumapasok pa lamang sa landas na iniinugan nito ngayon, naghihintay sa pahabang-pagbilang, dahil hindi na malalaon, darating ang isang pagkakataon kung kailan ang oras ng Diyos ay magaganap. Ang dakilang bisig na malaon nang pumipigil sa oras, ay bibitiw na at nag Kaniyang iglesiya ay aalis sa mundong ito sa kalawakan sa dako pa roon sa isang lupain kung saan wala nang karamdaman, kalungkutan, pagtanda, kamatayan. Iyan ang dahilan kung bakit kami nagkatipon sa araw na ito, Panginoon, ay upang ipahayag ang aming damdamin tungkol sa mga bagay na ito.

8 Labis kaming nagagalak na malaman na ito’y hindi lamang isang pagsasama-sama ng mga tao para sa isang bagay na walang kabuluhan; na napatunayan na ito’y ang pinakadakilang katotohanan na nalaman ng sanlibutan, na ang Anak ng Diyos ay hindi patay, Na siyang nagbigay ng mga pangako, bagkus Siya’y buhay sa aming kalaagitnaan magpakailan man. At labis kaming nagagalak sa umagang ito, Panginoon, higit sa lahat ng mga bagay, bagama’t maging pag-aari naming ang sanlibutan at maari kaming

anupa't naniniwala kaming Ikaw ay isang Trinidad ng tatlong upisina---ng Ama, Anak, at Espiritu Santo. Tiyak na tiyak na kami'y sumasampalataya riyan, Panginoon, nguni't hindi para gawin Kang tatlong diyos; bagkus ay iisang Diyos na gumanap sa tatlong upisina---kapuwa Ama, Anak, at Espiritu Santo, at ang Pangalan ng Diyos na iyon ay tinaguriang Jesus Cristo. Ngayon iyan ang Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo.

270 Ama, nawa'y Makita ito ng mga tao at maging masunurin sila sa bautisimo sa tubig para sa ikapagpapatawad ng kanilang mga kasalanan. At nawa'y ang kaunting mga salitang ito para sa bautismo ay tumimong malalim ngayon sa puso ng bawa't isa, dahil hindi naming alam kung gaano pa katagal ang nalalabing panahon sa amin, Ama. Nagiging napakalapit na. ang kaaway, gaya ng inaasahan naming ipangusap mamayang hapon, ay lalong lumalalim, higit na nagiging mapusok habang tumatagal. Mula ng kunin nila ang luklukan; talagang nagsisikap silang makapasok. Panginoon, nakikita namin ito sa bawat panig. Hindi ang Komunismo, Panginoon. Nawa'y maunawaan ng mga tao na Romanismo iyon, ang matandang inang patotot at ang kaniyang mga babaeng bayaran; nakikita naming sila. Panginoon, na dumarating na isang larawan ng hayop, at narito na kami.

271 Amang Diyos, mahabag Ka ngayon, at hayaan Mong lahat kami'y makatungo sa kaligtasan, sa loob ng daong, at maghanda para sa panghuling ulan. Hinihiling naming ito sa pangalan ni Jesus. Amen.

272 Ngayon sa inyo na nasa loob ng gusaling ito, ngayon kung nais n'yong lumabas sandali at kumuha ng makakain, mabuti 'yan. At kung gusto n'yong---kung magkagayon ay bumalik kayo. Pumasok kaagad kayo rito sa lalong madaling panahon pagkatapos ng Gawain. Ngayon, ay tumayo tayo sumandali. Tumayo tayong lahat. Ilan ba ang sumasampalataya sa Salita ng Panginoon, itaas n'yo ang inyong kamay. Amen. O pasalamatan n'yo ang Panginoon. O, gaano ko minamahal si Jesus.

Mahal ko si Jesus;

Mahal ko si Jesus;

(Ipinanalangin ni Kapatid na Branham ang mga panyo.)

Mahal ko si Jesus

'Pagkat minahal Niya 'ko.

maging bata sa loob ng daan-daang taon upang masiyahan dito, ngunit maituturing itong isang maikling panahon lamang kung ihahambing sa panahong nakalaan para sa mga nagsisisibig sa kaniya. Kaya, sinisikap naming ituro an gaming kapatid na lalaki at kapatid na babae sa dakilang oras na ito na dumarating sa atin. At habang nakikita nating dumarating ang oras na iyon, Panginoon, ang mga puso nami'y nag-aalab. Nais naming maging handa.

9 Isa-isa kaming nagsisibaba sa daraanan. Katatapos lang naming ilibing ang isa mula sa aming Kalagitnaan. Ang aming Sister Bell, na naging napakabilis ng kanyang paglisan, (ayon sa kanyang hiling), napakabilis, hindi na naming nagawang abutan siya at ipanalangin, datapuwa't kahilingan niyang siya'y yumao na---ang Makita kung gaano Kabuti na nagagawa Mong magkakaloob ng lahat ng mga bagay na aming ninanasa sa aming mga puso. Hindi mo kinalilimutan ang alin man sa mga ito. Ipinangako mo ito.

10 Ngayon kami'y dumadalangin na dalhin mo ang mga puso upang makaunawa sa Iyo ngayon---yaong mga hindi nakauunawa sa Iyo. Dalhin Mo ang mga makasalanan sa pagsisisi; dalhin Mo ang mga maysakit sa kaalaman tungkol sa pagapapagaling ng Diyos. O Diyos, pagpalain Mo ang Iyong mga banal at pag-isahin Mo ang kanilang mga puso. At sa pagkalat ng mga teyp na ito sa mga lungsod at sa mga iglesia, palabas sa mga banasa sa buong mundo, nawa'y ang mga kapatirang manganagaral na marahil ay minsang hindi nakaunawa, ay makaunawa ngayon upang ang Iyong Iglesia ay makapaghanda.

11 At ngayon, oh, Panginoon, na Siyang naghiwalay sa akin mula sa aking ina, na Siyang nagpakain sa akin sa tanang buhay ko at nagdala sa akin hanggang sa oras na ito, sa pamamagitan ng Iyong biyaya, dama kong kalooban Mong maipaliwanag ko sa mga tao kung bakit gayon ang aking ikinilos at kung bakit gayon ang aking mga ginawa; nawa'y mangyaring ang mga tao'y magakaroon ng higit na mabuting pagkaunawa, Panginoon, tungkol sa pagiging kakaiba ng Iyong lingkod.

12 Itulot Mo ang mga bagay na ito, Ama, at ang mga Kasulatang ito at ang teksto at ang mga salitang naisulat naming dito sa buong sanlinggo sa aming pananalangin at pag-aaral. Nawa ang mga ito'y mahasik sa mabubuting lupa saan mang dako ito marinig isang lupang maaring humawak sa mga---*ito* at kumalinga sa mga ito, at kung magkagayon ang lahat ng papuri ay maibigay sa Iyo, dahil ito'y hiling naming sa pangalan ni Jesus. Amen.

13 Sa mga taong nasa labas na nasa kanilang mga kotse na hindi makapasok, mayroon akong ikinabit na munting instrumento rito ngayon, at

ituon ninyo ang piitan ng inyong mga radyo sa 1150---1150 at maririnig ninyo ang Mensahe sa inyong mga radyo sa loob ng inyong mga kotse.

[May sinabi si Kapatid na Branham tungkol sa ginagamit na kasangkapan Ed.]

14 Ngayon, sa lahat ang aking mga kainbigan dito o saan man makarating ang mga teyp na ito, ang pakiramdam ko'y mayroon akong dapat ipaliwanga sa mga tao tungkol sa maraming mga bagay na aking nasabi at nagawa. Napakaraming beses na may mga taong kinailangang lumapit a akin at magsabi, "Ang sabi ng pastor naming, 'bakit mo gingawa ang gayon, Kapatid na Branham? Bakit mo sinabi *ito*? At ano nag nagbubunsod sa iyo upang gawin ito sa *ganitong* paraan?'" Ngayon, taos ito sa aking puso, lahat ng aking ginawa, ay ginawa kong lahat nang may pinakamabutinghangarin sa abot ng aking kaalaman. At bawa't sinalita ko ay sinalita ko mula s aking puso. At ginawa ko ito sa isang layunin; at sisiskapin ko sa umagang ito sa tulong ng Diyos na ipaliwanag mula sa Biblia ang layunin at kung bakit ginawa ko ito.

15 At ngayon matrahil ay mayroon dito, sa isang malaking kalipunan ng mga taong tulad nito, marahil ay may mga ministrong nakaupo rito, at marami ang makakarinig nito, at ang pag-asa ko, sana ay sapat ang panahon natin upang…mailagay ko ang lahat ng mha naisip ko at ito'y mapatibayan sa mga Kasulatan…o dili kaya'y maihatid din, ang mga Kasulatan, sa mga tao. Subali't sa aking mga kapatiran: kahit pa kayo'y hindi makasang-ayon sa akin---ngayon ako'y nangungusap kapuwa rito at para sa mga teyp--- marahil ay di gasinong hindi kayo makasang-ayon sa akin dahil sa aking paninindigan tungkol sa mga bagay na iniisip kong tama. At may karapatan kayong sumalungat sa akin kung iba ang pananaw ninyo rito; ngunit umaasa ako na aking, sa tulong ng Diyos sa umagang ito, ay magawa kong ipakita sa inyo ang dahilan kung bakit ganito ang aking naging paninindigan.

16 At kailan man ay hindi ko pa nagawang…napakaraming pagkakataon na pinagalitan ko ang mga iglesia , mga denominasyon, ang pananamit ng mga kababaihan, ang ikinikilos ng mga kalalakihan. Sa palagay ko'y lubos kong nasuporatahan iyan ng mga Kasulatan. At kalian man ay hindi pa nangyari, nalalaman ng Diyos na kalian man ay hindi ako nagkaroon ng sama ng loob kaninuman. Kahit pa nga ang pagsalungat nila sa akin ay singlayo ng silangan sa kanluran, minahal ko pa rin sila. At habang nasa akin ang Espiritu ng Diyos, mananatili ang pag-ibig ko sa Kaniyang Iglesia--- sa Kaniyang Bayan. Kahit ano pa ang gawin nila, o paano man nila ako tratuhin, walang kinalaman ito rito. Mahal ko pa rin sila.

266 Ngayon kung sinasampalatayanan n'yo ang tulad ng nasabi ko sa umagang ito, hindi ba't gayon din ang magiging paninindigan n'yo? Tiyak na maninindigan kayo. Yumuko tayong sumandali.

267 Mabiyayang Ama naming sa langit, hindi naming winawakasan ang pagtitipon kundi panandalian naming itong ititigil para sa ilang sandaling pamamahinga. At ngayon nawa ang mga binhing naihasik sa umagang ito, nawa'y mahulog ang mga ito sa mabuti at malusog na lupa. Nawa'y mamunga ang mga ito ng sagana, Panginoon, saganang Buhay na Walang Hanggan. Ngayo'y idinadalangin naming, Ama, na ang mga binhing ito na naihasik ay manatiling naghihintay ng pagpatak ng panghuling ulan. Naghihintay---sila na naghihintay sa Panginoon, magkakaroon sila ng panibagong kalakasan. Diyos, huwag nawa naming unahan ang Salita; manatili nawa kami sa Salita. Itulot Mo poi to, Panginoon.

268 Pagpalain Mo kami ngayon at maging yaong mga nagsialis upang kumain, dalangin kong ipagkaloob Mo sa kanila ang kanilang mga pananghalian at basbasan ang kanilang mga pagkain at bigyan sila ng lakas at ibalik sila mamayang hapon nang totoong maaga. Panginoon nawa'y maupo sila sa templong ito na naghihintay. At nawa'y tulungan Mo ako sa aking paghayo upang manalangin at sa aking pagbabalik. Dalangin kong bigyan Mo ako ng panibagong pagkapahid sa hapong ito. Itulot Mo ito, Panginoon, nang magawa kong ilahad kung ano ang sa paniwala ko'y Salita Mo sa mga tao. Itulot Mo ito, Ama.

269 Dalangin kong pagpalain Mo ang mahal naming pastor, si Kapatid na Neville, ang mahal naming kapatid---ilang sandali pa'y lulusong siya sa tubig dito kasama ng lupon ng mga taong magpapabautismo. At, Ama, kung mayroon man dito sa umagang ito na nabautismuhan sa ibang paraan kaysa sa Cristianong bautismo, na ang Iyong dakilang lingcod, na si Pablo---at sinabi niyang taglay niya ang Salita ng Diyos---at ang sabi niya, "Kung ang isang tao o anghel man (maging agnhel na bumaba mula sa Langit, at tulad ni Satanas na dating nasa anyong anghel) ay manaog at magsabi ng anumang bagay na kaiba kaysa sa nasabi na Niya, masumpa nawa siya." Ama, alam naming iya'y nakasulat sa Kasulatan, at idinadalangin ko, Ama, na ito'y…ito'y tumimo sa kanilang mga puso na si Pablo mismo ang nag-utos sa mga taong hindi nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng kanilang mga kasalanan, siya yaong nag-utos na magbautismo silang muli. Nawa ito'y maparoon sa mga tao, Ama. Nawa'y mapagtanto nila na ang gaganaping pagbabautismo---nawa'y mapagtanto nilang ito'y Katotohanan, nalalamang hindi sila makapagpapalitaw ng isa mang Salita sa Kasulatan upang katigan ang kanilang maka-trinidad na kaisipang tatlong diyos. Ama,

Kundi may kalayaan at katarungan para sa lahat. Tama ‘yan. Opo. Ako’y namamanata sa aking Panginoon, kita n’yo, upang ipangaral ang Kaniyang Salita at upang tayuan ang Kaniyang katotohanan kahit mangahulugan pa ito ng aking buhay. Magpapatuloy pa rin ako magkagayon man.

262 Dahil ako’y…magiging isang dakilang bagay para sa akin, hindi ko nais gawin ito, ngunit kung kailangan kong gawin ito, ihahalo ko ang aking dugo sa lupang ito tulad ng mga nagsipaghalo ng kanilang dugo alang-alang sa gayon ding bagay---tulad niyaong nangamatay sa kulungan ng mga leon; tulad niyaong nangamatay sa mga krus; yaong mga nilagari---yaong mga sinipa palabas ng kanilang samahan at nagpalabuy-laboy na ang suot ay balat ng tupa at balat ng kambing, at naging kahabag-habag. Ituturing kong isang malaking prebilihiyo tulad ng mga alagad ni Cristo na ibinilang nilang kaligayahan ang magawa nilang tiisin ang kahihiyang dala ng Kaniyang Pangalan. Matitiis nila iyon para sa Kaniya, ang kaunti nilang pagdurusa. Ayaw kong magdusa; walang sinuman ang nais magdusa. Nais kong makipagdaupang palad sa lahat ng mga denominasyon at magsabing, “Mga kapatiran, sumulong tayo.” Nais kong gawin iyon. Kung ito’y gagawin ko, ay bibitiw ako sa Kamay Niya. Huwag nawang mangyaring magawa ko ‘yon kalian man. Kung kakailanganing manindigan akong mag-isa, maninindigan akong kasama Niya at ng Kaniyang Salita.

263 Tulad ng sabi ni Eddie Perronet, “Kay Cristong Batong matibay tutungtong,ang ibang lupa ay kumunoy.” At si Cristo ang Salita. “Sa pasimula…” At ano ito? Bawa’t Salita mamumunga… bawa’t binhi ay mamumunga ng kauri nito. Ang binhing makadenominasyon ay mamumunga ng kauri nito. Ang samahang Pentecostal ay namumunga ng kauri nito. Ang mga Baptist ay namumunga ng kauri nito. Ano ito?---organisasyon, lagi na lang, lagi na lang.

264 Ipakikita natin mamayang hapon, kung loloobin ng Diyos, kung paanong nagsimula ang mga iyon, at kung ano ang naging dahilan nito, at kung saan sinabi ng Biblia na magkakaganito sila at kung ano ang kahahantungan nila---kung ano talaga ang magiging wakes.

265 Pagpalain kayong lahat ng Diyos kayong mga nasa kotse. Marami sa inyo ang nasa mga kotse na hindi makapasok, na nakikinig sa mikroponong ito. At pagpalain kayo ng Diyos kayong mga nakatayo sa paligid ng mga dingding na ito at kayong nangakaupo rito sa umagang ito. At ako’y umaasang sa biyaya ng Diyos, ay hindi ako nakapagpadala ng katitisuran. Datapuwa’t nililinaw ko ang aking sarili.

17 Naalala ko na minsan ay may isang lalaking nagngangalang Moises. Ang mga taong iyon ay lagi na lang (ang tawag naming ditto sa aming ksabihan sa timog) iniinis siya--- laging hindi siya tinatantanan. Lahat na lang ay may bulung-bulungan, o kaya’y reklamo at iba pa. Datapuwa’t si Moises, pagdating ng harapan, nang sabihin ng Diyos, “Ihiwalay mo ang Sarili mo sa kanila, dahil kukunin kita at magpapasimula ako ng isang bansa,” nagpatiraoa si Moises sa landas ng poot ng Diyos. Ang sabi “Ako na lang ang paslangin Mo, huwag ang mga tao,” mga taong tinawag niyang mga rebelde, (raebelyon lban sa Diyos at laban sa kaniya) gayon pa man, lubos ang pagmamahal niya sa kainila hanggang sa nagawa niyang sabihin, “Kunin Mo ako at iligtas Mo sila.” Iyon si Cristo na kay Moises.

18 At kung ang isang tao, kahit pa nga gaano sumalungat ang ibang tao sa kaniya, kung hindi ganoon ang kaniyang pakiramdam, kung magkagayo’y siya’y nagkukulang ng Cristo sa paniwala ko--- kung mula sa kaniyang puso, hindi mula sa kaniyang mga labi, kundi sa puso, kung hindi gayon ang pakiramdam niya para sa sangkatauhan…

19 Ako’y nagitla minsan (hindi lang ito *sense of humor* sa pagkakataong ito), datapuwa’t may isang nangyaring pagtitipon sa Chicago minsan, at isang lalaking negro ang nakaupo roon at paulit-ulit niyang sinasabi, “Nais kong makita si Doctor Branham.” Ang suot niyang sombrero ay napakalaki at mayroon siyang malalaking krus, walo o sampung pulgada ang haba at lapad, sa kaniyang dibdib, at nakabalabal siya at kakatwa ang kasuotan niya at may nakakatawang mga singsing at mga palawit at iba pa. At sinabi ko kay Kapatid na Baxter, na aking katuwang na manggagawa, sabihin mo sa kaniya, “Patuluyin ninyo sa silid; makikipagkita ko sa kaniya.” At inupuan niya ako at nagsabi “Tatawagin ko ba kayong ‘Padre’, o ‘Reverend’, o ‘Elder’, o ano ba ang nais ninyong itawag ko sa inyo?”

20 Ang sabi ko, “kung mahal mo ako, tawagin mo akong ‘kapatid.’” At dahil sa pagbibigay-galang , at ginawa niya ito; at ibinigay niya ang titulo niya sa akin na , oh, ilang linya ang masusulatan upang maisulat sa papel ang mga titulo ng pangalan ng iglesia, at ang kanyang titulo sa iglesia. Datapuwa’t may sinabi siyang isang bagay na lagi kong naiisip. Ang sabi niya, “Interesado ako rito, Kapatid na Branham.” Sinabi niya kung ano ang bagay na interesado siya sa kaniyang iglesia at…mga bagay-bagay. Ang sabi niya, “Ako’y interesado sa iisang lahi;” ang sabi niya, “iyon ay ang lahi ng sangkatauhan.”

21 Ang sabi ko “Diyan tayo magakakamayan.” Ang lahi ng sangkatauhan sa bawa’t isa, sa bawat krede o sa bawat kulay, at sa bawat taong naging dahilan ng pagkamatayni Cristo, iyan ang aking interes sa umagang ito. At ako’y nagsikap na lagi kong gawin g iyan ang aking interes.

22 Ngayon, nais kong bumasa…at pagkatapos asy…Hindi ko nais mangaral dahil baka tumagal ito ng hindi bababa sa--- ang pakasang nais kong isaysay, ay marahil tatagal ng apat o limang oras; kaya pagkatapos ng mga dalawang oras ngayon, kung magkagayon tayo'y magtatapos at magsisikain, at pagkatapos ay babalik ng alas-dos, mga…pumarito kayo bago mag alas-dos dahil nais kong magsimula agad bago mag alas-dos. Pumarito kayo ng mga ala-una y media kung magagawa ninyo. Kung magkagayo'y makakalabas tayo sa oras para mamayang gabi.

23 Kailangan kong umalis ngayong hapon patungong Tifton, Georgia kung saan ako'y magdadaos ng gawain bukas ng gabi sa auditorium ng mataas na paaralan, doon--- isa lamang gawaing pangangaral. At pagkatapos mula roon, hindi ko alam. Basta kung saan Siya manguna mula roon. Maraming lugar--- Si Kapatid na Arganbright kasama ng iba pa ay tumawag mula sa ibang bansa upang magapasimula kaagad doon, sa buong Kanluran, hanggang sa Canada, sa buong mundo. Nguni't ako'y…malalaman ninyo…may paniniwala akong mas higit n'yong malalaman pag natapos ako, kung tutulungan ako ng Diyos na maibigay ko ito sa inyo sa paraang ito'y ibinigay sa akin; at pagakatapos ng gawain, ay mauunawaan ninyo, ako'y umaasa.

24 At kung magkagayon, kung may ano mang katanungan na hindi ninyo maunawaan, hinihiling kong dalhin ninyo ang inyong aklat, at kayong may mga tape recorder ay maaaring makakuha ng teyp, at ilagay iyon sa inyong mga tahanan, at maupong may pusong bukas--- basta't bukas lang ang puso. Ilatag mo lang ito at sabihin, "Panginoon, ako'y nakapagpapahinga na ngayon; at ako'y makikinig"; at kung may anuman kayong masasapo, patayin n'yo ang recorder at humayo kayo't kunin ang Kasulatan. At ang Biblia ang nagsabi, si Jesus ang nagsabi, "Ang mga ito ang magpapatotoo tungkol sa Akin." Kita n'yo? Tunghayan natin ang Kasulatan at tingnan kung lahat ng ito'y wasto.

25 Ngayon, nais kong buksan…(Ipagpatawad mo. Ah, ito. Tinuturo niya sa akin ang iba't-ibang mikroponong dapat gamitin. May isang bungkos nito rito ngayong umaga, hindi ko tuloy alam kung ano ang pagaganahin.) Ngayon, tayo'y tumungo sa iskriptural…Magsisismula ako sa Genesis, at magtatapos ako ngayong gabi sa Apocalipsis. Ako'y sumasampalataya sa Salita. Sa Genesis, simula sa unang kabanata, nais kong basahin ang isang bahagi ng Salita. At ngayon, kung mayroong nais na may kumuha ng…kunin ang inyong mga lapis at papel at iba pa dahil napakarami kong Mga Kasulatan. Nais kong basahin lagi sa bawat pagakakataon ang mga kasulatang ito.

Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa. At ang lupa ay walang anyo at walang laman; at ang kadiliman ay

saro ni David ay aapaw, ano dapat ang mangyari sa mga saro natin? Wala pa noon ang Espiritu. Amen. Hindi ba't nakamamangha Siya? Mahal mo ba Siya?

Hindi ba't tunay na Siya'y kamangha-mangha?

Nakamamanghang tunay si Jesus.

Nakita't narinig ang tala ng Biblia;

Nakamamanghang tunay si Jesus!

259 Hindi ba? Ilan ba ang umiibig sa Kaniya? Ilan ba ang umiibig sa Kaniya? O, kamangha-mangha Siya. Ngayon magaspang ito, mga kaibigan. Napakagaspang nito. Hindi ko sinasadyang magkagayon, sa aking sarili. Nawa'y nauunawaan n'yo iyan, kita n'yo? Ngunit ngayon ay ibinibigay ko ang pagpapahayag kung bakit ginawa ko ang mga bagay na nagawa ko.

260 Ngayon bilang isa lamang munting analisis bago tayo magwakas para sa tanghalian ay ito: Nais kong malaman n'yo na ako'y…ito ang noon pa'y motibo ko't layunin, ay ang Salita ng Diyos. Ang motibo ko ay ang lugurin Siya. At hindi maaring makinig sa lahat ng bagay at sampalatayanan ang Salita ng Diyos; hindi ko rin magagawang pakinggan ang lahat ng bagay habang nilulugod ang Diyos. Ang motibo ay ang alamin ang Kaniyang Salita at ang lugurin ang Diyos sa pamamagitan ng paglilingkod sa Kaniya sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Hindi sa ako'y mayroong anumang laban sa… Ngayon bawa't taong naririto na isinilang ng Espiritu ng Diyos na kabilang sa lupon ng Hinirang ay marahil dating isang Metodista, Baptist, Presbetyrian, Pentecostal, o ganito at gayon saan man. Ngayon, alam n'yo 'yan. Alam n'yo 'yan. Kaya kung gayon ay makikita n'yo na kapag sinabi ninyong, "Labasin ninyo sila," iyan ang dapat ninyong gawin. Mayroong isa roon kung ihahasik ninyo ang binhi; magkakaroon ng anihan balang araw. Ito'y mahuhulog… Ang ilan sa kanila ay daraan at magsasabi, "Ah, anupa't siya'y-isang …siya'y isang manlilinlang." Hindi ba't gayon din ang sinabi nila tungkol sa ating Panginoon? "Walang kabuluhan iyan." Buweno, kung gayon, bakit hindi mo ako tanungin? "Siya'y walang dili't iba kundi isang manlilinlang." Kung gayo'y suriin mo ito sa Salita. Tingnan, kung hindi ito ang Salita, kung gayon mapanlinlang nga ito, kita n'yo. Ngayon, kung ang teolohiya mo ay iba kaysa sa Salita, kung gayo'y hindi ito tama.

261 Ngayon, ang iba'y daraan at magsasabi, "Aba alam mo ba, sa palagay ko'y susubukin ko ito ng ilang panahon." Siya'y masasakal. Tama 'yan. Ngunit kung totoo kang mababasyo; magsasabing, "Panginoong Jesus , hindi na ako, kundi Ikaw na mula ngayon." Kung magkagayo'y mamumunga ito ng sandaang lupi. Sumasampalataya ka ba rito? Sinasampalatayanan ko rin ito.

David. Naaalala n'yo ba iyon? Ang Espiritu ng Diyos kay David. Si David, ang tinanggihang hari. Sa tuwina ang pinahiran ay tinatanggihan. Si David, ang tinanggihang hari, ay umakyat sa burol nang sarili niyang bayan…Ipangangaral ko ito sa kasunod na tatlong minuto. Nang dapat sana'y ang sariling bayan ni David ay, ang kauri niya mismo ang nag-alis sa kaniya sa trono, ang sarili niyang anak, at pinalayas siya sa kaniyang trono. Si David ay nanaog doon, at ang isa pa nga sa kanila ay lumabas doong nilulluraan siya---ang pinahirang haring iyon. Ang maliit na taong ito ay dumating doon, pipilay-pilay sa kaniyang doktrina (ang sabi sa Biblia ay pilay siya, alam n'yo), at naparoon siyang nilulluraan ang haring iyon. Masdan si Cristo. Nilulluraan siya! Ang mensaherong iyon sa tabi niya, isang anghel na kumakatawan sa kaniya, bumunot ng tabak at nagsabing, "Hahayaan ko bang manatili ang ulo ng asong…lumura sa aking hari?" Ang sabi ng anghel na iyon, "Papaslangin ko siya!"

256 Ang sabi ni David, "Pigilin mo ang iyong tabak. Kailangan kong gawin ito." Umahon siya sa tuktok ng burol ng Jerusalem, tuminging pabalik (isang tinanggihang hari) at siya'y nanangis. Walong daang taon mula noon ang anak ni David, ang Espiritung na kay David sa isang sukat, ay tumayo sa burol ding iyon, isang tinanggihang hari, nilulluruan at pinagtatawanan. Tama ba 'yon? Naguguni-guni kong sinabi ng Diyos, ang anghel na iyon ay naglalakad doong kasama Niya nang Siya'y umahon sa Kalbaryong gano'n: "Dapat bang manatili ang ulo ng asong ito sa kaniya?"

"Hayaan mo siya." Ay naku, may panahong darating.

257 Ngunit paano naman si David kapag siya'y nagbalik? Ang kuwento'y nabago. Si David ay dumating sakay ng kabayo't matagumpay. Ang lalaking ito'y nagtatakbo't pasigaw na nanghihingi ng tawad. Siyanga, hayaan mo siya. Siya'y darating balang araw na may kapangyarihan. Kung magkagayo'y mababaligtad ang pagtawa. Iya'y tama, hayaan mo lang sila.

258 Nguni't ang sabi ng Diyos, "David, ikaw ay isang taong ayon sa Aking puso." Kapag lumikha ang Diyos ng tao, siya'y kauri Niya. Ang sabi ni David, "Ang Salita Mo'y iniingatan ko sa puso ko upang huwag akong magkasala laban sa Iyo." Ang tanging kailangan niya ay ang ulan. Naging mabuti sana ang kalagayan ni David kung mayroon sanang ulan, ngunit hindi panaipagkakaloob noon ang Espiritu Santo. Taglay niya ang Salita at ang Salita ay nasa kaniya, at magagawa niya Itong alamin; ang sabi niya, "Iniingatan ko Ito sa aking puso, Panginoon. Hindi ito mamumukadkad at makakikilos ng marapat ngunit iningatan ko Ito roon, Panginoon. Iningatan ko Ito roon." Ngunit nang si Jesus ay naparito na siyang Salitang naipamalas, kinuha ang binhi ng buhay mula rito at sinauli sa Salita, ngayon. At kung ang

sumsa ibabaw ng kalaliman; at ang Espiritu ng Diyos ay sumsa ibabaw ng tubig.

At sinabi ng Dios Magkaroon ng liwanag; nagakaroon ng liwanag.

At nakita ng Dios ang liwanag na mabuti, at inihiwalay ng Dios ang liwanag sa kadiliman.

At tinawag ng Dios ang liwanag na Araw, at tinawag niya ang kadiliman na gabi. Aat nagkahapon at nagakaumaga ang unang araw.

At sinabi ng Dios, Magkaroon ng isang kalawakan sa gitna ng tubig, at mahiwalay ang tubig sa kapuwa tubig.

At ginawa ng Dios ang kalawakan, at inihiwalay ang tubig na nasa ilalalim ng kalawakan, sa tubig na nasa itaas ng kalawa-kan: at nagkagayon.

At tinawag ng Dios ang kalawakan na Langit. At nagkahapon at nagakaumaga ang ikalwang araw.

At sinabi ng Dios, Mapisan ang tubig na nasa silong ng la-ngitsa isang dako, at lumitawang katuyan at nagakagayon.

At tinawag ng Dios ang katuyuan na Lupa, at ang kapisanan ng tubig ay tinawag na mga dagat: at nakita ng Dios na mabuti.

At sinabi ng Dios, Sibulan ang lupa ng damo, pananim na nagkabinhi, at punung kahoy na namumunga ayon sa kaniyang pagakakahoy, na taglay ang kanyang binhi sa ibabaw ng lupa, at nagkagayon.

26 Ngayon, nais kong magsimula sa umagang ito sa aking teksto upang gamitin ito: "*Ang Binigkas na Salita ay ang Orihinal na Binhi*." (The Spoken Word is the Original Seed). Ngayon diyan ko nais ilatag ang teksto--- "Ang Binigkas na Salita ay ang Orihinal na Binhi." Ngayon kung inyong papansinin, ang sabi ng Diyos, "Mamunga nawa ito ng…ayon sa kaniyang uri." Anuman iyon, dapat magbunga ng kauri nito.

27 Ngayon, ang Salitang ito ng Diyos ay walang hanggan. Ang Diyos, dahil Siya'y impinit, ay hindi makapagsasalita ng isang bagay at pagakatapos maya-maya ay papalitan Niya naman ito ng ibang bagay, ng isang higit na mabuting pasiya, dahil bawa't kapsaiyahan ng Diyos ay sakdal. Hindi Niya maaaring…sa sandaling ang Kaniyang salita ay mabigkas, hindi ito papanaw kalian man. Ito'y patuloy na mabubuhay, patuloy, patuloy, patuloy, at hindi papanaw tulad din naman Niya na hind pumapanaw. Iyan ang dahilan kung bakit mababasa natin sa I Juan…o sa Juan, unag kabanata, na "Sa pasimula ay

ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos" "At ang Salita ay nagkakatawang tao…" Ang dati ring salita na nabigkas sa pasimula na taglay ang Walang Hanggang hangarin ay naparito at nagkatawang tao at nanahang kasama natin--- ang Salita ng Diyos.

28 Ilang taon na ang nakakalipas ay narinig ko na may isang babae (ngayon maaring hindi ito totoong nangyari) na di sinasadyang nadilaan ang *radium* habang hinahalo niya ito upang maikabit ang kamay ng mukha ng mga orasan at relo--- ikinamatay ito ng babae. At pagakalipas ng ilang taon, dahil iniingatan nila ang kanyang bungo para sa isang autopsiya, ang sabi nila'y kapag daw idinaiti mo ang instrumento sa buto ng bungo, ay mariririnig mo pa rin ang ugong ng radium na patuloy na nananatili sa bungo kahit pa nga ilang taon na ang lumipas mula nang mamatay siya. Ang *radium* ay walang patid na nagpapatuloy.

29 Ang Salita ng Diyos ay walang patid na nagpapatuloy. May nakapagsabi a akin na kung magagawa nating kumuha ng isang instrumento na makaksagap nito, na ang tinig ng isang tao, ang tinig ko na nagsasalita ngayon, pagkaraan ng sampung libong taon mula ngayon ay maari pa ring masagap sa himpapawid.tulad ito ng paghuhulog ng maliit na bato sa gitna ng isang lawa. At ang mumunting mga alon matapos na hindi na makita ang mga ito ng mga mata, ay nagpapatuloy hanggang sa umabot ito sa pampang. At ang along-himpapawid ng ating mga tinig ay patuloy na naglalakbay ng paikut-ikot sa mundo; kung magkagayon, ang tinig na ating sinasalita ang maggiging kahatulan natin. Ang patotoo natin at tatayo laban sa atin. Ang sarili nating mga tinig ang babalik sa ating mga sariling taingasa hukuman ng Diyos kung kalian ang Kaniyang dakilang instrumento ay makasasagap ng bawat tinig na naisalita bawat--- salitang naiusal.

30 At ngayon iisang paraan lamang ang makapagpapatigil ng maling tinig na iyon; iyon ang pagsisi. Tanging ang Diyos lamang ang makapagpipigil nito. Kung hindi, ito ay magpapatuloy at magkikita kayo rito sa Walang Hanggan. Kaya nga, ang Diyos palibhasa'y sakdal at ang kaniyang tinig ay Walang Hanggan, ang sarili niyang tinig ay hahabol dito. Kaya nga kailangang maging Sakdal Siya sa bawa't pagpapapsiya. Dahil kapagsinalita Niyang minsan ang isang bagay, kailangan itong magtuluy-tuloy hanggang sa dulo at magbalik sa paghuhukom.

31 Ngayon, kung kayo'y magiging totoong maunawain, o kung magsisikap kayong maging ganito, makikita n'yo kung bakit ngawa kong lagging manindigan para sa Salita ng Diyos ng katulad ng naging paninindigan ko; dahil lahat ng iba pang mga bagayay mapapahamak, ang Diyos ay Walang Hanggan at ang Salita Niya ay Walang hanggan. Ngayon, habang kayo'y nag-

251 Oo, sa Kaniyang Sariling larawan ng Kaniyang uri upang maging…maging hayag na Salita Niya sa ibabaw ng lupa. Ngayon si Jesus ang naipahayag na Salita ng Diyos. Sinasampalatayanan n'yo ba 'yon? Kung gayo'y ano ba dapat ang kalabasan natin?---mga anak na lalaki rin ng Diyos taglay ang naipahayag na Salita sa Iglesia, nangagsipagpapatuloy (iyan ang mistikal na Katawan ni Cristo), ipinagpapatuloy ang katulad na mga gawa na ginawa ni Jesus nang narito Siya sa lupa. Kita n'yo? Iyan ang uri ayon sa Kaniyang sarili.

252 Ngayon ay maaaring magkaroon ka ng maka-Lutherang uri ayon sa Lutheran; ng uring Metodista ayon sa Metodista; ng uring Catolico ayon sa Catolico; ng uring Pentecostal ayon sa uri nito; ang Oneness ayon dito; ang Trinidad ayon dito, nguni't kung ika'y uri ng Diyos, iba 'yon. Kita n'yo, ikaw ang naipahayag na larawan ng Salita, na nagpapamalas ng Kaniyang Sarili. Ay naku. Aba, kailangang mangyari ito. Kung papatak dito ang tubig, kailangang mangyari ito.

253 Pagkatapos…pagkatapos ay bigyan mo ito ng isang pagsilang, isang tipo at siya…matapos…nilalang ng Diyos ang tao sa Kaniyang Sariling larawan. Talagang sa palagay ko'y wala na akong oras para sa kasunod na pagpapahayag na ito; napakaganda nito, nguni't ayaw kong…Lahat ng Salita ng Diyos ay maganda, kita n'yo. At tingnan n'yo ito, kung nasaan na dapat ako pagsapit ng hapunan, ako'y mg gano'n pa kalayo mula rito, kita n'yo. Mga ikaanim na bahagi pa lamang nito. Humph! Mabuti, maari ko bang…Iwan na lang natin ito rito. Ano'ng masasabi n'yo? Pagkatapos tayo'y…Ilan ba ang makababalik mamayang hapon? Itaas n'yo ang kamay n'yo. Mabuti. Ayaw ko kayong pagtagalin ng napakahabang panahon. Ngayon akin lamang…ayaw ko kayong pagurin. Ngayon, kayong mga kalalakihang nangangasiwa sa teyp, hayaan n'yo lang na

Umiikot ang mga teyp ng isang sandali lamang, at puputulin ko na rin ito sa loob lamang ng isang sandali. Mabuti po.

254 Ngayon, tayo…ang panghuling kaisapan natin dito ay ang nilikha ng Diyos ang tao ayon sa Kaniyang uri. Nilikha ng Diyos ang tao ayon sa Kaniyang uri. Nakukuha n'yo ba? Isang tao ayon sa Kaniyang uri. Buweno, ano'ng uri ba siya ng tao? Kung titingin kayong pabalik upang Makita kung ano Siya nang Siya'y maging laman, iyon ang uri ng taong kaniyang nililikha. Tama ba 'yan? Isang tao ayon sa Kaniyang uri. Amen. Tama 'yan, hindi ba? Iyan ang Kaniyang uri ng tao.

255 Sinabi Niya sa ibang pagkakataon, minsan sa isang tao: "Ika'y ayon sa Aking Sariling puso." Isang lalaking ayon sa Kaniyang Sariling puso---si

panahon ng kapighatian; ikaw ay tutungo sa isang pag-agaw isa sa mga araw na ito. Tiyak na tiyak. Ano ang ating…bakit kailangang hatulan kayo? Siya ang tumayo para sa aking kapighatian---Si Jesus Cristo. Doon naganap ang kapighatian ko, doon mismo, siya nga. Tinanggap ko Siya, at malayang--- "Kapag nakita Ko ang dugo, lalampasan Ko kayo. " Iya'y tama. Si Moises ay ligtas…ligtas na iningatang kasama ng Israel habang ang kapighatian ay dumaratal. Tama 'yan.

249 Tama, bawa't binhi ay dapat dumating ayon sa uri nito. Ginawa ng Diyos ang tao sa Kaniyang wangis ayon sa Kaniyang uri upang maging Salita Niya sa ibabaw ng lupa. Ipinahayag Niya ito kay Jesus Cristo. Ano iyon?--- Ang Diyos ay na kay Cristo. Iyon ay isang tao na ayon sa Kaniyang uri, kita n'yo? Kapag ang Diyos, na siyang Salita…Ilan ba ang nakababatid na Siya ang Salita? Nang ang Salita ay na kay Cristo, isang tao, taong lalaki, nagpapahayag ng Kaniyang Sarili sa pamamagitan Niya; iyon ay Diyos, ang Salita, na kay Cristo ipinapahayag ang Sarili Nito; at ang Diyos nang pasimula ay nilikha Niya ang tao ayon sa Kaniyang Sariling wangis, at iyon ang uri ng taong nililikha ng Diyos sa araw na ito. Ang seminaryo at ang papisaang inkyubeytor ay naglalabas ng bungkos ng mga halong-lahi. Kita n'yo, ang mga paaralan. Datapuwa't kapag ang Diyos ay tumawag sa tao, siya'y nasa Kaniyang Sariling larawan---ang Salita ay binuhay sa katauhan niya. Tama 'yan. Hayan siya: Iyan ang tao ng Diyos. Taong nasa Kaniyang Sariling larawan, nasa Kaniyang pinaka-wangis. At sinabi ni Jesus, gagawin niya ang mga gawang Aking ginagawa. Kaya ginawa ng Diyos ang tao sa Kaniyang Sariling larawan ayon sa Kaniyang uri.

250 Ang Kaniyang uri---ano ang Kaniyang uri?---ang Salita. Siya ang Salita. Kung magkagayon kapag itinanggi ng isang tao ang Salita ng Diyos, paano ba siyang magiging kawangis Niya? Itanong mo lang ang tanong na ito. Tanungin mo ang iyong sarili. Paanong mangyayaring siya'y nasa larawan ng Diyos samantalang itinatanggi niya ang Salita ng Diyos, samantalang ang Salita'y ang naipahayag na larawan ng Sarili Niya? "O," ang sabi niya, "hindi gayon ang kahulugan niyon." Ang naipahayag na larawan ng Diyos. Nagsasabing, "Oh, sinabi ko iyon pero hindi naman talaga gano'n ang nais kong ipakahulugan. Mali ako roon. Umaatras na ako. Iyon ay para sa ibang panahon. Hindi gayon ang pakahulugan ko." O habag, basura, dumi ito ng Diablo na ipinakain kay Eva. Magkagayon man, huwag n'yong hayaang itutok niya ito sa leeg ng mga Hinirang. Huwag po. Hindi nila paniniwalaan iyon. "Basta pumarito ka't sumapi sa aming samahan." Huwag sasapi sa anuman, kailangan mong maisilang; hindi sumapi! Isang bagong nilalang.

aaral, at sisiskapin kong mangusap nang pinakamahabang magagawa ko upang makuha ninyo ang mga Salita; at ginagawa ko ito para rin sa mga *teyp*--- upang malaman ninyo na ang Biblia ay Salita ng Diyos!

32 Ngayon alam nating tayo'y darating sasa isang paghatol, na ang Tinig ng Diyos ay hahabol sa atin kung saan dahil ito'y naibigay upang marinig ng bawa't mortal. May pananagutan ang mga ministro upang kunin ito, at kung ang tinig na ito ng Diyos ay hahabol sa bawa't tao, kung magkagayo'y…kailangan n'yongmarinig ito kung hindi man dito sa malaking hukuman. Kaya't kung taglay ng iglesia ang Tinig ng Diyoskung magkagayo'y dapat mong pakinggan ang tinig ng iglesia tulad ng sinasabi sa atin ng ating mga kababayang Catolico. At kung sila, sa kanilang sarili ay litung-lito na dahil sa pagkakaiba-iba ng kanilang mga aral, (Ang Romano, ang Griego, at ang iba pang uri) kung magkagayo'y walang anumang dakong maaaring pagkaroonan ng pananampalataya dahil alin ba sa kanila ang iglesia?

33 Ang Romano ba ang tama o ang Griego ba ang tama, o ang iba pang mga iglesia ba ang tama? Ang mga Lutheran ba ang tama? Ang mga Baptist ba ang tama? o sino ba ang tama samantalang npakarami nilang pinagkakaibahan? Ang isa ay sinlayo ng silangan sa kanluran ang agwat sa isa't-isa, subalit a aking palagay ang Tinig ng Diyos ang hukom. Kaya't ang Tinig ng Diyos, napakasakdal nito, kailangan mong manggaling sa sakdal na pinagmulan at kung ang mga tao ay ihinahatid ito sa isang paraan atsa iba pang paraan kasama ng pagkakaiba-iba ng kanilang denominasyon, kung magkagayo'y walang paraan upang tiyakang maitatag natin ang ating pananampalataya batay sa sinasabi nila.

34 Umaasa akong iyon ay malinaw, kita n'yo, dahil kung sasabihin ng isa na ganito ito…ang isa nama'y nagsasabing dapata ay sumali ka sa iglesiang ito: "Tanging ang iglesiang ito lamang ang may kaligtasan" iyan ang pangungusap ng mga Catolico. Ang mga Lutheran ay nagsidating din at nagsabing sila ang daan. Heto naman ang mga Metodista na iba naman ang dala, ang mga Baptist ay mayroon ding ibang dala, ang mga Pentecost ay mayroon ding ibang dala; at tila baga napakaraming natitipong kalituhan. Pagkatapos, kapag dinal mo ang nasulat na Salitang ito sa ating mga kapatid, marami sa kanila ang nagsasabi, "Buweno, ang mga araw na iyan ay hindi para ngayon." Ang sabi naman ng isa, "Iyan ay isa lamang kasaysayan." Amg isa naman ay nagsasabi, "Ito ay isang aklat ng mga tula." Ang iba nama'ynagsasabi, "Ang iglesia ay may karapatang baguhin ito." Kung gayon ay saan tayo tatayo? Nasaan ang dakong pahingahan para sa pananampalataya?

35 Kapag ang Diyos, dahil Siya'y Walang Hanggan…Ako'y naniniwalang kung dapat man tayong hatulan (at noon pa'y ganito na ang

paniniwala ko)…na kung mayroon mang dapat pagbantayan ng paghatol sa atin, dapat iyon ay ang Salita ng Diyos nagbigay ng atas; at kung tayo'y hahatulan batay sa Salitang Iyon, kung magkagayon, ang Diyos ay hindi magiging makatarungang Diyos na naglalagay ng ganitong uri ng kalituhan sa lupa, at ang kawawang isip ng tao ay labis nang naguluminahanan, hindi na tuloy nito malaman kung ano ang gagawin; at ang Isa ay sasapi rito sa isang ito pagkatapos ay sasapi naman sa isang iyon. Ang kawawang nilalang na sa isip niya'y nagsisikap siyang masumpungan ang tamang lugar. Siya'y makikinig sa denominasyong ito, pagkatapos ay makikinig naman siya sa iba pang denominasyon, at ang isang ito'y tila ba mas maigi kaysa sa isang iyon; siya'y paroroon at bago pa niya mamalayan, ay nagbalik na naman siya sa unang sinamahan niya. Talagang hindi niya malaman ang gagawin. Datapuwa't kung mayroon mang pagbabatayan ang Diyos upang hatulan ang sanlibutan, iyon ay ang Kaniyang Salita. Pinaniniwalaan ko 'yan.

36 At ngayon, mga kapatid o--- ~~ng~~ayon 'pag--- ~~nag~~salita ako ng ganiyan, ang tinutukoy ko'y hindi lamang ang maliit na kalipunang naririto sa umagang ito, kundi ang tinutukoy ko'y sa mga dakong dadatnan ng mga *teyp* na ito sa buong mundo--- ang hiling ko'y pagtiisan n'yo ako ng ilang panahon at isipin n'yo iyan, na dapat ay may isang dakong dapat tunguhan para sa isang paghatol. Pagkatapos ay sasabihin ng ilan sa kanila, "Ang King James Version" o kung ano pang version, at ngayon, may ginagawa silang Standard Version o kung ano pa man ang tawag nila dito.

37 Ako'y naniniwala na kung ang Diyos ay isang sobereynong Diyos (at gayon nga Siya), yaong isang Walang Hanggan, kailangan Niya itong tiyakin; Siya ang bahala rito. Kung nais kong pumunta sa langit sa Kaniyang pook, Siya na ang bahalang magkaloob sa akin ng isang dako kung saan ay malalaman ko kung ano ang dapat gawin---isang dako kung saan ay maihahawak mo ang iyong kamay at masasabing, "Ito na nga iyon." Sumasang-ayon ba kayo roon? Kailangang mayroon…Siya ang bahala. Magiging hindi Siya makaytarungan.

38 Kung sinasabi ko, "Panginoon, ako'y isang Lutheran," at ang isa nama'y nagsabi, "Buweno, ako'y isang Catolico," buweno, hayun ang dalawang nagpo-protesta sa isa't isa. Ngayon, ano ang gagawin ng kawawang tao? O kaya'y, paa~~no~~ kung ang Simbahang Catolico ay tama?--- kung gayon, lahat ng mga Lutheran ay ligaw. Paano naman kung ang mga Lutheran ang tama?--- lahat ng Catolico ay ligaw.

39 Kita n'yo, dapat may isang dako kung saan ang pananampalatayang iyon ay maaring magpahinga. At para sa akin--- hindi ko alam kung ano ang pakiramdam ninyo tungkol dito, ngunit para sa akin, ang Biblia ay ang hindi

Naroroon ang mga lalaking nakagagawa ng lahat ng bagay sa hanay ng himala na…datapuwa't naroroon ang dalawang pinahirang propetang nakatayo roon, o ang isang propeta at ang kaniyang katiwang. Naroroon ang pinahirang propeta na ang ngalan ay Moises, nakatayo roon taglay ang ITO ANG SABI NG PANGINOON. At sa huli, ang lahat ay naipamalas---bago maganap ang pagliligtas. Tama ba 'yon? Ang mga tinaguriang mangagawa ng himala ay nangamatay kaagad.

246 Ngayon, ang sinisikap nilang gawin, ay ang gumagawa-gawa ng panghuling ulan. Walang kabuluhan! Aba, lalaganap ang panghuling ulan, kapatid. Bumuhos na ang dating ulan na naghasik ng Salita. Tama. ngayon ay makikita ninyo kung ano ang ibubunga ng panghuling ulan. Matutuklasan ninyong magkaroon ng pagsasanib. Ang mga Pentecostal at ang lahat ng mga lupon ay magsasama-sama, at ipipinid nila ang pinto sa mga lalaking iyon na hindi nakikinig dito, at ni hindi kayo pahihintulutang magbuka man lang ng inyong bibig. Tama! Doon na Siya darating. Doon na Siya magpapakita. Doon na kayo makakakita ng ulan. Ay naku, pumirmi kayo; manahimik; pawalan n'yo ito.

247 O, datapuwa't ang Salita ay nasa pinahirang propetang iyon dahil ang Salita ng Panginoon ay dumating sa propeta. Ngayon, hindi binabago ng Diyos ang Kaniyang paraan. Hindi, hindi. Kailan man ay hindi Niya binago ang Kaniyang paraan. Ngayon, ano nga ba 'yon? Tatlong mali ang nakatayo roon. Naroroon sina Jannes at Jambres na gumagawa ng mga himala, tulad ng nagtungo sa Sodoma, gumawa ng isang munting himala---binulag ang mga tao, kita n'yo. Naroroo't nakatayo si Abraham, yaong pinahiran, kasama ang Diyos at ang kaniyang katuwang. Si Sara. Tama ba 'yon? Narito't nakatayo si Jannes at si Jambres gumagawa ng mga himala---anumang magagawa ni Moises sa tanda ng mga himala, mga tanda---at naroo't nakatayo ang pinahirang Salita, ang propeta, kasama ang kaniyang katuwang---ang kaniyang katulong. , sana'y maari na akong mangaral tungkol dooon ngayon, nang mga dalawang oras lang.

248 Tama. Sa Genesis 1, tandaan, bawa't binhi ayon sa kaniyang uri. Dapat ay magkagayong lagi magpakailan man. Naroon ang lahat ng mga pagtitipong iyon. Ang isang taong magsasabi, at makapaniniwala, na ang iglesia ay daraan sa isang panahon ng kapighatian , iniisip ko kung saan kayo makakukuha ng binhi para riyan? Samantalang maging… "Aba," sasabihin mo, "naniniwala akong ang sabi *nito* ay daranas sila…" Tama 'yan. Napansin n'yo ba noong araw kung saan pumatak ang ulan sa panahong iyon? Nasa daong na si Noe bago pa dumating ang kahatulan. Sa Sodoma---nasa labas na ng Sodoma si Lot bago pa ito mangyari. Tiyak, hindi tayo daraan sa anumang

242 Tingnan, kanilang…Ang Biblia ang nagsabi, si Jesus ay nagsabing magiging magkahawig na magkahawig sila na maging ang pinak-Hirang ay madadaya kung maari lang; datapuwa't ito'y hindi maari. Ang Binhing iyon ay mahuhulog doon dahil iyon ay nakatalagang mahulog doon. Ang mga Binhi ay naihasik na. Ang mga denominasyon ay naipunla na; ang Salita ay naipunla na, kita n'yo. At sina Jannes at Jambres, sila'y…ang mga taong iyon…Ang Biblia ay nagsabi na ang mga diablong ito ay magsisilitaw sa huling mga araw at dadaayin nila ang mga tao sa pamamagitan ng mga himala at mga tandang ito na nagagawa nilang ipamalas. Paano n'yo malalaman ang kaibahan?---ang Salita!

243 Maging ang Lumang Tipan ay nagsabi, "Kung hindi sila mangusap ayon sa mga kautusan at mga propeta, ay walang buhay sa kanila"---kung itatanggi nila ang isa mang bagay. Kung gayo'y ipakita mo sa akin ang kahit isang tao lang na binautismuhan at ang ginamit ay ang mga pamagat na Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo. Bakit n'yo ito ginagawa kung gayon?---isang kredo, halong-lahi, mga patay na anak, mga bastardong anak, makalawang namatay, nabunot ang pinakaugat. "At bawa't ugat na… bawat tanim na hindi itinanim ng Aking makalangit na Ama ay bubunutin…" "Kapuwa ang sangkalangitan at ang lupa ay lilipas, ngunit ang aking Salita ay hindi lilipas," ang sabi ni Jesus. Ngayon ay nakikita na ninyo kung bakit gayon ang naging paninidigan ko.

244 Ipakita mo sa akin ang isa mang dako, kung hindi talaga isang sumpa na gupitin ang isang babae ang buhok niya. Hayun ka. Pagkatapos ay makikipagtalo ka sa akin. Kung magkagayo'y ang mga tao ay magsasabi, "Si Kapatid na Branham ay isang propeta. Ay paniwalaan n'yo siya habang nakikipag-usap siya sa mga tao, isinasaysay ang kanilangmga kasalanan at mga bagay na katulas nito, datapuwa't kapag tumungo na siya sa pagtuturo, huwag na ninyon paniniwalaan iyon." Buweno, ikaw na kawawang mapagimbabaw. Wala kang nalalamang anuman! Hindi ba't sinasabi ng Bibli na ang Salita ng panginoon ay tumutungo sa mga propeta? Hindi ko tinatawag na propeta ang sarili ko, hindi ako propeta. Datapuawa't ikaw ang may sabi nito; sinasabi ko lang kung ano ang sinasabi mo. At pagkatapos ay babalikwas ka at magsasalita ng isang bagay na gaya no'n. Huwag mong sabihing hindi mo ito ginawa. Naiteyp ko pa nga ng sabihin mong hindi mo ito. Hindi mo alm 'yon, di ba? Gusto ko lang sabihin mong hindi mo ito ginawa minsan man lang; iyan lang ang nais kong sabihin mo. Hahayaan ko lang na ang iyong sariling tinig ang muling magsalita sa iyo.

245 Tulad nang pagsalansang ni Jannes at Jambres kay Moises---nagpamalas ng himala, subali't nasaan ang Salita, ang tunay na Salita?

nagkakamaling Salita ng Diyos. At ako'y sumasampalataya na nagawa ng Diyos na bantayan ang Kaniyang Salita upang walang isa mang bantas ang mawala sa puwesto.

40 Ang anak kong babae doon sa likuran, si Rebekah, ay nagsasabi, "Daddy sa eskuwela ay napatunayan naming na ang mundong ito ay milyun-milyong taon na ang tanda; kung gayon hindi ba ito salungat sa Biblia?"

"Hindi po," ang sabi ko, "hindi ito salungat."

41 "Kasi," ang sabi ko, "kung ang iba't-ibang pag-aaral ng mga bato at mga formation at mga stalactite at stalagmite at iba pa ay nagpapatunay na ito'y tumutulo na nang milyun-milyon taon, at sinabi ng Diyos na ginawa Niya ang kalangitan at ang lupa sa loob lamang ng isang dalawampu't apat na oras, hindi ba't ito'y pagpapamali…pagpapamali sa Biblia?"

42 Ang sabi ko, "Hindi." Kung inyong papansinin ang Diyos nang sabihin Niya kay Moises ang tungkol sa Biblia, ang sabi Niya, "*Sa pasimula ay nilalang ng Diyos ang langit at lupa.*"---tuldok! Kung gaano katagal ginawa ng Diyos, hindi na dapat natin pakialaman. Pagkatapos ay nagpatuloy Siya at nagpasimulang magpasibol ayon sa Kaniyang panahon ng mga binhi sa lupa. Ngunit sa pasimula maaaring iyon ay daan-daang bilyong trilyong mga taon, mga aeon ng mga panahon, datapuwa't nilikha ng Diyos ang mga langit at ang lupa, tuldok! Iyan ang sagot diyan. Iyon ang kauna-unahang bagay. Kita n'yo, hindi Siya nagkakamali. Si Pablo, ang dakilang mangangaral ang nagsabi…sinabi niya kay Timoteo na, "pagsikapan mong humarap na subok sa Diyos, nma gumagamit na mtuwid ng Salita ng Katotohanan." Pag-aralan Ito nang may pusong bukas, at iyan ang sinisikap kong gawin.

43 Ngayon, dahil taglay ko ang gayong pananampalataya sa Salita, kung magkagayon ay hindi Ko magagawang tumanggap ng kung anong pansariling pagpapaliwanag, dahil ang Biblia ang nagsasaad na ang Biblia ay hindi nagmula sa pansariling pagpapaliwanag. Ngayon kapapahayag pa lang ito ng Espiritu. Alam ko ang Kasulatan, lamang ngayon ay hindi ko matukoy kung saan talaga ito sa Kasulatan; datapuwa't kayo na nagsusulat nito, makikita n'yo ito; sa palagay ko'y nasa Pedro ito na ang Biblia ay hindi nagmula sa pansariling pagpapaliwanag.

44 Kaya nga, kung kinasihang manunulat ang nagsabi…at kung iyon ay mali, kung gayo'y gaano kaya karaming iba pang bahagi nito ang mali? Kung hindi itong tamang lahat ay mali itong lahat. Hindi ninyo maaring ibahin pa ito. Kaya kayo…"Buweno, tungkol sa iglesia…" Hindi, kung iglesia ang pupuntahan mo, alin bang iglesia ang tama? Aling iglesia ang tama? Kita n'yo, kailangan mo naming bumalik sa isang bagay na mapagpapahingahan ng

pananampalataya; at para sa akin, ito'y ang Salita ng Diyos dahil ako'y sumasampalataya na ang Bibliang ito ay ang palatuntunan ng Diyos para sa mga tao noon hanggang ngayon ay ganito na ito.

45 Sinabi ni Jesus na ang mga Kasulatan ay dapat matupad. Ibig sabihin ay, lahat ng nakasulat sa ma Kasulatan--- (ngayon, itanim ninyo ito sa inyong mga isipan dahil kayong nagsisikuha ng mga *teyp* ngayon, sa hulihan ng mga *tape* na ito makikita n'yo na muli kong babalikan ito) na lahat ng napakaloob sa Kasulatan ay dapat matupad. Ngayon, hayaan n'yong--- bumabad iyan ng isang sandali, mga mag-aaral. Kita n'yo. Lahat ng nasa Kasulatan ay kailangang matupad. At kung ang Diyos ay nagsalita ng anuman hayun ka na! kailangan itong matupad! Kung hindi, hindi iyon Salita ng Diyos. Kung magkagayon, nasaan na tayo? Kumuha tayo ng isang bagay na kahawig ng Diyos o kaya'y ng anumang bagay na nais nating gawin. At sinabi ng Biblia, "Kumain, uminom at magpakasaya dahil bukas ay mamatay tayo." Kita n'yo?

46 Ngayon, kung hindi iyan ang salita ng Diyos, kung gayo'y ligaw na tayong lahat; at kung ito ay Salita ng Diyos, ang Diyos ay walang pasubasling magpapatunay dito alang-alang sa Kaniyang dangal! Ang Diyos ng…na Siyang bukal ng lahat ng karangalan, na Siyang pasimula ng lahat ng pinagkukunan ng lahat ng katotohanan, ay kailangan manindigan sa kung ano ang sinabi Niya! At kung ito ay hindi ang Salita ng Diyos, kung gayo'y sino ang Diyos? Nasaan ang Diyos? O mayroon bang Diyos?

"Oh," sasabihin mo, "Kapatid na Branham nararamdaman ko ito." O, hiteno ay makapagsasabi rin sa iyo ng ganiyan tungkol sa kaniyang diyus-diyosan.

May nagagawa ang paglalakbay sa iyo, kapag nakita mo ito mismo.

"Kaya ako'y…naniniwala akong maaari akong tumingin at Makita ito."

Siyanga.

"Ako'y naniniwala na kung ako'y…Ako'y sumasampalataya dahil ako'y nabago tulad nito, dahil…"

47 Ganiyan din ang ginagawa ko, ngunit alalahanin, ang mga hiteno ay ganiyan din ang ginagawa. Kung bakit ang moralidad ng Africa ay makapagpapakita na…ang ilan sa mga tribong iyon ay makagagawang ang mga Amerikanong ito na itinataguriang Cristiano ang kanilang sarili ay mahiya sa kanilang sarili--- ang moralidad at kalinisan sa kalagitnaan ng mga taoung sumasamba sa mg a hitenong diyus-diyosan. Kaya't marahil ay Diyos iyon. Nakikita n'yo ba kung ano ang nais kong sabihin? Kung titingnan n'yo, kung titigan mo sa mukha ang bagay na ito, may isang bilog ditto na kailangan

sulitin n'yo itong sa Salita! Kita n'yo, si Jannes at Jambres man ay gumawa rin ng mga himala. Tama 'yan, hindi ba? Opo,---sina Jannes at Jambres. Nang si Moises ay pumaroon sa Egipto, lahat ng ginawa ni Moises na tanda, sina Jannes at Jambres, ang dalawang manggagway na iyon, nagawa nilang magpalitaw ng katulad na bagay---dalawang demonyo. Sasabihin ni Moises, "Mga pulgas!"

Sasabihin din nila, "Mga pulgas!"

Ang sabi ni Moises, "Isang tungkod sa lupa!"

Ang sabi rin nila, "Isang tungkod sa lupa!"

"Isang serpente!"

"Isang serpente!"

239 Iya'y tama! nakagawa sila ng mga himala. Ang Biblia ang nagsabi na sa huling mga araw ay magsisilitaw ang mga diablong nagsisisgawa ng mga himala at dadayain ang mga tao. Napakatigas nito, kapatid, datapuwa't dapat mong malaman ang Katotohanan.

Ang sabi ni Jesus, "Marami ang magsisilapit sa Akin sa araw na iyon at magsasabi, 'Panginoon, Panginoon, hindi ba't ginawa ko ang ganito at gayon at ginawa koa ang gayon, at ang ib apa, sa Iyong pangalan?"

240 Sasabihin Niya, "Magsilayo kayo sa akin, kayong manggagawa ng Katampalasanan?---isang bagay na alam mo nang mali, at ginagawa mo pa rin; at alam mong ang Salita ng Diyos ay tama! Bakit ka umaktong mapag-imbabaw?---dahil sa iyong organisasyon at namumulot ka lang ng kaunti rito at ayaw mong tanggapin ang lahat ng iba pa. "Ikaw na manggagawa ng katampalasanan," ang sabi Niya, "Magsilayo kayo sa Akin; hindi Ko kayo nakilala kalian man." Ngayon, iya'y…kung hindi dito ay sa kabilang buhay ka lulusong sa impiyerno kaya't…

241 Ngayon, tandaan, iyan ay totoo; iyan ang sinabi ni Jesus. Sina Jannes at Jambres ay nagsilaban kay Moises; tandaan at ang sabi ng Biblia, "Kung paano nilang nilabanan si Moises, sa huling mga araw ay muli silang magsisilitaw---ang mga espiritung iyon---muli." Ano?---bago maoalaya ang bayan. Aleluia! Ang oras ng nagpapalaya ay narito na! Sinabi ni Jesus doon sa Mateo 24 na dadayain nila ang pinakahirang kung maaari lang. Tanging ang Hinirang ang makasasapo nito,---isa lamang dito at doon---tanging ang Hinirang kung maari. "Kung paanong sina Jannes at Jambres ay lumaban kay Moises, ay gayon din ang mga kalalakihang ito na mahalay ang pag-iisip tungkol sa Salita"---tungkol sa Katotohanan, at ang Salita ang Katotohanan. Tama ba 'yan? Ngayon, hindi ito gatas, mga kaibigan.

Ang sabi niya, “Kay Juan---ang dakilang lalaking nagbautismo kay Jesus.”

234 Sinabi ni Pablo, “Hindi na iyan gagana ngayon.” Dahil si Juan ay hindi nagbautismo, patungo lang iyon sa pagsisisi, hindi para sa pagsasalin ng mga kasalanan; ang hain ay hindi pa naihahandog noon. At nang marinig nila ito, sila’y muling nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo.

Paano kung sinabi ni Moises na…kung sinabi ng Diyos, “Hubarin mo ang iyong pangyapak, Moises?”

235 Ang sabi niya, “Alam Mo kasi, medyo mahigpit ang pagkakatali ko nito kaninang umaga, Panginoon. Magpapakita ako ng paggalang; huhubarin ko ang aking sumbrero.” Hindi iyon maari. Hindi Niya sinabing sombrero; Ang sabi Niya’y ang panyapak! At ang demonyong iyon ang sumubok na paputiin ito sa hugas tulad ng ginawa niya kay inang Eva. Bawa’t Salita, Katotohanan tulad ng kung paano itong nasulat doon. Ganiyan ko ito sinasampalatayanan.

236 Ngayon, maari kang magpatuloy; sasabihin mo, “Puwes, taglay naming ang katotohanan.” Puwes, kung gayo’y magpatuloy ka. Iya’y mabuti. Kung ganiyan ka kabulag, magpatuloy kang sumusuray sa dilim. Ang Salitang ito ang hahatol as iyo, kapatid, hindi ang iyong kredo. O, magandang tingnan ito. Opo, napakaganda sa tingin.

237 At sasabihin mo, “Buweno, Kapatid na Abraham, sandali lang. Pagpalain ang Diyos, nakita ko silang humahayo roon at nagpapagaling ng mga maysakit.” O siyanga; ako rin naman. At kalian man ay hindi ako naniwala, at walang makapagpapatunay nito sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, na ang unang katibayan ng Banal na Espiritu ay ang pagsasalita ng iba’t-ibang wika. Nais kong may lalaking puamrito upang patunayan ito. Noon pa’y ganito na ang hamon ko. Naniniwala ako sa pagsasalita ng iba’t-ibang wika. Opo, datapuwa’t nakakita na ako ng mga demonyong nagsasalita ng iba’t-ibang wika, mga mangkukulam, at mga manghuhula na nagsisipagsalita sa ibang wika at nagbibigay pa nga ng pagpapaliwanag nito, samantalang itinatangging mayroon isang bagay na tinatawag na Jesus Cristo. Nakakita na ako ng mga lalaking nagsisipagsalita ng iba’t-ibang wika na nakikisamma sa asawa ng iba. Nakatayo at nakatitig sa aking mukha sa isang pangitain sa kaniyang harapan---tinawag ko ang ngalan niya atPinatayo siya sa isang tabi at ginawa siyang saksi nito. At iyon ang tinatawag n’yong Banal na Espiritu? Ay siyanga.

238 Sasabihin mo, “Mangyari, kapatid na Branham, hindi ka ba naniniwala na ang Espiritu Santo ay nagsasalita sa iba’t-ibang wika?” Opo, datapuwa’t

mong sakupin; kaya’t kailangan nayroon kang isang dako na maari mong balikan at panghawakan.

48 Ngayon, kunin natin ang pag-aangkin ng mga Lutheran; bigo sila! Kunin natin ang pag-aangkin ng Catolico; bigo sila! Kunin natin ang pag-aangkin ng mga Baptist, ng mga Pentecostal; bigo sila! Kaya’t hindi ka makapagtitiwala sa mga ito. Datapuwa’t walang isa mang bagay na nasulat sa Bibliang ito kundi ang pinatunayan ng Diyos sa pamamagitan ng kung sino na ito’y katotohanan. Ito ang katotohanan.

49 Tulad ng madalas kong sabihin, “Marahil ang pananampalataya ko ay hindi makapanhik sa napanhik ni Enoc, ngunit tinitiyak kong hindi ko hahadlangan ang sinumang makapanhik doon.” Dakilang pananampalataya. Ngayon, kinukuha ko ang panlikod na larawan ng dahilan kung bakit sumasampalataya ako sa Biblia, at doon ko kukunin ang aking teksto.

50 Ngayon, ang susunod na nais kong sabihin, ay hindi ako naniniwala na ang Biblia ay sumasalungat sa Kanyang Sarili, at ako’y nag-alok ng isang hamon, sa buong mundo, para sa sinumang may ganitong pag-aangkin na pumarito at patunayan itos sa akin. Pumarito, at patunayan ito. Ang Biblia ay hindi sumasalungat sa Kanyang Sarili. Kung gagawin Niya ito, hindi Siya Diyos. At kung salitang ito ay Diyos, kung gayon…at ito’y nagsasalungatan, kung gano’on ay pinalalabas mong sinasalungat ng Diyos ang Kanyang sarili; kung gano’n nasaan ang Diyos mo kung gano’n? parang kumakapal, hindi ba?--- Komplikado.

51 Kung sinasalungat ng Diyos ang kaniyang Sarili, Siya’y walang ipinagkaiba sa akin o sa iyo, dahil nagagwa Niyang salungatin ang Kaniyang Sarili. Naririyan na ang Salita, datapuwa’t ito’y naitago sa mga mata ng marurunong at maiingat.

52 Iyan ang dahilan kung bakit may isang nagsabi na ang Mateo 28:19, kung saan: “Humayo kayo, at turuan ninyo ang lahat ng bansa, bautismuhan sila sa pangalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo ; sa mga Gawa 2:38 ay ganito ang sabi, “Magsisi at magpabautismo sa pangalan ni Jesus”--- “May salungatan.” Hindi ito nagsasalungatan!

53 Bawat isang nabautismuhan ay dapat mabautismuhan sa Pangalan ng Ama, Anak at Espiritu Santo. At kung ika’y hindi nabautismuhan nang ginagamit ang Pangalan ni Jesus Cristo, hindi ka nabautismuhan sa Paangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo! Nabautismuhan ka sa mga titulo na tumutukoy sa isang pangalan. Kung hindi…hindi iyan ang tamang kapahayagan, kung gano’n ang Biblia ay lalabas na mali nang ito’y naglahad, at bawa’t isa ay nabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. Ngunit kung ang

Biblia ay nagbautismo…bawa't isa sa mga Apostoles sa buong panahon ay nagbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo matapos silang bilinan ni Jesus upang bautismuhan sila sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, kung magkagayonay lubos na sinasalungat ng Biblia ang kaniyang Sarili. Ngunit kung titingnan ninyo ito, hindi ganoon 'yon. Tinupad lang nila kung ano talaga ang sabi Niya. Hindi mga titulo, kundi pangalan. Kaya't walang salungatan.

54 Ilan pa ba ang mahuhugot ko rito na isinulat ko pa nga, na kung saan ay sinasabi ng mga tao na sinasalungat Nito ang Sarili. Nagtanong ako sa loob ng dalawampu't limang taon (halos tatlumpung taon na ngayon) kung mayroong sinumang makapagpakita sa akin. Wala ito roon. Wala, po. Naroon Ito, ang Katotohanan, ang buong Katotohan, at walang iba kundi ang Katotohanan, at ang pananampalataya natin ay namamahinga riyan--- diyan mismo kung ano ang sinabi ng Diyos. Huwag ninyong subuking ipaliwanag Ito; basta salitain lang ninyo kung paano itong sinalita nito. Huwag maglalagay ng anumang pansariling pagpapaliwanag, at ako'y naniniwala na wala nang iba pa…

55 Ngayon, umaasa ako na kung ito ma'y makakasakit hindi ako iyon; Sinisikap kong sabihin kung bakit pinaniniwalaan ko ang pinaniniwalaan ko at kung bakit inasal ko ang inasal ko--- tungkol sa mga bagay na ginawa ko. Sinisikap kong ipakita ang aking sarili sa mundo, na ginawa ko ito dahil ito ang aking kombiksyon.

56 Naniniwala akong anumang salitang maidaragdag sa Biblia at sinuman ang magkasala ng pagagawa nito, ang bahagi niya ay aalisin mula sa aklat ng buhay Apocalipsis 21: "An~~g~~ sino mang magdagdag Dito o mag-alis mula Rito…" Hindi ako naniniwala na anumang kredo, anumang dogma, anumang iba pa, maliban sa litiral sa Salita ng Diyos ay plano ng Diyos. Anumang iba pa ay makasalanan at mapaparusahan at sa walang hanggan ay mapapahamak--- sinumang tao, anumang kredo, anumang denominasyon, anumang bagay na magdaragdag o magababawas mula sa isa mang bantas ng Salitang ito. Ang Diyos, na hindi Diyos ng kahapon na sumulat ng isang aklat at iniabot sa isang bungkos ng mga kamay ng tao at hahayaan itong maging isang kalituhan at lahat na ng iba pang bagay, at pagkatapos ay paroroon upang hatulan ang sanlibutan sa pamamagitanng aklat na iyon! Datapuwa't ang Diyos na sumulat Nito ay nabubuhay! Nabubuhay Dito at pinatunayan ang Kaniyang Salita. (Ngayon sa pag-aaral ng mga *teyp*, nais kong pag-aralan ninyong mabuti ang bahaging iyan--- ang pangungusap na iyan, kiya n'yo?)

57 Ngayon, nagsimula ako sa Genesis, narito na ako ngayon sa Apocalipsis, binubuo ito at ipinapakitang ito ay Salita ng Diyos. Ang Apocalipsis ang nagsasabing sinumang mag-aalis Dito o magdaragdag Dito,

ano ang mangyayari. Binalaan tayo ni Jesus tungkol sa mga bagay na ito--- Mateo kabanatang 24, talatang 35. Nais ko lang sipiin ito dahil…alang-alang sa mga teyp.

229 Sandali lang. Ngayon, dalawampung sandali na lamang ang natitira sa atin bago tayo magwakas, at tiyak kong ni hindi natin matatalakay ang ikatlong bahagi nito, nguni't babasahin ko pa rin ito, kita n'yo. Mateo 24:35.

230 Ngayon ay pakinggan maiige kung ano ang sinabi ni Jesus. Ngayon, paanong sinabi Niya sa atin na ang dalawang espiritung ito ay magiging napakalapit, at dadayain nito maging ang pinaka-Hirang. Alam n'yo 'yan hindi ba? Ngayon, magkatotoo kaya ito? Opo. Ang Mateo 24:35 ay nagsasabi:

Ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwa't ang aking mga salita ay hindi lilipas.

231 Ngayon Siya…na ang dalawang espiritu ay magkalapit na magklapit…Ngayon, kailangang magkagayon. Kailangang magkagayon. Ang denominasyong Pentecostal ayn kailangang kumilos na parang tunay tulad ng tunay hanggang sa nasabi ni Jesus ang tanging ang Hinirang lamang ang hindi madadaya. Halos ay kitilin ako nito. Nguni't mga kapatid kong makadenominasyon, hindi ba ninyo nakikita kung, kung bakit nagawa ko ang aking ginaw? Napakalapit nito na madadaya maging ang pinaka-Hinirang kung maari lamang. Datapuwa't ang Hinirang na nahirang tungo tungkol sa pagpukpok dito, pupukpukin natin ito maya-maya, totoong tatamaan ito, kita n'yo. Kita n'yo, tanging ang Hinirang ang uring makasasapo nito.

232 "Puwes," sasabihin mo, "paano mo malalaman kung ika'y hindi tama?" Sulitin n'yo ako sa pamamagitan ng Salita. Halika, sulitin mo ang iyong denominasyon sa pamamagitan ng Salitang ito. Tingnan natin kung sino ang tama. "Subukin ang lahat ng bagay," ang sabi ng Biblia. Sasabihin mo, "Wala naming kaibahan iyan; kung mabautismuhan ka nang paganito o paganoon…" May kaibahan iyan! Iyan ang sinabi ni Satanas kay Eva.

233 Mayroong nabautismuhan na sa Gawa 19. isang mabuting Cristiano rin ang nagbautismo sa kanila, si Juan Bautista. Ang wika ni Pablo. "Natanggap na ba ninyo ang Banal na Espiritu mula nang kayo'y magsisampalataya?"

Ang sabi, "Ni hindi naming alam na may Banal na Espiritu."

Ang sabi, "Kung gayo'y paano ba kayo nabautismuhan? Kung nasapo ninyo ito, disin sana'y nalaman n'yo ito," kita n'yo? Ang sabi, "Paano ba kayo…paano kayo binautismuhan?"

225 Tama---pagsunod. Ngayon, ngayo'y tignan, tayo;y…ipapakita ko sa inyong tayo'y nasa huling panahon na, maging ang talinghaga ng matalinong dalaga at ng mangmang na dalaga ay narito na sa atin. Ngayon masdan, ang mangmang na dalaga (ipagpaumanhin n'yo), ang mangmang na dalaga ay isang magiging halong-lahi. Kita n'yo, taglay niya ang binhing walang langis, ang halumigmig upang ito'y patubuin. Ngayon, at ano ang kaniyang ginawa? Ang dalawang pangkat na makadenominasyon ng sanlibutan, ang mga pangkat ng Evangelical ay nagsanib na. kita n'yo? Para ano?---sa pagtungo sa Sodoma (ngayon, pansinin) upang likumin ang aning ito.

226 Pansinin, ang di-matalinong dalaga, dalaga. Napansin n'yo ba na… maging ang isa sa aking mga dakilang kaibigan, isang tunay na iskolar, isang lalaking matalino, marunong, napakahusay na lalaking Pentecostal… At napansin ko ang mga kapatid sa Christian Businessman ay humihiyaw ng mga papuri sa Diyos dahil doon sa loob ay mayroon silang mga mangangaral na Episcopalian, mga paring Catolico. Iniisip ko kung ang mga kalalakihang iyon ay nahimbing na sa pagtulog. Nauunawaan ba ninyo… Ang sabi nila, "Ay, ito na ang pinakadakilang mababalitaan mo, Kapatid na Branham. Aba ang mga Episcopalian, ay nagsiparito at sinabi nilang natanggap nila ang Espiritu Santo. Sila'y nagsipagsalita ng iba't-ibang wika; ginawa nila ang mga bagay na ito. Luwalhati sa Diyos! Sinasabi ko sa inyo, sila'y…naku, ang iglesia nila'y napakalaki ng ipinagbago." O, mga kapatid ko, hindi ba ninyo alam kung ano iyon? Ito ang tanda.

227 Nang ang matalinong dalaga ay nagnasa ng langis…o ang mangmang na dalaga pala, ay nagnasa ng langis, at habang siya'y bumibili nito, iyon na ang oras ng pagdating ng Nobyo! O, kayong mga Pentecostal, anong nangyayari? Buweno, hindi n'yo makikita ito malibang ipakita ito sa inyo ng Diyos; tiyak na tiyak ang bagay na iyan. Kung kayo'y hindi naisilang doon pa lang, at naitalaga para rito, ay hindi n'yo ito makikita. Mapalad ang mga taingang nakaririrnig; mapalad ang mga pusong nakauunawa, dahil ang oras ay malapit na. Bawa't tanda ay tumuturo rito, kita n'yo?

228 Tingnan kung ano'ng uri ng revival ang taglay nila. Mga dakilang revival, nagkaroon sila nito. Maganda sa tingin, hindi ba? Sasabihin mo, "Buweno, Kapatid na Branham, ngayo'y ibinibitin mo kami sa sanga." Talagang diyan ko kayo nais dalhin. Paano n'yong malalaman kung ano ang tama at mali? Sulitin n'yo ito sa Salita. Iyan ang paraan para malaman kung ito'y tama o mali. Iyon lang: basta't sulitin lang ito sa Salita. Tingnan kung ano ang sinasabi nito tungkol sa Salita. Ano mang espiritu, tingnan ninyo kung ano ang sinasabi nito tungkol sa Salita. Kung itinatanggi nito ang tungkol sa Salita, ito'y hindi sa Diyos. Tingnan, sulitin ito sa Salita at tingnan n'yo kung

siya rin ay maiaalis, ang kaniyang bahagi, mula sa Aklat ng Buhay. Tutngo ako sa Kasulatan at sisispiin ko ito makalipas ang ilang sandali. Apocalipsis, ang huling kabanata.

58 Iyan ang pinapakita ng unang kabanata ngayon, ano? Ano ang Salita---ngayon, Ito'y Walang Hanggan. Hindi dapat ito pinakikialaman dinagdagan o binabawasan. Kita n'yo. Hindi dapat ito binabago ito ng anumang bagay Dito. Walang maaring ibawas Dito dahil Ito ay Walang Hanggan, kita n'yo? Ngayon, upang mapagbatayan upang maipakita ko sa inyo na, ang ibig kong sabihin, ay sa pamagitan ng mga ito (Genesis hanggang Apocalipsis) ito ay hindi hahalo sa anupamang bagay.

59 Ngayon, dito na tayo magkakaiba---mula rito hanggang ikalima ng hapon. Kita n'yo? Dito na tayo magkakaiba . ilan ba ang makakasang-ayon na ito ay Aklat ng Kahatulan ng Diyos, na tayo ay hahatulan ayon sa Salita ng Diyos? Hindi dapat dinadagdagan Ito o binabawasan. Kung gayon, bakit naisagawa ito? Ngayon ay patungo na atayo rito. Bakit ito naisagawa sa isang magaspang na paraan? Ngayon ay makikita natin ito sa pagitan ng Genesis at Apocalipsis, hanggang sa umabot sa ating panahon, at sa iba pang mga panahon.

60 Ngayon, hayaan n'yong linawin ko ito nang lubusan para sa mga teyp. Ngayon, matapos kong sabihin sa inyo kung bakit ako sumasampalataya sa salita at kung ano ang sinabi ng Diyos tungkol dito, at kung paanong hindi dapat Itong bawasan o dagdagan, o bawasan, nais kong tumungo sa makapal na bahagi rito, sa nilalaman ng mahabang tekstong ito na aking hinugot, at ipapaliwanag sa inyo at ipapakita sa inyo kung ano ang nangyari; kung magkagayo'y makikita n'yo ang dahilan kung bakit ko pinaniniwalaan ang aking pinanininwalaan, kita n'yo?

61 Ngayon, hindi ito maaaring maihalo, at hindi Ito maaaring maihalong-lahi sa anupamang ibang bagay. Hindi ito maihahalong-lahi. Ngayon ay isang dakilang araw ng paghahalo ng lahi ng mg ahayop, mais, trigo---gumagawa ng isang higit na magandang-tingnang produkto, ngunit hindi ito mabuti. Ito'y bulok, walang buhay dito---

Namamatay, hindi nito maparami ang sarili; ito'y patay dahil lahat ng bagay na narito sa lupa; ngayon sa orihinal na anyo ay isang binigkas na Salita ng Diyos!

62 Iyan ang dahilan na ang mola, isang bastardong-silang na hayop na bunga ng paghahalong-lahi ay hindi na muling makapaglahing pabalik sa dating lahi nito. Ang Diyos ay gumawa ng kabayo at siya'y gumawa ng mola,

o ng Asno. Paghluin mo ang lahi ng dalawang ito at ang makukuha mo ang isang mola. Ito'y isang mistiso; dahil dito hindi ito makapaglalahing-pabalik.

63 Ngayon, ano ba ang aking teksto?--- *Ang Binigkas na Salita ay ang Orihinal na Binhi (The Spoken Word is the Original Seed)*. Ngayon ay nais kong patunayan 'yan. Tayo'y tumungo ngayon sa Mateo 24:35 sa isang sandali at habang sinasaliksik natin ang Mga Kasulatan ng ilang sandali (At titingnan ko kung gaano pa kahaba ang oras natin), at nais kong basahin dito ang Salitang inusal ni Jesus. Mateo 24 at sa ika-35 talata---upang ipakita kung gaano Kawalang Hanggan ang Salitang ito (na kanina pa natin pinag-uusapan).

Katotohanang…(34) Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi lilipas ang lahing ito, hanggang sa mangaganap ang lahat ng mga bagay na ito.

Ang langit at lupa ay lilipas, datapuwa't ang aking mga Salita ay hindi lilipas.

64 Ngayon, maari ba kayong maghalo riyan ng kahit na ano? Ngayon sa aklat ng Apocalipsis ika-22 kabanata, talatang 19, Nais kong basahin ito. Apocalipsis, ika-22 kabanata at talatang 19 at tingnan natin kung ano ang sinasabi nito. Simulan natin sa ika-18 talata.

Aking sinasaksihan sa bawa't taong…(ngayon alalahanin mula sa Genesis kung saan ay binigkas Niya ang Salita, kita n'yo?) *Aking sinaksihan sa bawat taong*…(Iyan ay pari, papa o Obispo, presbiter, o anuman)…*nakikinig sa mga salita ng hula ng aklat na ito, Kung ang sinoman ay magdagdag sa mga ito, ay daragdagan siya ng Diyos ng mga salot na nakasulat sa aklat na ito:*

65 Kumusta ang tungkol sa inyong mga dogma? Kumusta ang tungkol sa inyong hindi iskriptural na mga kredo na pinakikinggan ninyo?---sa lahat ng mga denominasyon, walang isa mang ililiban s mga ito!

At kung sinoman ay mag-alis sa mga salita…(sinasabing hindi ito gaya ng dati, alam n'yo na, kita n'yo?)…*alis sa mga salita ng aklat ng hulang ito, ay aalisin ng Dios ang kaniyang bahagi sa punung kahoy ng buhay, at sabayangbanal, nanangakasulat sa aklat na ito.*

66 Kahit pa nga isa siyang mangangaral (kita n'yo na), kahit pa nga kasapi siya ng iglesia sa tanang buhay niya, kahit pa nga isa siyang Obispo o isang papa, ang sinumang mag-aalis ng isang salita man lang dito--- isang salita lang! Napapagtanto ba ninyo na isang salita lang na pinag-alinlangan ni Eva ang naging dahilan ng lahat ng kaguluhang ito?---isang binigkas na Salita ng Diyos, na pinag-alinlangan ni Eva na iyon ay Katotohanan,, at iyon ang naging sanhi ng bawa't karamdaman, bawa't sakit, bawa't sanggol na

Ang pangunahing ulan ay pumatak. Ano'ng naganap?---ang Sodoma at ang mga Sodomita ay nasunog! Natanggap ni Abraham ang pangakong anak.

221 Ang sabi ni Jesus. "Hayaan ninyong tumubo silang magkasama. Ang mga panirang damo ay tataliin, bibigkisin, at susunugin. Ang trigo ay dadalhin sa kamalig," kita n'yo. Ang huling ulan ay malapit na. Tayo'y…Ayaw kong maghintay na masyadong matagal doon dahil mayro'n akong isang bagay na napakainam dito tungkol doon, alam ko, kita n'yo.

222 Ang dalawang denominasyon ay maakakaisa. Ang Pentecostal at ang iba pang mga ito ay magkaisa, datapuwa't ang Salita ay mananatiling kasama ng ipinangakong binhi ni Abraham, tulad ng naganap noon. Sinabi ni Jesus, "kung paano noon…" Mayroon ba kayong taingang nakaririnig? Mga matang nakakikita? Pang-unawang nakauunawa? Sinabi ni Jesus, "Kung paano noon. Hindi ba't nasusulat," Hindi ba't… ganito rin ang Kaniyang sasabihin kung tatayo Siya rito sa umagang ito? Hindi ba't… hindi ba't ganito ang sasabihin Niya: "Hindi ba't nasusulat, na kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, ay gayon din sa pagdating ng Anak ng tao?" Hindi ba ninyo nakikita ang dalawang ani na parating na rito? Tinatanggap ang kanilang huling dilig. Humantong na sila na kanilang panghuling dilig. Kita n'yo? Pagkatapos ay ano ang magaganap? Ang mga anghel at ang Panginoon ay nangaglaho. At bumuhos ang ulan.

223 Tama, ngayon ay masusing magmasid, ngayon. Ngayon, sa paniwala ko'y ang paksa ko'y ito; siyanga, ang tungkol sa ulan, ang hu---para sa huling ulan. Lahat ng tanda ay tumuturo na sa wakas ngayon. Lahat ng naniniwala sa Salita ng Diyos ay nakababatid nito. Maging…

224 Hayaan n'yong tumigil ako sa isa pang paksang ito.kakailanganing kong bumanggit ng mga pangalan. Hindi ko nais na maging magaspang ngunit ako'y may… sinabi ko sa Diyos na wala akong suntok na pipigilan Ako'y paparito at ipapahayag kung ano talaga ang nalaman ko sa tanang buhay ko, at pagkatapos ay mayroong ilang mga bagay dito sa gawing ito huli na kakailaanganin kong itago, alam ko, datapuwa't ihahayag ko sa inyo ang lahat ng pahihintulutan Niyang ihayag ko. Una ako'y…alam ni Gng. Wood na matapos kong makuha ito at ang marami pang pahina maliban ditto, ang Espritu Santo ay nagsabi, "Huwag mong gawin iyan." Hindi ba kita tinawagan Gng. Wood, upang sabihing sinabihan Niya akong huwag kong gawin iyon? Kaya't ako'y nagbalik at dumalangin at nang gabing iyon Siya'y dumating sa akin sa isang pangitain at nagsabi, "Hunayo ka rito. Kunin mo ito at ilagay ito roon dahil hindi nila ito mauunawaan. Hindi pa ito ang oras para ito; ilagay mo rito," at gayon nga ang ginawa ko Iya'y tama. "Ang pagsunod ay higit na mabuti kasya sa sakripisyo, kita n'yo."

magkakaroon pa ako ng kasiyahan para sa aking panginoon!”---kay Abraham, na kaniyang asawa. Iyan ang uri ng asawang babae na dapat ninyong tularan, maging ganito nawa kayo. Ganito rin ang sinabi ni Pablo. Ibigin n’yo ng gayon ang inyong asawang lalaki. Hindi ihinalong-lahi ang isang bagay dito, kita n’yo. Alalahanin n’yo ang inyong mga kaisipan. Dadako tayo riyan sa hapong ito sa kaisipang sinapupunan.

217 Kaya’t ngayon, ngunit sa loob noon, gayon na lamang ang pag-ibig niya kay Abraham na tinawag niya siyang kaniyang panginoon. “Ang aking panginoon ay matanda na rin, at ako ay matanda, at muli pa ba akong magkakaroon ng kasiyahan sa kaniya?” At siya…[ginaya ni kapatid na Branham sa Sara habang pinipigil ang tawa-Ed.] At ipinakita ng anghel kay Abraham kung sino Siya, na Siya ang Salita! Ang sabi niya, “Hindi ako tumawa.”

218 Ang sabi niya, “Ngunit tumawa ka!” Ano? Iyan ay biyaya. Kita n’yo, doon mismo ay maari na siyang paslangin ng Diyos, datapuwa’t hindi Niya nagawa! Nakikita n’yo ba ang ating kahangalan? Maaari na Niyang patayin ang bawa’t isa sa atin, datapuwa’t hindi Niya magawa. Para Niya patayin si Sara, kailangan din Niyang patayhin si Abraham dahil si Sara ay bahagi ni Abraham. Sila ay iisa pakikipag-isa! At ang kunin ang Iglesia upang ito’y was akin, hindi Niya ito magagawa, dahil ito’y bahagi ng Kaniyang Sarili! Si Cristo, bahagi ng Kaniyang Sarili, ang Salitang naipapahayag sa laman. “Kamangha-manghang biyaya, anong tamis ng iyong tunog.” Hindi Niya ito magawa. Nakukuha n’yo ba? Hindi Niya siya mapaslang. Hindi Niya magawang kitlin ang kaniyang buhay, dahil siya ay bahagi ni Abraham. Kita n’yo, siya’y laman ng kaniyang laman, at buto ng kaniyang buto.

219 Sa ating mga pagkakamali…Huwag n’yong sabihin, “Puwes, ako’y nakagawa ng isang kabiguan.” Hindi, iya’y walang kinalaman… maging sa Abraham ay nakagawa rin ng mga kabiguan, kita n’yo. Datapuwa’t hindi Niya magawang kitlin ang Iglesia. Hindi Niya magawang paslangin ang Hinirang. Hindi Niya magagawang kitlin ang buhay mo, dahil bahagi ka Niya. Ikaw ay ang Salita. Ang Salita ay nasa iyo. Naipahayag na Nito ang Kaniyang Sarili, napatunayan na Nito ang Sarili---pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis. Ang lahat ng mga bawa’t isa sa mga ito---kumikilos, ang Diyos ay kumikillos sa pamamagitan mo. Kita mo, ikaw ay bahagi ng Salitang na si Cristo. At tayo ay naturuan na Siya ang Salita, at tayo ay laman ng kaniyang laman, at buto ng kaniyang buto. Hayun ka. Ngayon ay patungo na tayo sa isang bagay.

220 *Moureh, moureh*---ang ulan, unang ulan, ang ulang pag-aangkin, ay bumuhos na. Ngayon, ano ang naganap? Ang unang ulan ay naitanim na noon.

nagdurusa, naging sanhi ng pagkakatayo ng bawa’t ospital, ng bawa’t operasyong isinagawa, bawa’t kamatayang ikinamatay---dahil may isang tao na sumampalataya sa isang…hindi nakapanampalataya sa isang salita. Hayan na nga.

67 Ano ang sinubukang gawin ni Eva?---ang ihalong-lahi ito, ilahok ito sa isang bagay. Dapat ay kunin mo ito kung paano itong sinalita ng Diyos! Hindi ito lalahok sa kahit anupamang bagay. Hindi, po. Sinabi ni Jesus minsan, “Kung mayroon kayong pananampalatayang sinliit ng buto ng mustasa…” may nagsabi sa akin na ang buto ng mustasa ay hindi maaring ihalon-lahi. Hindi mo ito maaaring ilahok sa anumang bagay. Maari mong ihalo sa iba ang ibang mga butyl, datapuwa’t hindi mo maihahalo ang buto ng mustasa, kita n’yo, sapagkat hindi ito maaaring ihalong-lahi. At kung taglay mo ang ganoong uri ng pananampalataya, iyan ay isang…kukunin ang Salita ng Diyos…Diyan nasisira ang napakaraming ebanghelista (dadako tayo riyan mamaya), kung paanong sinasabi nila, “Oh, pinaniniwalaan naming ito” at kukunin nila iyon at paniniwalaan nila ang salitang iyon, at magagawa nilang ito’y paganahin, datapuwa’t paano naman ang isa pang kasunod nito? “Mapalad siya na tumutupad ng lahat niyang pagsaway. (Kita n’yo?) Magkakaroon siya ng karapatang pumasok sa Punong Kahoy ng Buhay dahil nasa labas ang mga mangkukulam, mga aso, at mga mapakiapid,” at iba pa.

Ngayon, magkakahalo ang klase ko subalit napakaraming nilalaman nito na talagang tahasan kaya’t nais kong makaunawa kayo mga kapatid kong kababaihan; kita n’yo, tiyakin n’yong nauunawaan ninyo.

68 Ngayon, iyan ang dahilan kung bakit sinasampalatayanan natin ito---na Ito ay ang Salita ng Diyos; kung gayon ang binigkas na Salita ng Diyos ay orihinal. At lahat ng bagay na nilikha ng Diyos (pinalitaw ng salita) ay orihinal. At hindi mo maaaring ihalong-lahi ang ilan sa Kaniyang mga nilalang, ikalawa. Iyan ang dahilan kung bakit nagawa ni Eva ang ginawa niya sa kaniyang binhi---dahil hindi siya orihinal na nilalang. Siya’y isang kasunod na produkto ng lalaki---hindi kabilang sa paglalang ng Diyos. Nilikha ng Diyos ang kabuuan nito, at pagkatapos ay kumuha Siya ng bahagi ng Kaniyang nilalang at gumawa ng isang katuwang.

69 Iyan ang dahilan kung bakit mapapaghalo mo ang lahi ng isang asno at ng isang kabayo, ngunit hindi ito magtatagal! Ito’y kamatayan! Datapuwa’t ang orihinal ay may buhay. Ito’y muling nagbabalik! Umaasa akong nakikita na ninyo ngayon. Ang orihinal ang may taglay na buhay; kaya’t iyan ang dahilan sa aking palagay kung bakit ang mga kulto at mga denominasyon at mga organisasyon ay nangamatay! Ang kasaysayan ang magpapatunay na bawa’t isa sa kanila ay patay na. Kailan ma’y hindi na sila muling

nakabangon.; kailan ma'y hindi na sila makababangon pa. Hindi nila mailalahing pabalik ang kanilang sarili. Wala silang maipanlalahi; sila'y baog. Iyan ang dahilan kung bakit ang mga anak ni Eva ay nangamamatay.

70 Ngayon, binabagalan ko ito, upang ang mga teyp…upang mabigyan ang mg atao ng panahon upang mag-aral. Ayaw kong magmadali. Nais kong dahan-dahanin ito. Hindi ko alam kung ano ang mangyayari pagkatapos nito, datapuwat nais ko itong ihatid sa mga tao upang kahit dumating ang araw na alisin na ako ng Diyos sa mundo0, kung hindi tatagal ang buhay ko upangmakita ang Kaniyang pagadating, ang Mensahe ay patuloy na mabubuhay. Katotohanan. Manatili sa Salita.

71 Ngayon, alalahanin, bawa't binigkas na Salita ng Diyos ay isang Orihinal na Binhi. Itanim ng Diyos ang lahat ng bagay sa lupa sa pamamagitan ng Kaniyang Salita, at habang nanatili ka sa Orihinal na Binhi, mailalahi nitong pabalik ang sarili nito at mapaparami nito ang sarili. Ihalong-lahi mo ito; ito'y mamamatay! At si Eva, ang babae, ang pinakaunang bagay na naghalong-lahi.

Ngayon, sana'y huwag ninyong patitigilin ang mg ateyp hanggang sa mapatunayan natin ito maya-maya, kita n'yo---ipapakita ko sa inyo kung bakit.

72 Siya ay isang tagahalong-lahi, isang nobya. Pansinin, sa pamamagitan niyaon ay dumating ang kamatayan---sa pamamagitan ng pagtatangkang kunin ang Salita bg Diyos at ihalo ang kaunting karunungan Dito. Kita n'yo? Hindi n'yo dapat ginagawa iyan. Kahit pa nga kayo'y may paniniwala…may karunungan kayong ipaliwanag ito, sabihin lang ninyo, "Sinabi ito ng Diyos, at iyon na iyon."---na sinabi ito ng Diyos, at iyon na lang talaga iyon. Kung hindi n'yo ito kayang ipaliwanag, iwan na lang ninyo ito, ngunit sabihin n'yo na lang na ganito ito dahil sinabi ng Diyos na ganito nga ito. Kita n'yo, iyon na iyon. Sinabi ito ng Diyos.

73 Ngayon, pansinin. Ngayon, hindi ito hahalo. Hindi ito dapat pinakikialaman. Parurursahan ng Diyos ang gagawa nito, at ito'y hindi makahahalo sa anupaman. Ito'y Salita lamang ng Diyos. Hindi kailangan ng Diyos ang salita mo kasama ng sa Kaniya. Hindi dapat sariling salita natin ang ipangusap natin; abg dapat ipangaral natin ay ang Kaniyang Salita---ang Salita ng Diyos.

74 Ngayon, kaya nga, ang tunay na buhay ay maari lamang dumating o makapagparami ng kaniyang sarili sa pamamagitan ng orihinal nitong lahi. Kita n'yo ang buhay…ngayon, isaisip…ngayon…pag-aralan n'yo 'yan ngayon, kapag pinag-aralan n'yo ang mga teyp at pag-aralan n'yo ito ngayon. Ang buhay---b-u-h-a-y ay maari lamang maparami sa pamamagitan ng orihinal

212 Anong uri ng mga gawa ang ginawa nito? Nang ito'y maipamalas, pagkaraan ng mga walong daang taon sa anyo ni Jesus Cristo, ginawa rin nito ang siya ring mga gawang ginawa niyaong Isang iyon noon, ginawa ito ng Salita, sa pintuan ng kubol, sinabi kay Abraham na ang pangalan niya ay Abraham, hindi Abram, na siyang matagal niyang ginamit ang kaniyang pangalan (ang kaniyang pangalan…), datapuwa't ang pangalan niya'y Abraham dahil kinatagpo siya ng Diyos ilang araw pa lamang ang nakalilipas at sinabi sa kaniyang ang pangalan niy aay Abraham. Ang sabi, "Nasaan ang iyong asawang si…" hindi S-a-r-r-a, S-a-r-a-h. "Nasaan ang iyong asawang si Sarah?" na tila baga hindi Niya alam.

Ang sabi niya, "Siya'y nasa loob ng kubol sa Iyong likuran."

213 Ang sabi niya, "Ako ay dadalaw sa iyo…" Ako, ang pantaong panghalip. "Ako ay dadalaw sa iyo ayon sa panahon ng buhay (Oh!), at iluluwal mo ang sanggol na iyon na matagal mo nang hinihntay. Ang panghuling ulan ay napipinto nang bumuhos. Sapat na ang haba ng panahon ng pagdadala Mo ng binhing iyon, nagpatuloy ka sa pananalig, at nag-aabang ka ng parating na Anak na lalaki, at darating Siya!" Iyan ang tunay na Iglesia ngayon, kita n'yo, ang Binhing hinirang. "Matagal mo na Siyang hinihintay at Akin Siyang susuguin sa iyo." Ano ang nagsabi no'n?---ang Salita.

214 "O," sasabihin mo, "hindi iyon ang Salita." Ipagpaumanhin mo. Tinawag Siya ni Abraham na E*lohim*---iyon ay ang isang Makapangyarihan sa lahat na namamalaging mag-isa. Siya ang Salita---*Elohim*. Saan Siya tumungo?---sa binhi ni Abraham.

215 Ngayon, alalahanin, wala Siyang kinalaman sa mga denominasyong iyon. Siya'y nanatiling kasama ng hinirang at nangaral (tama 'yon), at nagpakita ng tanda. At sinabi ni Jesus…Ngayon, maghintay lang ng kaunting panahon.

216 Nang magkagayon, si Sara, sa kaniyang sarili---masdan ninyo ang polusyong iyon, kita n'yo. Ngayon ang totoo, para hindi niya iyon paniwalaan, dapat sana'y pinaslang na siya ng Diyos doon din. Alam n'yo ba iyon? At lumabas siy at itinanggi si Abraham. Nagtawa siya sa ilalim ng kaniyang manggas, sa ibang pananalita, ay sa sarili lang niya. Ngayon, marahil ay hindi man lamang siya napangisi ngunit sa kaibuturan ng kaniyang puso [ginaya ng Kapatid na Branham ang pagtawa ni Sara-Ed.] siya ay bahagyang natawa. "Ako, na isang matandang babae, isandaang taong gulang na, limampung taon nang hindi dinadatnan, ng panahon ng buhay, nakisama sa kaniya lahat ng taong iyon. Aba, dalawampu't limang taon na kaming hindi nagsisiping, marahil ay tatlumpu pa nga, kita n'yo. At ang ibig bang sabihin ay

anuman iyon, doon, ang malaking tao, nauupo sa lungsod at nagsisilbing hukom, na nagsasabi (ang Obispo o ang pambansang presbiter), “Hindi, hindi naming matatanggap ang lalaking iyon sa aming kalipunan; hindi, po! Sumasalungat siya sa aming teolohiya. Hindi naming ito matatanggap.” Hayun ang matandang si Lot. Hayu’t nakaupo siya. “Kung hindi siya magdadala ng mga papeles mula sa ating mga lupon, ay hinding-hindi natin siya matatanggap.” Sino ang gumawa sa iyong hukom sa tahanan ng Diyos, ikaw na halong-lahi? Ang Salita ng Diyos ay maipapangaral pa rin sa anumang kaparaanan.

209 Si San Martin ay nagtungo sa isang lupong gayon, at hindi man lang magawang tumayo ng lalaking iyon upang magbigay galang sa kaniya matapos niyang wasakin ang mga pintuang iyon. Sinunog pa nga ng Diyos ang kaniyang balabal, ang likod nito; na nagbunsod sa kaniya upang magpugay sa propetang iyon ng Diyos na pumasok sa lungsod. Tama ‘yon. Nagliyab ang upuang kinaluklukan niya, ang tronong inuupuan niya. Tama’yon. Nabas n’yo na ang kasaysayan ng iglesia. Opo. Naparoon siyang taglay ang totoong Salita, gumawa ng mga himala at mga tanda at pinatunayang siya’y nasa Salita. Mayroon silang sariling pangasiwaan ng Obispo at taglay nila ang lahat ng nasain nila, at iyon talaga ang nais nila; ngunit nais tiyakin ng Diyos na…marahil ay may ilang hinrang na anak ng Diyos doon sa loob, kailangan Niyang abutin sila upang kunin sila. Tama ‘yon.

210 Kaya’t alalahanin, anon g aiyon? Ngayon ay tumigil tayo rito ng isang sandali. Si Lot ay minsang nagkaroon ng pagpili para makasama ang iba’t-ibang denominasyon. Tama ba ‘yon? Minsan siyang nagkaroon ng pagkakataong mamili na maglakbay kasama si Abraham, ngunit ang pag-ibig sa sanlibutan ay sumakal sa kaniya. Iyan din ang nangyari sa araw na ito. At alalahanin, yaong mga naroroon sa Sodoma ay hidi nakakita kalian man ng isa man sa mga sobrenatural na himalan iyon. Ang napasa kanila ay isang pambubulag; at ang pangangaral ng Salita ay bumubulag sa mga mata ng di-mananampalataya. Iyan ang ginawa ni Billy Graham at ng iba---binulag ang mga mata ng mga di-mananampalatayang nangaroroon. Tama ‘yan. Ngayon, hindi n’yo maitatanggi na sinabi ni Jesus, “Kung paano ang kaarawan ng Sodoma, ay gayon din ang magaganap sa pagparito…” At heto na nga ito sa Biblia. Ganito rin ang magaganap sa pagparito ng Anak ng tao.

211 Ngayo’y masdan, subalit mayroong Isa roon na Siyang Salita. At saan Siya tumigil?---sa piling niyaong mga pinangakuan, yaong hinirang. Ang Salita ay nanatili doon sa isang hinirang. At ang Salita ng Diyos ngayon ay mananatili sa piling ng mga Hinirang! Ang Maharlikang Binhi ni Abraham sa pamamagitan ng pangako.

na lahi nito, sa paraan ng pagsisimula nito sa pasimula; kung magkagayo’y napaparami nito ang sarili nito. Kung hindi, ito ay isang halong-lahi; ito’y nauubos. Ang ilan sa mga ito ay nauubos sa unang saling-lahi pa lamang, kita n’yo---wala na kaagad ito roon. Masususmpungan nito ang sariling nagbabalik. Hindi ito maaaring magpalitaw ng tamng buhay dahil ito’y halong-lahi.

75 Genesis 1:11 ang Biblia ang nagsabi (ang Diyos ang nagsabi), “Bawa’t binhi nawa ay mamunga ayon sa kaniyang uri.” Ngayon nang sabihin iyon ng Diyos, iyon na iyon. Lagi lang iyon na iyon. “Bawa’t binhi ay mamunga ayon as kaniyang uri.” Kapag napaghalo ito ay super crop ang ibubunga nito. Super crop ito ng ano? Makinig ngayon. Tayo’y bumaybay. Kapag ihinalo ito…(Sinisikap kong pigilan ang mga ito, ang mga tekstong tulad nito maari akong mangaral tungkol dito. Ngunit sinisikap kong umiwas na gawin iyon.) Kapag napaghalo ito ang lilitaw ay isang super-ani gaya ng napatunayan na. ngunit anong uri ng ani ito?---isang ani ng kahidwaan, kamatayan!

76 Ihalong-lahi ninyo ang inyong mais; magbubunga ito ng isang malaking ani, higit na mainam na ani, higit na magandang tingnan; datapuwa’t ito’y patay. Itanim n’yo ito, hindi na ito muling makapamumunga ng katulad nito. Tapos na ito; iyon na ang wakas nito. Tulad ni Eva, kita n’yo? Ang ibinunga niya ay isang halong-lahing ani. Tingnan n’yo ang lagay natin ngayon. Maaari kang tumingin sa paligid at makikita mong iyon ay tototo. Tiyak nga. Hindi iyon ang layunin ng Diyos, hindi po. Kailangan ko lang tumigil para sa isang bagay aking iniisip ngayon, kita n’yo.

77 Pag naihalo ito ay mamumunga ito ng halong-lahing ani; at ang isang halong-lahi ani ay isang patay na ani---pag ang pinag-usapan ay ang muling paglalahi. Hindi ito makapaglalahing muli ng sarili nito; hindi nito ito magagawa dahil sinabi ng Diyos. Kailangan ito’y mamunga ayon sa uri, at pinaghalo mo na ito.

78 Ngayon ay makikita mo na ang iglesias doon mismo, kung saan ito magwawakas. Doon na ito mamamatay, dahil hindi na ito makapamunga ng kauri nito. Bakit?---ito’y halo! Wala na kayong maaaring gawin pa rito. Patay na ito; tapos na ito. Tama. iyan ang dahilan kung bakit bawa’t saling lahi ay mayroong sariling revival---isang pagkakataon sa Salita. Kaya’t ang sobereynong Diyos, sa paghuhukom…Ang lupon ni John Wesley ay magsisitayo, at ang mga “inalmirol” na Metodista ng araw na ito ay mananagot dahil dito? Si Luther ay tatayo. Ang mag Catolico ay magsisistayo. At sa likuran nito ay Si Ireneo, si Martin, si Polycarp, at yaong iba pa at kakailanganin nilang tumayo sa paghuhukom dahil sa paghahalong-lahig ginawa nila sa Salita ng Diyos sa mga dogma. Ang lupon ito ng mga Lutheran

na nagsisunod sa revival ni Luther ay mananagot sa katulad na bagay. Ang lupon ng mga Baptist na nagsisunod sa revival ni John Smith ay gayon din ang gagawin. Ang mga tagasunod ni Alexander Campbell ay gayon din ang gagawin. At ang mga Pentecostal ay gayon din ang gagawin. Ang orihinal na revival, nang ang Espiritu Sannto ay mabuhos, tumawag ng isang lipi palabas at ang Diyos ay nagsikap na ilagay ang Kaniyang Salita rito, at inorganisa nila ito, nagsiupo sila rito at ginawa itong denominasyon at doo'y kaagad itong namatay!

Dadating tayo riyan maya-maya sa araw na ito. Tayo'y parating na sa lahat ng…Inilalagay ko lang ngayon ang binhi. Pagkatapos ay maipapakita natin, maya-maya kung ano ang nangyari.

79 Ngayon, iyan ang dahilan kung bakit bawa't revival ay may sariling revival…Bawa't salinglahi ay may revival at ang Diyos ay nagpapalitaw ng isang lalaki, isinasalang siyang taglay ang Kaniyang Salita at pinagsisimula siyang taglay ang mensahe para sa panahong iyon. At sa sandaling ang lalaking iyon ay mawala sa eksena, mayroon kaagad ibang sumasapo nito, at ihinahalong-lahi ito, at itong lahat ay nahuhulog pabalik sa isang sakdal na…lahat ng bagay…maaaring…

80 Maari akong tumgil dito ng ilang sandali. Hindi tayo nagmamadali. Balikan natin; ganiyang-ganiyan ang naging umpisa doon sa pinakapasimula sa Genesis. Isinasaayos ng Diyos ang Kaniyang pananim na sangkatauhan, at hinalong-lahi ito ni Eva. Nakikita n'yo ba kung ano'ng nangyari? Kaya't hayun ang Kahatulan para kay Eva.

81 Si Luther ay humayo---lahat ng iba pa---si Cristo ay humayo. Ang mga apostoles sat nagsihayo. Ang mga propeta ay nagsihayo. Hindi ba sinabi ni Jesus, "Sino sa inyong magulang ang hindi umusig sa mga propetang isnugo ko?"

82 Hindi ba't itinuro Niya na isang hari minsan ang nagsugo sa kaniayng alipin, at pagkatapos ay nagsugo Siyang muli ng isa pang alipin, at nagsugong muli ng isa pang alipin, at iba pa, at as kahulihan ay isinugo niya ang Kaniyang anak. Kita n'yo. Bawa't salinglahi ay tumatanggap…dahil ito'y pag-uulit lamang ng naganap kay Adan at Eva---ang unang pananim sa hardin ng Eden. Kalahati sa kanila ang napahamak---matalinong birhen, tulog na birhen. Kalahati sa kanila…ang isa ay tumutupad sa Salita; ang isa ay naghalong-lahi Nito. Pabalik-balik lang kagyat itong bumabalik, ganung-gano'n din, lagging ganito sa paglipas ng panahon. Patutunayan natin ito s pamamagitan ng Salita ng Diyos at sa pamamagitan ng kasaysayan rito. Iya'y sa pamamagitawn ng kasaysayan dito. Iya'y tama---ang paghahalong-lahi.

kilos-pentecostal at umabot na sila sa milyun-milyon, kita n'yo, tama 'yon. At ang Binhi'y naihasik na, ang Salita, para sa minoriya---ang lupon."

204 Ngayon ay masdan. Ngayon, alalahanin ang salita, m-o-u-r-e-h, *moureh* ay nangangahulugang pagtuturo, ang unang ulan. Ang sinasabi nito'y ang ulang *moureh*, ang ulang pagtuturo. Ang ulang pagtuturo ay bumuhos na.

205 Si Billy Graham ay naparito sa mundo. Ang mga Pentecostal ay naparito sa mundo, at ang Salita ay naparito sa mundo. Ngayon, ano na ang nangyayari ngayon? Siya'y naghihintay na lamang sa panghuling ulan. Iyon ay kapag siya'y namunga na. O, nawa'y nakukuha n'yo?

206 Kung anong uri ng binhi ang inihasik mo sa iyong bukid ay gayon din ang iyong aanihin. Kung nais ng mga denominasyon ng higit na maraming kasapi, iyon ang aanihin nila. Iyon na nga ang kanilang inaani. Nais ng mga Pentecostal ng mas marami pang Pentecostal, at iyon ang kanilang aanihin. Tama. datapuwa't ang Salita ay mamumunga ng mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Iya'y parating na rin. Masdan, tingnan ang umano'y dakilang panghuling ulan kung ano ang gagawin nito---kung paanong magsisiakyat sila sa mg adingding, magsisilundag, at kung paano'ng sila'y magiging isang hukbong rumaragasa. Hintay lang sandali. Ang aanihin mo ay kung anong uri ng binhi ang inihasik mo sa bukid mo.

207 Tama, ang dalawang makadenominasyong uri…nauunawaan n'yo ba? Ang dalawang makadenominasyong uri ay magsasanib upang tumungo sa Sodoma. Datapuwa't ang Salita ay mananatili sa hinirang, ang Maharlikang Binhi. Sinabi ni Jesus, "Kung paano ang kaarawan ng Sodoma ay gayon din ang magaganap sa pagparito ng Anak ng tao." Dalawang anghel ang lumusong, dalawang pinahirang ministro, lumusong sa Sodoma upang subuking ilabas ang isang lalaking napadausdos nang pabalik (may kaunting pagiging makadiyos sa kaniya) at ang kaniyang asawa, ang kaniyang nobya---alam n'yo kung anoa ng nangyari sa kaniya; nadisgrasya siya. At tingnan n'yo ang kaniyang mga anak na babae, at tingnan n'yo kung ano ang kinahinatnan nila matapos nilang lumabas. Laging may "buhok sa biskwit." Alam n'yong tama 'yan. Ngayon, hindi n'yo maitatanggi ang Salita ng Diyos! Datapuwa't mayroong Isa na nanatili kay Abraham na nagbigay ng isang tanda. Tama ba?

208 Tama, tama, ang isa'y naiwan…Ano ang tawag kay Abraham at sa kaniyan pangkat?---ang binhing hinirang na hindi kailanman lumusong doon. Sila'y mga manlalakbay. Naglakbay sila rito; naglakbay sila roon. Naglakbay sila rito; naglakbay sila roon---interdenominasyonal. Datapuwa't ang denominasyon ay lumusong at nagtatag para sa kaniyang sarili ng isang lungsod, at si Lot ang naging saserdote, o Obispo, o ang…alam n'yo na,

Sinusubukan ko kanina pa ang masdan ang ilang mga taong nakaupo riyan sa ibaba. Iniiwas ko ang aking tingin at saan mang dako ako tumingin, ay tila baga naroroon ito, kita n'yo?

198 Tama, bumalik tayo't subukan nating muling ito ngayon, at nais kong tiyaking naipasok ko ito rito. Hindi ko alam kung ano talaga ang nangyari roon.

199 Ako'y naniniwalang malapit na ang anihan. Ang mga binhi ay naihasik na. Ang mga makadenominasyon binhi ng mga iglesia tulad ng mga Evangelical, tulad ng Baptist at Presbyterian, Lutheran, at ang mga Pentecostal na binhi ay naihasik na rin sa organisasyong Pentecostal, ng mga dakilang mga lalaki ng Diyos, kita n'yo. At ako'y naniniwala na ang Salita ng Diyos ay naihasik nang walang halo palayo sa alinman sa mga organisyong iton. Iyan ang nangyayari, kita n'yo.

200 Ang binhi ay dapat na…An binhing tanim ay dapat magkaroon ng tubig bago ito makatubo. Kailangan itong magkaroon ng tubig na papatak dito bago magawang tumubo ng binhing naitanim.

201 Ngayon, "Buweno," sasabihin mo, "Kapatid na Branham, nagkaroon na ng…" Alam ko, tama 'yan. Nasasapo ko ang inyong kaisipan ngayon, kita n'yo; hindi n'yo ito maitatago. Tama, kaya't mag-inagt kayo kung ano ang iniisip n'yo.

202 Ngayon, ang binhi ay kailangang maihasik at pagkatapos ay kailangan nito ng tubig upang tumubo. Ngayon, sasabihin mi, "Buweno, Kapatid na Branham (ihahayag ko kung ano ang nasa kaisipan ninyo, kayong naririyan), nagkaroon na tayo ng tubig." Gano'n na nga. Tumpak iyan. Nagkaroon na kayo ng tubig. Nakapagtanim nab a kayo ng repolyo, o ng anuman o ng mga binhi o anumang tuald nito, karaniwang …walang tubig doon, dinidiligan n'yo lang ito ng kaunti.

203 Tama, ngunit ngayon ay maghintay, ano ang nasa atin sa panahong iyon ng pagtatanim?---ang unang ulan. "Oh," sasabihin mo, "Kapatid na Branham, walang katuturan 'yan." Ngayon, sandali lang. Kunin mo ang salitang *"una"* sa Joel 2 at tingnan kung hindi ito…kung nais n'yo sa Hebreo at tingnan kung hindi ito…kung nais n'yo itong isulat, m-o-u-r-e-h-, *moureh*, at kunin n'yo ang salitang Hebreong ito at bigyan ito ng kahulaugan at tingnan n'yo kung ano ang ibig sabihin mg *moureh*--- ang pagtuturo. Ang ulang pagtuturo ay bumuhos na. Ang makadenominasyong ulang pagtuturo ay bumuhos na. "Isang milyon pa sa apatnapu't apat---Baptist. Ganito karami, ganoon karami---ang kasapi ng iglesia. Si Oral Roberts, at ang mga kapatid na iyon na kabilang sa Pentecostal ay nagpakilos sa ekonomiya…o ang dakilang

83 Ang paghahalong-lahi ay unang nagpasimula sa Eden, nagpasimula sa Genesis. Ito ang pasimula. Doon ito…At ito'y magwawakas dito sa Apocalipsis. Sa ikalawang pagparito ni Cristo, ngayon alalahanin natinnang wato: iyan ang dahilan kung bakit ang bawa't salinglahi ay may taglay na sariling revival; nabibigyan ito ng pagkakataon sa Salita. Pagkatapos ay hinalong-lahi nila ito--- sa halip na dalhin nila ito sa kanilang pagpapatuloy, sa iba sila nagsitungo.

84 Ang aking misyon, na ito ang pinaniniwalaan kong dahilan kaya ako tinawag ng Diyos…Kailangan kong magsalita ng ilang personal na bagay ngayon dahil iyan ang sinabi ko sa inyong gagawin ko, kita n'yo? at sasabihin ko ito sa buong mundo. Ang aking misyon, as aking paniwala, sa lupa ay ano?---ay ang ihanda ang daan ng parating na Salita, (kita n'yo?), ang parating na Salita ay si Cristo, nasa Kaniya ang Milenyum at ang lahat ng mga bagay na naroon dahil Siya ang Salita. Kita n'yo?

85 Ngayon, sinabi ni Jesus sa Juan 3:5---ngayon kung nais n'yong markahan iyan, as Juan 3:5. Alam nating lahat ito. O kaya'y ako n alang ang tutunghay marahil; may isang nasa mga teyp ang nais…marahil ay hindi niya magawang tumunghay dito sa San Juan, ikatlong kabanata at ikalimang talata, at makikita natin kung ano ang sinabi ni Jesus. Maaari tayong magsimula sa talatang nauna rito---ikatlo.

Sumagot si Jesus at sa kaniya'y sinabi, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Dios.

Sinabi sa kaniya ni Nicodemo, paanong maipanganak ang tao kung siya'y matanda na? makapapasok baga siyang bilang ikalawa sa tiyan ng kaniyang ina, at ipanganak?

Sumagot si Jesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios.

86 Iyan ba'y isang binhi? Bawa't binigkas na Salita ng Diyos ay isang binhi. Tama 'yan. Patutunayan ko 'yan sa isang sandali---kung saan sinabi ito ni Jesus. Bawa't binigkas na Salita ng Diyos ay isang binhi. Kung gayon, malibang ang isang tao'y isilang na muli. Bakit? Siya'y isinilang sa kasalanan mula sa kasalanan ni Eva, nahubog sa kalikuan, dumating sa sanlibutan na nangungusap ng kasinungalingan. Siya'y isang sinungaling sa pasimula pa. Kahit pa ga'no karunong, kaedukado, o ano pa man siya, siya'y sinungaling---ang Biblia ang nagsasabing siya'y gayon---kahit pa ga'no kabanal ang kaniyang mga magulang o ano pa mang bagay tungkol dito, siya'y sinungaling

sa simula pa lang. At ang tanging paraan upang magsaysay siya ng Katotohanan ay ang sabihin kung ano ang Katotohanan sa pamamagitan ng kaniyang sariling mga labi. Iyan lamang ang tanging daan upang ang Katotohanan ay dumating. Anumang bagay na sumasalungat sa Salitang iyo, siya'y isang sinungaling pa rin.

87 Payak na payak 'yan, ngunit iyan ang sinabi ng Diyos. "Bawa't tao'y sinungaling, ang Diyos ay tapat, kita n'yo. Anumang dumaan sa Kaniyang bibig na sumasalungat upang itanggi ang Salitang ito o kaya'y ilagay ito sa iba panmg lipi sa iba pang lahi o anuman ito, siya'y isang sinungaling. Iyan ay ugmang-ugma. Kailangan niyang maisilang na muli, at kung magkagayon, makikita niya ang bawat Salita. Ang tanging paraan upang siya ay maisilang na muli ay ang buhay ng Diyos na nasa kaniya upang mamunga ng Buhay na iyon.

88 Ang isang binhi ay dapat matubigan para tumubo. Ngayon, maglagay ka ng isang binhi sa lupa, kung walang pagkabasa sa lupa, ito'y alabok, at iyo'y hindi tutubo sa alabok. Hindi ito tutubo. Kaialngan itong magkaroon ng ilang porsiyento ng pagkabasa, kung hindi'y hindi ito tutubo. Tama ba 'yan? Ang titik ay pumapatay; ang Espiritu ang nagbibigay dito ng buhay, kita n'yo. ngayon, kasilanagn ng halumigmig para ito tumubo.

89 Ang salita Niya ay ang Binhi. Ngayon, para patunayan 'yan, bumuklat tayo sa Lucas ika-8 kabanata, ika-11 talata at tingnan kung ito'y katotohanan o hindi---kung sinasabi ba ng Biblia na ang Kaniyang Salita ay isang Binhi. Lucas kabanatang 11…o ika-8 kabanata, ika-11 talata. Ngayon, nagpatuloy Siya at nagpasimulang magsaysay. Napakaramin maaaring sabihin tungkol dito.

90 Pasimulan natin sa ika-4 at basahin lang natin.

At nang magkatipon ang malaking karamihang tao, at ang mga mula sa bawa't bayan na nagsadya sa kaniya, ay nagsalita Siya sa pamamagitan ng isang talinghaga:

Ang manghahasik ay yumaon upang maghasik ng kaniyang binh: at sa kaniyang pagahahsik ang ilan ay nangahulog sa tabi ng daan; ast napagyapakan, at ito'y kinain ng mga ibon sa langit.

At ang iba 'y nahulog as batuhan; at pagsibol, ay natuyo, sapagka't walang halumigmig.

91 Ang halumigmig---mga Baptist, Presbyterian, Lutheran na walang tubig. At nang siya'y unang mabago, diretso kay Cristo ang tingin niya; siya'y sumasampalataya. At kapagdaka'y ginagapos siya ang denominasyong iyon sa isang lugar, at ang pagkabasa ng Espiritu ay nawala na sa kaniya; nagiging

puwes, ano'ng nangyari sa iyo kung gayon? Ano ba ang naganap?" Iyan ang nais nating malaman.

194 Ngayon, itanim ninyo ito sa inyong mga isipan ngayon. Ibaba ninyo ang payong, at ipagpag ang tubig ulan, at buksan ang inyong puso nang ilang sandali lamang at makinig. Alalahanin, ang Biblia ang nagsabi sa Genesis sa unang kabanata, babasa tayo upang pagbatayan n gating kaisipan para sa araw na ito, ay ang bawat binhi ayon sa kaniyang uri. Dapat ay mamunga ito ng kauri nito. Tama. Bawa't binhi ay dapat mamunga ng…Alalahanin, ang lupa ay, puno ng mga binhi at ang ulan ang nagbubunsod dito upang mamunga ito ayon sa kaniyang uri.

195 Naniniwala akong malapit na ang panahon ng pag-ani. Hindi n'yo ba pinaniniwalaan ito? Lahat kayo'y sumasang-ayon diyan. Tayo ay malapit na sa panahong tag-ani. Ngayon, ang mga binhi ay naihasik na. Alalahanin, ang lupa ay puno ng mga binhi at ang ulan ang nagbubunsod dito upang mamunga ito ayon sa kaniyang uri.

196 Tama. ngayon, mayroong tatlong iba't-ibang uri ng binhing naihasik na. Isang makadenominasyon---si Billy Graham; siya ang punong tagatanim. Si Oral Roberts para sa mga Pentecostal. Ang Pentecostal na binhi ay naihasik na. (Ang tinutukoy ko ngayon ay ang organisasyon ha.) At pagkatapos ang Salita ay naitanim na. Ngayon, kailangang maunawaan ninyo, mga kaibigan. Hindi ko na muling sasabihin ito malibang utusan ako ng Diyos. Nais kong makuha ninyo ito ng mabuti at malinaw. Tatlong binhi na ang naitanim. Iyan ang dahilan kung bakit ang pagtatanim ay halos tapos na. Kita n'yo? Tapos na. Ang mga binhi ay kailangan munang maihasik bago pa dumating ang ulan (tama ba 'yan?) o samakatuwid ay ang Espiritu. Ngayon kayo'y sasalungat dito, datapuwat maghintay lang ng isang sandali. Ang mga binhi ay dapat munang maihasik at pagkatapos ang ulan ay papatak upang diligan ang binhi. Tama ba 'yan? Ngayon, nais kong…mayroon bang nakaintindi ng Hebreo sa mga naririto ngayon? Nakaaalam ng mga salitang Hebreo? Mabuti, saliksikin n'yo ito kung nais n'yo.

197 Ngayon masyado na tayong maraming naririrnig, at napakaraming organisasyon at lahat ng iba ang nagungusap tungkol sa tayo'y nasa "panghuling ulan" na. Walang kabuluhan. Walang ganiyan. Ngayon, oh, ako'y…may nangyayari. Nakikita ko itong dumaraan sa aking harapan. Nasapo nito ang Espiritu, kita n'yo. Amen. Alam kong ito'y Katotohanan; ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON. Tulad ng mga pangitain, kita n'yo, na gumagalaw at dumarating. Hindi ako halos makatingin dito sa ibaba. Sa tuwing ako'y tititngin, nakikita ko itong lumalapit sa aking harapan ng paganoon, at naglalaho, at kikilos patungo rito at ako'y tititngin dito.

ito pagkatapos nito, malibang utusan ako ng Diyos. Datapuwa't kailangan kong bumanggit ng mga pangalan. Kailangam kong sabihin ang mga bagay na ayaw kong sabihin, ngunit upang malinaw ko ito…Nakikita n'yo na gayonkung saan ako patungo, ang dahilan kung bakit ko nagawa ang aking ginawa. Naniniwala akong ito ang Salita. At ako'y naniniwalang si Cristo ay may isang Iglesia, at ang Iglesia ay ang bukirin (tutungo tayo riyan maya-maya) at kailangan muna ninyong ipunla ang Salita sa bukirin bago makagawa ng anumang bagay ang Espiritu. Kita n'yo?

191 Bakit nga ba humupa na ang apoy ng revival? Hindi n'yo na gasinong nababalitaan nang higit sa dati ang tungkol kay Billy Graham, tulad ng iba pang mga dakilang ebanghelista. Si Oral Roberts man ay hindi na nagagawang sigaan ang bansa tulad ng dati. Maging ang mga gawain ko'y hindi rin gasinong napapabalita. Tatlo lamng iyan. Ano ang nangyayari? Ngayon ay kukuha taoyo ng ilang totoong malalim na katuruan. Kakailanganing gamitin ko na ito ngayon at kapag ang mga teyp na ito ay mapasakamay ni Billy Graham, ni Oral Roberts, nais kong malaman n'yo, mga kapatid ko, na hindi ko kayo binabalewala; ibinibilang ko ang aking sarili, kung papansinin ninyo, sa loob nito, bilang kapatid ninyo sa Ebanghelyo. At sa aking palagay, pagkatapos nito ay higit kayong makauunawa mga kapatid, kung bakit nagawa ko ang aking ginawa. At ako'y umaasa na ako'y makakasumpong ng biyaya sa paningin ng Diyos, at sa inyong harapan, sa pagiging matapat at makatotohanan upang sabihin sa inyo ang dahilan kung bakit.

192 Si Billy Graham---ang sanlibutan ay---nagliyab ditto hindi pa katagalan sa pamamagitan ni Billy Graham. Bihira n'yo nang mabalitaan ito ngayon. Nagpapatuloy pa rin siya, ngunit ano ang nangyayari? Si Oral Roberts---aba'y, pinagliyab niya ang sangkalupaan; ngayo'y namamatay na. Si Tommy Osborn---lahat ng mga ito ay mabubuti at makadiyos na mga lalaki. Ano ang nangyayari? Naniniwala akong tinawag ako ng Diyos para sa isang lingkuran, ano'ng nangyari sa aking lingkuran? Ngayon ito'y sasagot sa ,ilang mga tanong. Anong nangyari?

193 Sasabihin mo, "Kapatid na Branham, ang sa iyo ang pinakapatay sa lahat sa kanila." Iya'y totoo. Tama 'yan. Higit pang nabalitaan kaysa kay Oral. Si Oral ay higit pang nabalitaan sa isang araw, kaysa sa akin sa loob ng anim na buwan. Si Tommy Osborn, si Tommy Hicks, sinuman sa mga makadiyos na mga lalaking iyon, higit silang napababalita. Kaya't kung iyan ang pag-uusapan, ang sa akin ay higit na malayo kaysa sa lahat sa kanila. Ano ang nangyari? "Kapatid na Branham, sinasabi mo bang…na sinasabi mo sa amin ngayon na talagang sinasampalatayanan mo ang Salita at lahat ng bagay,

makadenominasyon siya, at siyas'y patay an. Hindi lamang mga Baptist kundi maging ang Pentecostes! Huwag ninyong paniwalaan iyan---Alam kong marami sa inyo ang hindi naniniwala, datapuwa't maghintay lang kayo ng kaunti. Makikita natin kung sinasabi ba iyan ng Biblia o hindi.

92 Ngayon, dahil sa kawalan ng halumigmig---ang huling salita ng ika-6 na talata, ng ika-8 kabanata. Ang kakulanagn ng halumigmig.

At ang iba'y nahulog sa mga dawagan; at…tumubong kasama ng mga dawag, at yao'y ininis.

93 Tingnan, ano ba iyon? Nagpatuloy Siya at nagsaysay na ang iba sa sandaling sila'y…hindi ako pipigil ng isa mang suntok sa araw na ito tungkol sa anumang bagay. Kung ano lang ang iniisip kong ginagawa ng mga Christian Businnessmen at ang ib apa sa kanilasa mga samahang ito ng mga Pentecostal, at ang mga taong ito na nagpapaptayo ng mga milyong dolyar na halaga ng mga bagay---ang mga kayamanan ng sanlibutan ay sumakal sa kaluwalhatian at Espiritu ng Diyos. Naghihingalo na dahil ito'y nasasakal. Asng sanlibutan, ang mga kaabalahan ng asnlibutan, ang sumakal sa kanila.

94 Ang kababaihan ay nais maging aktibo at putulin ang kanilang buhok at magpagupit ng gupit na ulong-tubig (waterhead haircut), magsuot ng syorts, at mag-anyong tulad ng iba pa sa sanlibutan. Ang mangangaral ay tatayo sa pulpito, na may…nagsasanay sila ng pagsasalita ng *amen* at natatakot sa Salita ng Diyos dahil sa tiket ng pagkain. Kung hindi Cadillac ang sasakyan nila, ay hindi sila makapagbibihis ng pinakamainam na kasuotan at makagagawa ng lahat ng iba pang bagay, ang turing sa kanila'y: "Sila'y mga napadausdos nang pabalik. Hindi na sila *ganoo't-ganito.*"

95 Isang matandang lalaki doon sa likod, si Kapatid na Kidd, ang nagsumbong sa akin kaninang umaga na ayaw na raw nila sa kaniya, dahil matanda na siya at nanatili siya sa Salita. Ano ang nangyayari?---kulang sila sa halumigmig. Tama 'yan.

At ang iba'y nahulog sa mabuting lupa, at tumubo at nagbunga… Pagkasabi niya ng mga bagay na ito, siya ay sumigaw, Ang may pakinig na ipakinig, ay makinig.

96 O, anong talinghaga! Makapangangaral ako ng isang teksto tungkol diyan sa aking sermon. "Nang salitain Niya ang mga bagay na ito…", ang ika-8 kabanata, ika-8 talata at ika-8 kabanata.

At ang iba'y nahulog sa mabuting lupa, at tumubo at nagbunga ng tigiisang daan. Pagkasabi niya ng mga bagay na ito, siya ay sumigaw…(sumigaw, marahil parang ganito nang sabihin Niya, "Nagbunga ng

tig-iisang daan. Ang may pakinig na may pakinig ay makinig." Sa ibang salita kung ang tainga mo ay nakatuon sa Diyos, ay makinig, kita n'yo.)

At tinanong siya ng kaniyang mga alagad, Kung ano kaya ang talinghagang ito?

At sinabi niya, sa inyo'y ipinagkaloob ang mangakaalam ng mg ahiwaga ng kaharian…(ang mga hiwaga nakikita ba ninyo kung ano ang ipinangungusap Niya rito? Ngayon ay masdan. Ano ba ang hiwaga ng kaharian? Masdan n'yo sa isang sandali lamang)…*mga hiwaga ng kaharian ng Diyos: ngunit sa iba'y nagsasalita ako ng talinghaga; sapagka't nagsisitingin ay hindi sila nangakakakita, at nanagkikinig, ay hindi sila mangakaunawa.* (Kita n'yo ngunit ang Salita ng Diyos ay hahantong sa paghatol upang hatulan sila---sapagkat nakita nila iyon! Naroroon iyon!)

Ito ang talinghaga: Ang binhi ay ang Salita ng Dios

97 Ano ang binhi ng Buhay? Ang salita ng Diyos! Kung kaya, para sa Buhay, hindi ka maaring dumaan sa kredo, hindi ka maaring dumaan sa isang denominasyon, kailangan kang magbalik sa Salita! Ngayon, ang binhi ng Buhay.

98 Ngayon, ang Salita Niya ang Kaniyang Binhi, at ang Kaniyang Espiritu ang tubig. Ngayon, balikan ang Juan 3:14, makukuha n'yong muli ito, kita n'yo. Kita n'yo? Ang Espiritu ang tubig.

99 Ngayon tingnan, sa Juan 3:14, nauunawaan natin kung ano ang kahulugan nito kung nais n'yong basahin ito.

At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ahas, ay gayong kailangan itaas ang Anak ng tao:

100 Kita n'yo? Ngayon, kung itinaas ni Moises ang tansong ahas, sa gayon ding kadahilanan ay naitaas si Cristo, ngayon ano ito? Itinaas ni Moises ang tansong ahas upang ang mga taong nangamamatay ay magkaroon ng tubig para sa buhay. At masdan, si Jesus…(O Diyos!) si Jesus ang Salita ng Diyos. Ngayon, mamartilyuhin natin yan upang bumaon sa hapong ito, kita n'yo, patututnayan natin 'yan.

101 Si Jesus ang Salita ng Diyos, at pasasabugin Niya iyon upang mabuksan, ang buhay na iyon, ang Buhay na nasa loob ng Binhi. At kung ito'y magpapalitaw ng iba pa, may ibang uri ng binhi roon kung gayon! Amen! Nauunawaan ba ninyo?

102 Kung ang Espiritu ng Diyos ay darating upang diligin ang Binhi, kung ang binhi ang dinidilig nito, mamumunga ito ng Buhay na Binhi. Malinaw ba

185 Tama kaya't ang mga mananampalataya ng Salita at Espirkitu ay dapat maging isa. Nakukuha ba ninyo? Ang mga mananampalatay, ang Salita, at ang Espiritu ay walang pag-aalinlangang Iisa. Hindi ikaw ang nag-iisip ng sasrili mong kaisipan; hindi mo ginagamit ang iyong sariling diwa. Hindi ba't napakaganda niyan? Ang diwang na kay Cristo at tatanggapin n'yo ang Salita, gaya ng ginawa Niya dahil Siya ang Salita. At kung diwa ni Cristo ay nasa inyo, kayo ang Salita. Kayo ang Buihay na Salita ng Diyos, mga kinatawan Niya sa lupa---tama 'yan---ipinagpapatuloy ang gawain. Ang iglesia ay dapat maging ganiyan.

186 At kung magkagayon, ang Biblia ay muling maipamamalas tulad noong unmag mga kaarawan ng mga alagad, katulad na katulad ng mga algad. Ang Biblia ay muling nabubuhay sa katauhan ninyo.

187 Ngayon ay tingnan natin, kailangan kong sikapin makuha ang hindi bababa s alabinglimang pahina rito ng madalian, ayaw ko sanang gawin 'yon, ngunit sadyang kailangan kong magmadali dahil kung hindi, ay mamayang hapon naman ako magkukumahog, at mayroon akong Gawain bukas, at kailangan ko talagang mag-apura ngayon. Tama, ngayo'y sisiskapin nating higit na mapabilis ito kung magagawa natin; sasaltikin kaagad natin ito. Kayo ba'y sumasampalataya?

188 Tama. at kung magkagayon, ang Biblia ay maipapahayag nang muli tulad ng mga unang panahon ni Cristo. Kita n'yo, sapagkat ikaw ay isang predestinadong binhi katulad ni Cristo noon; at kapag ang ulan ay pumatak sa binhi, ang buhay ay mamumunga ng sarili nito. Kapag ang Espiritu Santo---ay pumatak---nang Ito'y pumatak sa mga binhing iyon na ang wika ni Jesus ay hinirang na Niya kalian?---bago pa itatag ang sanlibutan. Kung magkagayon, sila'y mga predestinadong binhi. Tama b a'yon? Nang magkagayo'y nagkatipon sila sa silid sa itaas, ang mga binhing ito, ang Salita, at ang Salita ay nakahimlay doong walang taglay na Buhay. Bigla na lamang may narinig na ingay na mula sa Langit nang magsimulang bumuhos ang tubig. At totoong pinuspos nito ang buong kabahayan kung saan sila nakaupo. At ang mga binhi ay nagsimulang sumibol. Nagpasimula nilang ipahayag ang kanilang sarili---ang Salita ng Diyos ay naipapahayag.

189 Tama, bakit kung gayon humupa na ang apoy ng revival? Ngayon, mayroon akong mga sampung Kasulatan dito (kung mapapansin n'yo lang ito rito) na kailangan kong banggitin, ngunit kailangan kong laktawan ang marami rito, at akin lamang…upang makuha ninyo ang nilalaman nito.

190 Tama, bakit nga ba humupa ang apoy ng revival? Ngayon, kakailanganin kong bumanggit ng mga pangalan. Hindi ko na muling gagawin

Ama.” Ay naku! Ngayon nasaan na ang iyong dakila at malaking bagay na iyong nagawa? Wala kang anumang nagawa. Dapat ay mahiya ka. Ang Diyos ang gumawa ng lahat ng bagay. Ang mga gulong ay umiinog nang tama.

180 May dumating noong isang araw at nagsabing mayroon daw isang nagsalita ng masama tungkol sa akin at inaakusahan ako ng isang bagay na mali. Ang sabi ko, “Ay kalimutan mo na ‘yon.”

Ang sabi, “Paano mong natatanggap iyon nang ganiyan? Sangkot ang pamilya mo riyan.”

181 Ang sabi ko, “Ay naku.” Ang sabi ko, “Iyan ay nakatalaga nab ago pa itatag ang sanlibutan na ako’y mabigyan ng isang pagsubok.” Ang sabi ko, “Naku, naku, naku. Tiyak iyon kaya’t ayos lang ‘yon.”

Ang sabi, “Paano mo nagagawa ito?”

Ang sabi ko, “Kung titingin ako sag awing ito, ako’y laging nalulugmok.”

182 Iyan ang nangyayari sa mga tao ngayon: “Kung tatanggapin ko ang Katotohanan ng Salita ng Diyos, Kapatid na Branham ay sisipain nila ako palabas.” Buweno, ano ba ang tinitingnan mo rito? Doon ka tumingin sa dulo ng landas. Kita n’yo, ang isang taong ganito tumingin, hindi niya alam kung saan siya patutungo. Dito siya tumitingin. Ngunit kung ika’y titingin sa gawi pa roon, hindi na magiging mahalaga sa iyo kung ano ang nagaganap ngayon, alam mo kasi kung saan ka patutungo. Kita n’yo? Iyon na ‘yon. Tumingin ka kung saan ka patungo. Manatiling nakahanay sa Salita.

183 Tama, itinalaga tayo ngayon sa pagkupkop. Ngayon, naniniwala ba kayong tayo’y predestinado? Ngayon, si Jesus ba’y predestinado? Siya ang Kordero ng Diyos ma pinaslang bago pa magkaroon ng meteor, bago pa magkaroon ng molekula, ng atoma---o anuman. Siya ang Anak ng Diyos na pinaslang. Oh, ang kadakilaan ng Diyos. Pagkatapos ay itong mga mumunting utak-mani na galling sa kung anong munting gawa-gawaang sobrenatural na papisan sag awing ito ay sumusubok sa debatihin iyon at sasabihing hindi iyon tama. Kahiya-hiya iyan.

184 Sino ka? Ang iba pa nga sa kanila ay nagsasabing walang impiyerno, at kayo’y nakaupo sa isang palayok nito araw-araw---walong libong milya ang kapal diyan lang sa ibaba ninyo, volcanic, at pagkatapos ay titingala ka at lalabanan ang Diyos at ang Kaniyangg Salita? Kapag nilabanan mo ang Salita, nilalabanan mo ang Diyos. Tama. Ay naku! Gaano Ka kadakila Panginoon. Gaano dapat kami maging mapagpasalamat.

‘yan? Mamumunga ng Buhay na Binhi, dahil ito ang dahilan kung bakit ipinagkaloob ito.

103 Sumasampalataya ako na ang Biblia ang Salita, ang buong katotohanan at si Jesus ang Salitang naipahayag; Siya at ang Kaniyang Salita ay Iisa at magkatulad. Ano Siya? Ngayon masdan. Siya yaong Binhing iyon.

(Ngayon, kailangang pigilin ko ang isang bagay na ito para maibilang ito rito mamayang gabi, kita n’yo mahirap ito.)

104 Siya yaong Binhi na dapat sana’y ibinunga ni Eva. Nakukuha ba ninyo ito? Siya ang Binhi na dapat sana’y maipamunga ni Eva, subalit hinalong-lahi niya ito sa pamamagitan bg di paniniwala sa Salita ng Diyos. Kaya’t Siya ang Binhing iyon, at ang tanging paraan upang lumabas ng buhay, sa pagpaparami ng Buhay, ang bunga ang kailangang dumaan sa Binhing iyon, at ang Binhing iyon ay dapat mamamtay upang maisambulat ang Buhay! Hindi ba ninyo nakikita ito? Iyan ang dahilan kung bakit ibinigay ang Tubig---upang diligan ang Binhi.

105 Ang Banal na Espiritu na naroon sa Hardin ng Eden ay pandilig ng Binhi. Ang tao ay hindi ginawa upang mamatay; siya ay ginawa upang mabuhay, datapuwa’t ang paghahalong-lahi ang naghatid ng buhay…o ng kamatayan pala. Ang babae ay nakipaghalong-lahi. Ngayon ay itinatanggi ninyo ang binhi ng serpente. Kung gayo’y tatanungin ko kayo, “ Ano ang dahilan ng mga gawaing-paglilibing na ito?” Siya ay halong-lahi mula sa orihinal. Iyan ang dahilan kung bakit patuloy tayong namamatay. Ngunit (o, Diyos!) mayroong punlang-binhi ng buhay na nagmula sa tunay na binhi; ibinangon Niya Siyang muli! Kita n’yo? Na sa pamamagitan ng buhay na iyon na lumulukob sa orihinal na Binhi tulad ng ipinagkaloob kay Eva, lumulukob sa Kaniyang tunay na Iglesia, Ito’y namumungang muli ng Buhay sa pamamagitan ng pagsilang, sa pamamagitan ng sinapupunan, ng Kaniyang Nobya, Kita n’yo?

Oh, ito’y mayan at maluwalhati. Ngayon, magbibigay ako ng kaunting panahon upang mapag-aralan ito nang sa gayo’y bumaon ito.

106 Siya ang Binhi iyon. Siya ang Binhing iyon na ibinunga ng Salita ng Diyos. “*Mangyari sa akin ayon sa iyong salita.*” Hayun ang Binhi. Kita n’yo? Tinatanggap ang Salita, kita n’yo?

107 Ngayon, si Jesus ay ang Salitang naipahayag. Siya at ang Salita ay Iisa at magkatulad, at iayn ang dahilan kung bakit ito’y napaka…naipahayag ng buong kasakdalan sa Kaniya. Iyan ang dahilan jung bakit naipahayag ng Diyos ng buong kasakdalan ang Kaniyang Sarili kay Jesus: dahil Siya ang Binhi ng Salita, ang miamong semilyang Salita (ang semilyang nasa loob ng binhi, iyon

ang Buhay na nasa binhi). Nakukuha n'yo? Kita n'yo, ang… Siya ang semilayang Salita na Diyos. Ang semilya ay ang Espiritu; ang semilya ay ang Tubig, at si Jesus ay kinailangang mabuksan doon upang ang binhing iyon ay makapagpalabas na taglay nitong Buhay upang madiligan ang iba pang binhi na magsisilitaw. Nakikita ba ninyo? Maging Siya ay nagsabi, "May iba pa kong mga tupa. Makikita nila iyon; kukunin nila ang Salitang iyon at mananatili sila Roon. At Aking susuguin ang Espiritu upang diligin ito, at ito'y mamumunga ng katulad na katulad nito." Ito'y mamumunga ng mga himala, ito'y mamumunga ng kapangyarihan ng Diyos, ito'y mamumunga ng… at hindi niyo itatanggi ang anuman, dahil ito'y kalahing binhi ng Binhi. Hindi nito magagawang sabihin. "Ginoong amorseko, halika't makipamuhay sa akin." Hindi, hindi, po; hindi, hindi. Hindi ito magagawa nito. Hindi nga. Hindi talaga ito maglalaho. Hindi mo maaariing paghaluin ang kamatayan at buhay. Hindi maaaring patay ka na samantalang nabubuhay ka pa ng sabay.

108 Kaya, nakikita n'yo ba kung ano ang ibig kong sabihin? Ito ang Semilyang nagmumula sa Binhi---Siya iyon. Siya ang Salita ng Diyos na lubusang naipahayag. Iyan ang dahilan na nasa Kaniya ang ano? Iyan ang bagay na Siya ang tamang… ang anak mula sa unang Adan ay ang anak na lalaking ipinangako sa pamamagitan ni Adan na magpapatuloy sa lahi ng sangkatauhan, at hinalong-lahi ito ni Eva sa serpente at ang nailuwal ay isang lahi ngmga bastardong anak na naisilang sa kamatayan, walang Buhay, at si Jesus ay dumating at Siya yaong binhing iyon. Pinatunayan Niya ito. Lahat ng bagay na naiwala ni Adan, ay taglay ni Jesus. Nakikita n'yo ba ito? Siya ang tamang… dapat sana'y nailuwal ni Eva sa kahulian ang batang iyon, datapuwa't hinalong-lahi niya ito, pinapasok niya ang serpente, nakinig siya dahil sa karunungan, kaunawaan, kaalaman.

109 Ngayon, maghintay hanggang sa dumating tayo sa Nobya sa pamamagitan nito. Iyan ang … iyan ang dahilan kung bakit pinaniniwalaan ko kung ano ang aking pinaniniwalaan. Kailangan itong magbalik sa Salitang ito. Iyan ang dahilan kung bakit sinasabi ko na kung may nais makipag-dikusyon sa akin, kausapin n'yo ako tungkol sa Salitang ito, "Halikayo." Tama'yan. Ito'y aking alok anumang oras. Kung sa palagay ninyo'y ang pangalan ni Jesus Cristo ay maling paraan upang magbautismo, halikayo't kausapin n'yo ako tungkol dito. Kung hindi kayo naniniwalang mayroon talagang bagay na tinaguriang binhi ng serpente, halikayo't makipagkita sa akin. Basta't kunin lang natin ang Salita. Kung hindi kayo naniniwala na ang mga babae ay dapat magpahaba ng buhok, at iyon ang kanilang lambong, halikayo't kausapin ninyo ako tungkol dito kasama ng Salita. Kung hindi kayo naniniwala na ang wakes ng panahon ay nalalapit na at ang mga bagay na ito na aking sinasalita

Sumainyo nawa ang biyaya at kapangyarihang mula sa Dios na ating Ama at sa Panginoong Jesucristo. (Tama.)

Purihin nawa ang Dios at Ama n gating Panginoong Jesucristo, na siyang nagpala sa atin.…(ngayon, kausap niya ang Iglesia, ha, hindi ito mga taga labas; ang iglesi lang)…*ng bawa't pagpapapalang uko sa espiriti sa sangkalangitan.*…(gaya sa umagang ito---yaong mga nagsisiibig dito; talagang kumakain nito)…*sangkalangitan kay Cristo:*

Ayon sa pagkapili sa atin.…(Tayo ba ang pumili sa Kanya? Aha? "O, Kapatid na Branham, Ipagpaumanhin mo, pinili ko Siya." Hindi ikaw…Ayon sa Salita hindi mo siya pinili. Ang sabi ni Jesus, "Hindi ninyo ako pinili; ako ang pumili sa inyo." Ay Siya nga. Kalian Siya namili? Kailan ba sinabi ni Jesus na pinili Niya ang Kaniyang iglesia?---bago itatag ang sanlibutan.)

*Ayon sa pagkapili Niya sa atin.…(*sa huli bang revival na idinaos ni duktor nganito at ganoon? Hindi, hindi. Maari mong mabasa iyan sa kredo, sa isang teksbuk, ngunit hindi sa Isang Ito.)

Ayon sa pagkapili niya sa atin bago pa itinatag ang sanlibutan.…

178 Kailan ba tayo pinili? Noong huling revival? Nang gabing tayo'y maligtas? Aba, nang wala pang sanlibutan, wala pang mag bituin, wala pang mga atoma, wala pang molekula----noon tayo pinili. Amen. Huwag n'yo akong hayaang magpasimulang mangaral tungkol diyan. Sinisikap ko lamang na ipaliwanag ang isang bagay ditto. Ngayon:

…*bago itinatag ang sanlibutan, upang tayo'y maging*…(ano?---mga kasapi? "Hindi, tayo'y dapat…oh, matapos tayong maligtas, maaari na nating gawin ang maibigan natin"---hindi)…*upang tayo'y maging banal at walang dungis sa harapan niya sa.…(*pagsapi? O, hindi. Pag-ibig ito, hindi ba? Tama 'yan. Mabuti. Sa pag-ibig! Ipagpaumanhin n'yo naninighal na yata ako, ah. Hindi ko dapat ginagawa ito, tama)…*sa pag-ibig.*

Na tayo'y.…(Ano? i-t-i-n-a-l-a-g-a)…*itinalag niya ng una pa sa pagkupkop na tulad sa mg anak*…(ang binhi mula pa sa pasimula, kita n'yo)…*sa mga anak sa pamamagitan ni JesuCristo sa ganang kaniya, ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban.*

179 Sino ang gumawa nito?---Ang Diyos? Kalian Niya ginawa ito?---bago pa itatag ang sanlibutan. Kung gayon, kung tayo ay naparito sa isang lehitimong kapanganakan sa pamamagitan ng kabulukan ni Eva, at dahil dito'y tayong lahat ay naging anak niya at napailalim sa kamatayan, nang magkagayo'y ang sobereynong Diyos ay kailangang gumaw ng daan upang tubusin ang Kaniyang mga anak. "At lahat ng ipinagkaloob sa akin ng Ama ay pariririto s akin. At walang sino mang makalalapit malibang palapitin siya ng

173 Ano ang binhi ni Abraham ngayon? Hindi ang Kaniyang laman. Sinabi ni Pablo na ang Judio…ang Judio sa panlabas ay hindi totoong Judio; kundi ang Judio sa kalooban. Kita n'yo? Ano ang binhi ni Abraham?---yaong magsisismpalatay sa buong Salita ng Diyos, kahit ano pa anong sabihin ng alin mang denominasyon, o ng tatay o ng nanay o sinuman; pinaniniwalaan nila ang buong Salita ng Diyos. Ang sabi ng Diyos, "Pagtitibayin ko ang aking tipan ngayon din (itatalaga) ang tipang ito sa iyo at sa binhi sa bawat salinglahing susunod s iyo na maniniwala rito." Hayun ka na ---binhi ni Abraham. Ngayon sasabihin mo…ngayon ay masdan, sinabi ng Diyos, "Pagtitibayin ko ito sa binhi."

174 "Buweno," sasabihin mo, "Kapatid na Branham, iyan ay magbibigay sa bawa't isa…" maghihintay lang sandali. Tumungo tayo sa mga Taga-Efeso ngayon, dito sa aklat ng Mga Taga-Efeso. At pagkatapos ay babasa tayo ng kaunti rito, at tingnan natin kung ano ang masasabi ng Diyos tungkol sa paksang ito. Ngayon, makinig. Si Pablo---ngayon, masdan ninyo kung paano niyang isinasaysay ito ngayon. Ngayon bawa't isa'y magsi…magsitindig na ngayon. Kakaunti na ang ating… sa inyong tagamanman. Mayroon na lamang tayong ilang sandali ngayon, pagkatapos tayo ay…mga apatnapu't limang sandali, mga gano'n, pagkatapos ay magwawakas na tayo para makapananghalian.

175 Ngayon ay tingnan:

Si Pablo, isang apostol…(ano ang apostol?---yaong isang isinugo. "Si Pablo, isang isinugo ni Jesus Cristo." Tama ba 'yon? "Sa pamamagitan ng kalooban ng Sanhedrin?" Nagkamali yata ako ng pagbasa, hindi ba? "Sa pamamagitan ng katuruan ng Lutheran." Buweno, kahit pa nga paano…)

Si Pablo na isang isinugo ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal…(Sino ito? Sa lahat ba? Hindi po. Hindi lahat ay makatatanggap nito. Tama 'yan)…*sa mga banal na nangasa Efeso, at sa mga tapat kay Cristo Jesus.*

176 Yaong mga nangaroroon na. iyan ang inaasahan kong kausap ko sa umagan ito---yaong mga na kay Cristo Jesus na. ngayon diyan na nga ito… Kita n'yo, hindi n'yo maaaring sabihan ang mga sanggol na naroon sa labas tungkol dito. Hindi nila kayang kumain ng karne; kailangang gatas pa ang inumin nila. Nabanson na sila, kita n'yo. Kaya't alalahanin, hindi nila magagawang kumain ng matigas na karne.

177 Ngayon:

…at sa mga tapat kay Cristo Jesus:

ay…halikayo't makipagusap sa akin tungkol dito, kita n'yo. Pumarito kayo sa akin. Kapatid kong binhi, pumarito ka lang. Tama.

110 Hindi maaaring ikaw ay binhi pagkatapos ay hindi ka sasang-ayon sa Salita dahil ang Salita ay ang Binhi. At kung ikaw ang Salita, paano kang sasalungat Dito? Para mo na ring sinalungat ang iyong sarili. Sinisira mo ang sarili mong layunin. Tulad ng may nagsabi, "Bakit ka ba sumasama sa mga taong katulad niyan?" Mangyari, kung hindi ko ito gagawin, para ko na ring nilabanan ang pinakalayunin ng pagkasugo sa akin dito. Kailangang magkaroon ng isang tanglaw.

111 Ngayon sa ating pagpapatuloy, ipapasok natin ang mga bagay na ito at ipakikita nating kung paano naisasayos ang mga ito---nang ugmang-ugma at sakdal na sakdal sa Salita.

112 Ngayon, opo. Siya ay…iyon ang dahilan kung bakit nagawa ng Diyos ng kumilos sa pamamagitan Niya. At ano ang sinabi Niya noong narito Siya sa lupa?---"Hindi Ako makagagawa ng anuman malibang ipakita sa Akin ng Ama "---angkop na angkop. At anumang bagay na ginawa Niya ay laging binibindika ng mga Kasulatan. Ang sabi Niya. "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan dahil ang mga ito ang nagpapatotoo tungkol sa Akin, at kung hindi Ko ginawa ang mga bagay na sinabi nilang kanilang ginawa, kung gayo'y hindi Ako ang Orihinal na Binhing iyon. Subalit kung totoong ginagawa Ko ang mga bagay na iyon, bakit hindi kayo sumampalataya sa Akin? (Tama 'yan.) Kung hindi n'yo Ako masampalatayanan , sa aking tinatayuan, kung magkagayo'y sampalatayanan ninyo ang Salitang Aking sinasalita, sampalatayanan ninyo ang mga gawang Aking ginagawa, dahil ang Aking Binhi ay makapamumunga lamang ng kung ano Ako."

113 Ang amorseko ay magiging amorseko lamang. Maari mong ihalong-lahi ito sa ano pa mang bagay datapuwa't ito'y amorseko pa rin. Tama 'yan. Tatanggapin ito nito.

114 Iyan ang dahilan na ang dalawahan ay isang mapagpaimbabaw. Iyan ay halong-lahi. Ang isang lalaki na nag-aaking siya'y isang tao ng Diyos at pagkatapos ay itatanggi ang Salita, siya'y isang mapagpaimbabaw. Ang isang mola na nag-aaking siya'y isang kabayo, siya'y hindi kabayo. Ang sabi niya, "Ako'y isang asno." At hindi rin siya gayon; ika'y isang ipokrito, isinilang na bastardo, talagang angkop na angkop. Payak iyan, datapuwa't ganiyan talaga 'yan. Hindi Niya nilayong gawin iyon. Ang tao ang gumawa niyan sa pamamagitan ng kanyang karunungan. Doon siya kumukuha.doon humahantong ang lahat ng karunungan ng tao---sa pagsilang na isang bastardo. Tama.

115 Ngayon, iyan ang dahilan kung bakit si Jesus ay buong kasakdalang naipahayag---Ang Diyos ay buong kasakdalang naipahayag kay Jesus dahil Siya ang Salita ng Diyos. Siya ang Salita ng Diyos. Iyan ang dahilan kung bakit wala Siyang ibang maipapamunga---kundi ang tanging katugmang – katugma ng Diyos lamang. At kung ang Diyos ay nasa iyo, ano pa ang maaaring kalabasan mo?

116 Hindi ba't sinabi ni Jesus tungkol sa mga propeta kung kanino tumungo ang Salita ng Diyos…Kanino ba dumating ang Salita ng Diyos? Sa mga propeta. Hindi ba't tinawag sila ni Jesus na *mga diyos* ? Bakit?---Ang Diyos ay naipamalas sa Kanila. Ano ito?---ang binigkas na Salita na naipamalas. Kita n'yo? Iyon na 'yon. Ang sabi, "Paano ninyo magagawang itanggi…sabihin mo… Kung ika'y may karunungan, ay mauunawaan mo." Ang sabi Niya, "Ako…paano ninyo masasabing kayo'y…tinagurian natin silang…ang Diyos Mismo ang tumawag sa kanila ng mga diyos." At sinabi Niya, "Paano n'yong nagagawang sabihin na sinasampalatayanan ninyo sila at pagkatapos ay itatanggi ninyo Ako kapag sinabi kong Ako ay Anak ng Diyos?" Bakit hindi nila nakita ito kung gayon?

117 Ganito rin sa araw na ito: "Ako ang Binhing iyon na darating (ang binhi ng babae)." "Bibigyan kita ng binhi "---sa serpente. Dinungisan na siya ng serpente. Ang sabi Niya, "Datapuwa't ang binhi mong ipagkakaloob Ko sa iyo ay susugat sa kaniyang ulo. " Muli Niyang kukunin ang bagay na iyon! Amen! Ang pag-asa ko'y---sana'y makita ito ng bawa't isa. "Ako'y naparito upang manakop at iwasto kung ano ang kaniyang nagawa." At ang tanging paraang magagawa ko ay sa pamamagitan ng isang babae na sumasampalataya sa Binhi kung saan ang isang babae ay hindi nakapananampalataya sa Binhi. Isang babae ang sumampalataya sa Salita kung saan ang isa ay hindi nakapanampalataya. "Ako'y isang mananagumpay. Ako yaong naparito upang magbigay ng Buhay upang sa pamamagitan ng Aking kamatayan, ay mabayaran ang multa ng kaniyang ginawa, sa pamamagitan ng Aking Buhay na ibibigay sa inyo, at dadaloy sa inyo at kayo'y magiging mga anak na lalaki ng Diyos at anak na babae ng Diyos " (kita n'yo?)---habang ang Binhi ay naroroon.

118 Ihinalong-lahi ninyo ito at ang tanging taglay n'yo ay isang makadenominasyong bastardong anak. Iyon lang. Anumang bagay na tumatanggi sa Salita. Ipagpaumanhin ninyo, mga kapatid kong babae. Nais kong kayo'y…kailangan kong sabihin ito kung paano itong nakasaad dito, kita n'yo. At ganiyan talaga ito.

119 Ang lahat ng mga anak na lalaki ng Diyos ay dapat na maging magkakatulad. Opo. Ang maisilang ng Salita at Espiritu ay nagpapabalik sa

"Paniniwalaan ang alin, Kapatid na Branham?---ikaw?"

170 Hindi po, hindi po. Kung ako ang paniniwalaan ninyo…Ang sinasaysay ko ay ang Salita. Hindi ako naglalagay ng anumang bagay dito. Sinasabi ko lang sa inyo kung ano ang sinasabi ng Biblia tungkol as paniniwala sa Kaniyang Salita. at iyan ang aking ginawa, ang sikaping sampalatayanan ang Salitang iyon kung paano Itong nasulat. Hindi ako0 nagdadagdag ng anuman, o nagbabawas ng anuman; binabasa ko lang Ito kung ano Ito at sinasampalatayanan Ito kung ano lamang Ito. At sa pamamgitan ng biyaya at tulong ng Makapangyarihang Diyos, ay pinagtibay Niya Ito at hinihiling ko sa kanino man n aIto'y pamalian. Ngayon, kayong mga nakikinig sa teyp, pumarito kayo't gawin n'yo ito. Sabihin n'yo sa akin ang isang pagkakataon na nakapangusap ako ng anumang bagay na mali…at ito'y hindi naganap. Sabihin n'yo sa akin ang anuman, saan mang pagkakataon kung kalian hindi ito pinagtibay ng Diyos at ginawang ugmang-ugma sa pagkakasabi nito.

171 Tama. Dahil Siya'y predestinado, ginagawa Niya ang Salitang Binhi ang siya ring tubig saan? Ang iglesiang ito ngayon ay isang Nobyang predestinado? Sinabi ban g Diyos na magkakaroon Siya ng isang Nobyang walang bahid-dungis o kulubot man? Kung gayo'y predestinado ito, hindi ba? Kita n'yo? Buweno si Cristo ay predestinado. Siya ang maharlikang binhi ni Abraham, at ano ang ginawa nito? Nang ang Espiritu ay dumapo kay Cristo, nagpatotoo Siya sa Salita ng Diyos, at nang ang Tubig, Espiritu, ay pumatak sa Salitang Binhi, ang pananmpalataya ng Maharlikang Binhi ni Abraham sa Salita ng Diyos ay mamumunga katulad na uri ng ani.

172 Sasabihin mo, "Hindi ako naniniwala riyan." Kung gayon, tingnan natin. Humayo tayo ngayon at tingnan natin; tayo ba'y binhi ni Abraham? Genesis 17. balikan ang Genesis at kunin ang ika-17 kabanata. Nilalaktawan ko ang marami sa mga ito, ngunit kailangan kong talakayin ang ilan sa mga ito, rito dahil baka may kritikong dumatibng at magsabing, "Hindi ko pinaniniwalaan 'yan," kaya't maglalagay tayo ng kayunti roon upang mapigil Niya siya sa pagsasalita ng gayon, kita n'yo. Ngayon, 17:7. magsimula tayo sa ika-6 talata.

At ikaw ay akin gagawing totoong palaanakin…(Binhi ni Abraham)*…at papanggagalingin ko sa iyo ang mga bansa…*(mga Hentil at lahat na)*…at magbubuhat sa iyo ang mga hari.*

At akin pagtitibayin ang aking tipan…(ngayon ay masdan)*…sa iyo at sa iyong binhi pagkamatay mo sa buong kalahian nila, na tipang walang hanggan, na ako'y magiging iyon Dios, at ng iyong binhi, pagkamatay mo.*

166 Ngayon, sandali lang. Hindi ko maaring lampas an ito. Kita n'yo, si Jesus ay binhi ni Abraham, kung laman ang pag-uusapan. tama ba 'yon?---isang predestinadong binhi ni Abraham. At nang ang Espiritu ay suma-Kaniya, anong uri ng buhay ang Kaniyang inihatid?---Naghatid Siya ng ,isang pananampalatayang buhay. Anong uri ng buhay?

"Ang ibig mong sabihin ay magiging isa Siyang manlalakbay tulad ni Abaraham?"

167 Diyan nalilito ang mga tao ngayon. Sinusubok nilang isipin na ang isang lalaki ng Diyos ay kailangang gumawa nito at suunod dito at gawin iyon. O habag, hindi! Ano ang---paano ba naging, ang binhi ni Abraham si Cristo? Hindi sa Kaniyang…gasino sa Kaniyang katawan, dahil si Isaac, ang binhing iyon ni Isaac, sa kahulihan ay nahulog at namatay. Ito'y napadausdos-pabalik at nahalong-lahi rin. tutungo tayo diyan kaagad. Kita n'yo? Ngunit ang pananampalatayang binhi ni Abraham na sinasampalatayanan niya ang Salita ng Diyos kahit pa ano ang naging kalagayan…Hayun ka! Whew! Alam n'yo, parang gusto kong sumigaw! Tingnan, kita n'yo, tingnan, ang pananampalatayang binhi ni Abraham. Pananampalataya ni Abraham saan? Sa Salita ng Diyos. Kahit ano pa ang mangyari, tinawag niya ang anumang bagay na salungat Dito na tila baga wala ito roon. Ay, naku, hindi ba't pupunitin niyan ang mga denominasyon sa maliliit na mga piraso? Umph, umph, umph, umph! Tiyak na pipirasuhin nito ang mga ito.

168 Kung maging ang Katotohanan ng kasal at paghihiwalay ay mailalabas sa Liwanag nito na napakaloob sa Biblia, magiging dahilan ito upang mawasak ang bawat iglesia sa lungsod na ito---o maging alin mang lungsod---kung sususbukin nating mabalik dito. Kapuwa mali ang dalawang panid. mapatutunayan ko ito sa pamamagitan ng Salita. Kapuwa sila mali. Tama. Nararapat ba o hindi na ang isang lalaki ay gumawa ng ganito o gayon, o ang babae ay gumawa ng ganito o gayon, hindi ko babanggitin ito, dahil sapat na ang dami ng kalituhan sa kalipunan nila. Kita n'yo? Sinabi ni Jesus, "Hayaan n'yo sila. Ang bulag ay umaakay sa kapuwa bulag." Aba'y patuloy lang nilang pagtatalunan ito; hindi nila paniniwalaan ito. Kung sila'y nailuwal sa buhay na walang hanggan, sasampalatayanan nila ang salita. Tama iyan. Kung hindi naman, ipamamalas ng Diyos ang Kaniyang sarili sa kanila. Kung hindi nila pinaniniwalaan ito, hindi talaga nila pinaniniwalaan ito; 'yun lang.

169 Talakayin muna natin ito. Maaring talakayin natin iyan maya-maya, datapuwa't ayusin muna natin ito nang makita natin kung bakit dapat nating paniwalaan ang mga bagay na ito---kung paanong kailangan nating paniwalaan ang mga ito. Kailangan nating paniwalaan ang mga ito. Kung hindi ika'y ligaw; ligaw ka.

ating muli Sa binigkas na Salita tulad ng sa Juan 3. Kita n'yo? Ang maisilang ng Tubig at ng Espiritu, ano ang nagagawa nito? Kung magkagayo'y isinasauli kayo nitong muli sa dakong dapat sana'y kinalagyan na ninyo sa pasimula pa lamang. Kita n'yo? Iyan ang dahilan ng pagkamatay ni Cristo: Ibinabalik tayong muli saan?---sa pagiging mga anak ng Diyos.

120 Kung naisilang lamang sana ni Eva ang batang iyon…Nagawa niya sana iyon sa kahulihan. Hindi ba't sinabi sa kaniya ng Diyos, "Magpakarami kayo at kalatan ang lupa?" Datapuwa't kinailangan niyang lumakad paparito at ganapin ang papel ng isang patotot.

121 Sasabihin mo, "Napaka payak niyan, Kapatid na Branham," ngunit maghintay lang ng kaunti, dadako tayo riyan maya-maya. Kita n'yo? Sasabihin mo, "Hindi maaari 'yan" Puwes, makikita natin kung ang Salita ba'y nagsasabi nito o hindi. Kita n'yo? Kung magkagayo'y tama ito. Ang mga ito'y---hindi naito natatago. Kung ito ma'y matago, ito'y naitago sa mga nangapapahamak. Kita n'yo, iya'y tama.

122 Ngayon, ngayon ay mayroong…ibinabalik ito sa binigkas na Salita. Kung magkagayon, tayo ay ang Salita ng Diyos na naipapamalas. Kita n'yo? Ganito rin ang sinabi ni Jesus. "Ang sinomang sumasampalataya sa Akin, ang mga bagay na Aking---kung sino Ako, ano ang dahilan ng Aking pagparito at ang layunin kung bakit Ko ginagawa ito---upang maipanumbalik ang tao sa pagsampalataya sa Salita ng Diyos at wala nang iba pa siyang tatanggaping kasama nito, ang mga gawang Aking ginagawa,ay gagawin niya rin." Hayan na kayo.

123 Bakit ito hindi ginagawa ngayon?---ito'y halong-lahi, mga anak na bastardo, halo. Ito'y hindi---ito'y isang mola. Hindi nito alam kung anong pinaniniwalaan nito. Hindi kilala ng mola kung sino ang kaniyang tatay, o kung sino ang kaniyang nanay. Hindi…hindi siya purong –lahi; walang anuman ang nasa kaniya. Siya'y isang ilehitimong nilalang.

124 Iyan ang paraan ng sinumang taong nag-aangking sumasampalataya sa Diyos samantalang hindi sumasampalataya sa Kaniyang Salita at kukuha ng isang makadenominasyong kredo at ipalalahi ito sa Salita. Kita n'yo, hindi ka sa Diyos; ika'y patay. Hindi ka maaaring maging patay at buhay nang sabay. Kaya't maging ang Salita ng Diyos ay hindi lumalago. Ginagampanan mo lamang ang papel ng isang mapagpaimbabaw. Hayaan n'yong iya'y maging para sa Obispo, pari, cardinal o maging sino man. Iya'y tama. Kinakailangang ito'y maging ang Salita, kung hindi'y kayo'y patay---isa lamang ilehitimong anak. Ang Salita ng Diyos… Ang bahagi ng Diyos ay hindi tutubo. Marahil ay

kasama kang tumutubo sa iisang bukirin gaya ng kasunod na tatalakayin natin, ngunit tiyak na hindi ka kabilang sa kawan. Hindi ito tutubo.

125 Tama; tama, mapapansin natin kung gayon, kita n'yo, ang binigkas na Salita; kung magkagayo'y tayo ang Salita ng Diyos na naipamamalas.Ganyan ang nais ng Diyos na maganap sa Kaniyang Iglesia---ang magpamalas ng Kaniyang Sarili. Paano Niyang maipapamalas ang Kaniyang Sarili malibang ang Sarili Niyang binhi ay nasa taong iyon? Paano mo magagawang gamitin ang sarili mong kaisipan at pagkatapos ay ipamamalas ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan mo? Paano mong magagawang taglayin ang iyong sariling paniniwala at sabihing, "Puwes, ganito ang turo ng pastor ko…Ang aking…ang aking…ang kredo ko ay nagsasabi na itong…ang mga araw ng himala…" Paano mo magagawa ito at maging isang naipamalas na anak ng Diyos? Paano mo ito magagawa? Ang kamatayan ni Jesus ay walang kabuluhan sa iyo. "Oh,tinatanggap ko Siya …bilang Tagapagligtas ko" Hindi mo Siya tinatanggap! Sinasabi mong tinatanggap mo Siya, ngunit hindi! Ang mga gawa mo ang nagpapatunay kung ano ka. Ganito rin ang sinabi ni Jesus. "Kung ipinapalagay ninyong ako'y isinilang na ilehitimo…"

Ang wika nila, "Kami'y mga anak ni Abraham, at hindi nangangailangan ng sinumang magtuturo sa amin."

126 Ang sabi, "Kung kayo nga'y mga anak ni Abraham, makikilala n'yo Ako." Kita n'yo? Ang sabi, "Sino sa inyo ang makasusumbat sa akin tungkol sa kasalanan(o ng kawalan ng pananampalataya)? Ipakita n'yo sa Akin ang isang bagay na ipinangako ng Diyos tungkol sa Akin na hindi natupad. Ipakita n'yo sa Akin ang isa mang bagay na ipinangako ng Ama na hindi Ko natupad. Ang kasalanan ay ang di-pananampalataya. Ipakita n'yo nga sa amin ito kung gayon." Iyon ang pumutol ng kanilang mga sungay. Kita n'yo? Tiyak na tiyak. Ang sabi, "Sino ang nagpaparatang sa Akin? Sino ang susumbat sa Akin ng kasalanan at di-pananampalataya?" Kita n'yo? "Kung hindi Ako sumasampalataya, kung gayo'y bakit ginagawa ng Ama ang mga bagay na ginagawa Niya sa pamamagitan Ko katulad ng Kaniyang ginagawa---bawa't Salitang Kaniyang ipinangako? Ngayon ipakita n'yo sa Akin kung saan ninyo ito tinaglay"

127 Sino ang isinilang na ilehitimo kung gayon?---sila! Mga ilehitimong mga anak na nag-aangking sila'y sa Diyos. Ang sabi ni Jesus, "Kayo'y sa inyong ama, ang Diablo, at ang kaniyang mga gawa ang ginagawa ninyo." Ano'ng uri ba ng gawa ang ginawa ng diablo?---ang tangkaing ihalong-lahi ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ni Eva!

162 Iyan ang dahilan na nagawa ng Diyos ang Kaniyang mga gawa sa pamamgitan ni Jesus; Siya ay isang predestinadong Anak. Siya ang Korderong pinaslang bago pa itatag ang sanlibutan! Bago pa ang isang daang bilyon, trilyon, milyong mga taon na sinabi nating ipinangusap ng Genesis 1:1 kanina, Siya sa pagkakataong iyon ay naitalaga upang humalili sa Kaniya. Amen! Iyan ang dahilan, ang kalooban ng Ama ay tinupad Niya. Siya ang Salitang naipamalas. At bawat isa sa iba pang mga anak ay magtataglay ng katulad na nagpapamalas, at iyon ang mga predestinado.

163 Ang munting lupong iyon sa bawa't saling-lahi ay tatayo sa pagkabuhay na mag-uli simula sa pinakapasimula ng sanlibutan. At ang dahilan kung bakiy nanghahawakan sila rito…Maging si Pablo ay nangusap dito sa Apocalipsis…sa Hebreo ika-11 kabanata, ay nagsasabing sila'y nagsigalang ang suot ay balat ng tupa at balat ng kambing at sila'y maralita, at may karamdaman at pinagmalupitan; sa kanila'y di karapat-dapat ang sanlibutan! Amen! Walang makain, tinutugis, hinuhukay at inuusig, at nilalagari tulad ni Isaias at ng marami pang iba---si Pablo ay nangungusap tungkol sa kanila. Sino ang tinukoy niya, na nilagari?—si Isaias, ang propetang itinalaga bago magpasimula ang sanlibutan. Dapat sana'y naparito Siya sa pamamgitan ng sinapupunan ni Eva. Datapuwa't siya'y naparito sa sinapupunan ng isang babae; ang espiritu niya ay kinailangang maparito upang maging isang saksi.

164 Kaya't si Jesus man ay naparito bilang isang saksi ng kamatayan, libing at muling pagkabuhay na nag tao ay mamamatay, ngunit muling mabubuhay sa pamamagitan Niya! Dahil Siya ang Binhing kaialngan ng tumubo. Amen. Nawa'y makita n'yo ito.

165 Tama, dahil Siya'y predestinado. Ginawa Niyang laman ang Salitang Binhi sa inyo, na Kaniyang iglesias. Ang Salita ng Diyos…Sasabihin mo, "Tiyak na Kapatid na Branham, bawa't Salita, sinasampalatanan ko Ito." Kung gayo'y huwag kang aatras kapag nasumpungan mo ang tungkol sa iyong tradisyon, kita n'yo? Manatiling manghawakan sa Salitang iyon at manatili roon; masdan kung ano ang magaganap. Sasabihn, "O, Panginoon, sinasampalatayanan ko Ito. Isugo mo ang Banal na Espiritu." Pagkatapos ay magm,asid. At kung makapagpatotoo Siya, kung gayo'y alam mo na taglay mo na Iyon---hindi sa pamamagitan ng anumang sensasyon, ginagawa rin iyan ng Diablo; hindi sa pamamgitan ng isang himala, ginagawa rin iyan ng mga Diablo; kundi sa pamamagitan ng iyong di nagbabagong paniniwala sa Salita ng Diyos at ng buhay na iyong ipinamumuhay---walang itinatangging anuman. Tama, iyan ang nagiging dahilan upang ang Salita ay maging laman, kita n'yo, laman at ang tubig ding iyon na Espiritu.

mayroon nito. Datapuwa't ano ang naging sanhi ng paghahalong-lahi?---naghatid sa kamatayan. ngayon, kukunin natin 'yan ngayong hapon sa dalawang sinapupunan. kita n'yo?

158 Ngayon, ay pansinin. Ngayon, dito ay nakita na ng Diyos at Kaniyang itinalaga ang isang daigdig ng mga anak na lalaki't babae. Itinalaga Niya silang maparoon. At dahils sa paghahalong-lahi---ang hindi pananampalataya sa Salita ng Diyos, ay naging sanhi ng paghahalong-lahi---ibinalik itong muli ng Diyos upang hindi ka na maging halong-lahi pa; maari kang magbalik sa orihinal na Salita at maging anak ng Diyos tulad ng nararapat na maganap sa iyo sa pasimula. Kita n'yo?

159 Walang magawa si Cristo kundi ang maging kung ano Siya. Siya ang Anak ng Diyos. Iyon na 'yon. Nakikita n'yo ba kung ano'ng nais kong sabihin ngayon? Kita n'yo kung ika'y nailaan, makikita mo ang Salita ng Diyos, sasampalatayanan mo ito; dahil bakit?---mayroong bagay. Bakit? Narinig n'yo na ba ang tungkol sa mana-mana sa loob ng pamilya? Ang Isang…ang isang anak na lalaki ay manggagaya sa kaniyang ama, o sa ina, o sa lolo, o sa lola. Iyan ay mana-mana sa isang pamilya. Narinig na ninyo ito, hindi ba? Buweno, katulad din iyan ng predestinasyon. Ikaw ay dapat sanang naparito sa tamang paraan sa pasimula, ngunit dahil sa ika'ynaparito sa parang iyong ipinarito, ikaw ay napailalim sa pagkalugmok. Ngunit dahil ikaw ay predestinado , dinirinig mo ang Salita at ito ang nagpapanumbalik sa iyo kung saan ka predestinado! Amen. Hindi ko pa kailan man nakita iyan noon. Ibinalik ka nito sa…Ano ang nagbubunsod sa iyo upang sampalatayanan ang Salita ng Diyos at tanggihan ang iba pang mga bagay na ito? ito'y dahil ikaw ay…may isang bagay na nasa iyo. Noon pa ay dapat sana…ano kaya…na ikaw ay nilikha upang mabuhay dito magpakailan man.

"Ngayon, ang Kasulatan para riyan, mga mangangaral."

160 Narito na: "At yaong mga itinalaga Niya ay Kaniyang tinawag naman, at ang mga tinawag ay inaring-ganap naman Niya, at ang mga inaring ganap ay niluwalhati rin naman Niya!"

"Ano pa ang gamit ng pangangaral, Kapatid na Branham?"

161 Mayroong aanihin doon sa labas; ang tanging ginagawa ko ay naghahasik. Isinasaboy ko lang ito roon at tinitingnan kung saan ito napupunta. Kung tatanggihan nila ito, ang grasa ng karumihan ng sanlibutan, ang mga denominasyon ay sasalag ditto, wala akong magagawa; ngunit kung mayroong isa roon na makasisipsip nito, lalabas siyang isang anak na lalaki at anak na babae ng Diyos kasintiyak ng mundo. Amen! Dahil ito'y predestinado.

128 Ganiyang-ganiyan din ang ginagawa ng mga malalaking denominasyon ngayon. Ang mga gawa ng Diablo, ang ama nila, ang kanilang ginagawa. Sinisikap nilang kunin ang isang kredo at ilahi ito sa Salita ng Diyos! Iyan ang ginawa ni Satanas sa pasimula---ang ama, ang Diablo.

129 Pagpalain kayo ng Diyos, mga kapatid . Lumabas kayo rito! Sinabi ito ni Jesus. Kung mayroong isang katiting na bahagi ng Diyos sa inyo, dapat kayong tumingin at nang Makita n'yo ito. Halong-lahi! Ay naku!

130 Ang mga gawang ginawa ni Jesus---kung ang isang tao ay may binhi ng Diyos sa Kaniya at may Espiritu ng Diyos na dumidilig sa binhing iyon, ang katulad na mga gawang ginawa ni Jesus…naipamalas kay Jesus, Siya na orihinal na Binhi ng Diyos ang Kaniyang kamatayan ang nagbabalik sa inyo sa orihinal na Binhi ng Diyos at kung ang iisang Espiritu na nanahan sa Kaniya ay nasa inyo kung magkagayo'y ang katulad na mga gawa ay maipamamalas. Hindi ba ninyo sinasampalatayanan ito? Buweno, tunghayan natin ang San Juan 14:12.

131 Sasabihin mo, "Ako'y isang mananampalataya, Kapatid na Branham. Tiyak kong ako'y isang mananampalataya." Puwes, makikita ko kung tatawagin ka ng Salita ng Diyos na gayon.

Katotohanan, katotohanan….(di mapasusubalian, di mapasusubalian)….*sinasabi*

ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kaysa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama.

132 Ano ito?---iisang binhi. Hindi maaaring…paano mangyayaring nagtanim ka ng trigo rito at ng trigo rito at sasabihin mo, "Aani ako ng pipino rito at dito naman ay trigo?" Hindi mo magagawa ito. Ang tanging paraan para ka umani ng pipino ay ang magtanim ka ng pipino. At kung ihahalong-lahi mo ito, kung magkagayo'y hindi na ito magiging isang pipino. Ito'y isang magiging mapagimbabaw. Tama ba 'yon? Ito'y magiging isang mapagimbabaw, mga kaibigan. Ito …sadyang kailangan mong sabihin ito. Hindi ito alinman sa dalawa. Hindi na ito pipino o kung anuman ang inilahi mo rito. Ito'y pinaghalong-lahi, at ito'y masamang produkto, at ito'y patay sa kaniyang sarili, at hinding-hindi na nito magagawang ilahi ang sarili nito pabalik sa dati. Namatay na kaagad ito---pabalik, hindi na ito makauusad pa. Iyon ang tatapos dito; iyon lang. Ngunit kung nais mo ng pipino, magpasimula ka sa pipino. Kung nais mo ng isang iglesia, magpasimula ka sa Salita ng Diyos. Kung nais mo ng isang buhay ng Diyos, magpasimula ka sa Salita ng Diyos. Tanggapin mo ang Salita ng Diyos sa kabuuan Nito, bawa't sukat Nito.

At pagkatapos, tayo'y…At kung iyon nga'y ang kabuuan ng Salita sa inyo, kung gayon, ang ulang pumapatak ay namumunga ng kung ano ang nasa iyong halamanan. Kung gayon, ngayon, saan na patungo ang inyong Panghuling Ulan? Alam na ninyo kung saan ito tutungo pagkalipas ng ilang panahon, hindi ba? Patungo doon sa mga baging gubat na kinuha ni Elias , at inakalang hindi iyon mga baging gubat o na…ang paaralan ng mga propetang naroroon, ang taglay nilang denominasyon. Nangalap sila ng mga baging gubat at inakalang iyon ay…iyon ay mga butong panggulay. Ay, mainam.

133 Kung magkagayon, ang mga gawang maipamamalas Niya ay iisa…dahil ito'y ang iisang Binhing Salita ng Diyos. Ang Anak ng Diyos ang Kaniyang halimbawang Binhi. At kung ano ang naging buhay Niya nang mapasa Kaniya ang Espiritu Santo, ang pinakabuhay na Kaniyang ipinamunga ay (iyon ding dumidilig na Espiritu ng Banal na Espiritu)---ay magpapalitaw ng gayon ding uri ng Buhay, gumagawa ng katulad ng Kaniyang ginawa; kung ito'y iisang uri ng Binhi. Ang Binhing Anak ng Diyos ay namumunga ng Binhing Anak ng Diyos. Ngayon, kahiya-hiya kayong mga babaeng maikli ang buhok. Kahiya-hiya kayong mga mangangaral na tumatanggi sa Katotohanang iyan. Sasabihin n'yo, "Walang anuman yan; walang kinalaman ang buhok dito." Ngunit sinabi ng Diyos na may kinalaman ito.

134 Nakikita n'yo ba kung nasaan na ito? Kita n'yo? Iyan ang dahilan kung bakit sinasampalatayanan ko ang Salita. Ito'y isang Binhi. At kung ang ulan ay papatak sa isang Binhi, ito'y namumunga ng ayon sa uri nito. Ngayon ano ba'ng nangyayari sa mga revival na ito? Ano'ng gagawin ninyo?---kakalap ng isang milyon pa sa taong apatnapu't-apat: Mga Baptist,Presbyterian, at ano pa mang iba, mga Pentecostal. Datapuwa't nasaan na ang pagpapamalas ng mga gawa ni Jesus Cristo! "Wala Akong ginagawang ano man malibang ipakita muna sa Akin ng Ama." Saan nagmula ang gayong uri ng Binhi?

135 Ang Espiritu Santo ang didilig at magpapabunga sa Binhing iyon. Ito'y ang Tubig sa Binhi. Kung ang Binhi'y naipunla na, iyon na nga ang pinakadahilan kung bakit may Tubig. At kung ang Tubig ay papatak sa iyo at sasabihin mo, "Pagpalain ang Diyos, may sasabihin ako sa iyo, mangangaral. Ako'y si *Ganito't si ganoon* at hindi ako naniniwala sa bagay na iyan." Maka-denominasyon ka lang. Isa ka lamang matandang mapagimbabaw sa simula pa lang. Iyan ang uri ng binhing naipunla.

136 Huwag…huwag…huwag…huwag n'yo nawa akong hindi maunawaan. Mahal ko kayo, mga minamahal. Sinisikap kong maiparating ito sa inyo, kita n'yo. I…ititigil ko na ito kapag natapos ako sa araw na ito. Hahayaan ko na ito, nguni't nais kong malaman ninyo minsan man lamang kung ano ang tama at ang dahilan kung bakit pinaniniwalaan ko ang aking mga

152 Tama, ang mga gawa ay katulad ng naipapamalas sa Kaniyang iglesiang lilitaw, na siya ring naipamalas kay Cristo. Sinabi Niya ito---San Juan 14:12---"Langit at lupa'y lilipas ngunit ang Aking Salita ay hindi." Tama ba 'yan? Tama, predestinadong tulad Niya, ginagawang laman ang Salitang Binhi…Makabubuting tumigil na ako rito. Marahil ay hindi kayo, ngunit baka may nakikinig sa teyp na hindi makaunawa nito.

153 Predestinado: lahat ng anak na lalaki at babae ng Diyos ay prestinado. Tutungo tayo sa mga Kasulatan maya-maya at sisispiin ko na lang ito sa inyo---Efeso unang kabanata, ika-5 talata. Tama, tayo'y predestinado. Bakit?---Si Cristo ang orihinal na Binhi at ang orihinal na Binhing ito ay naitalaga sa paunang-kaalaman ng Diyos, nalalamang ang pagkalugmok ay darating, at itinalaga Siya upang humalili sa atin. Nakukuha n'yo ba? Lahat ng anak na lalaki't babae ng Diyos ay predestinado. "Ngunit," sasabihin mo ngayon, "kukundenahin ba Niya ang isang bagay?" hindi, po. Kayo'y naririto bilang isang taong may kalayaang mamili, ngunit ang dahilan kung bakit Niya ito alam ay dahil Siya, bilang Diyos, Yaong walang hanggan (tulad na naipangusap ko na sa inyo), alam na Niya ang lahat ng bagay na magaganap. Kilala na Niya kung sinu-sino sila.

154 Ngayon, hindi Niya itinulak si Eva upang gawin iyon, datapuwa't alam Niyang gagawin niya iyon.

155 Ngayon, di kataka-takang sinasampalatayan ko ang ika-12 kabanata ng San Lucas (sa paniwala ko'y dito nga). Sinabi Niya na Ako…(huwag muna ninyong isulat 'yan; isinulat ko rito para mamaya) na sinabi Niya, "Sila'y may mga mata ngunit hindi sila makakita. May mga tainga sila ngunit hindi makarinig. Tama ang ipinangusap ni Isaias tungkol sa inyo. Nakita na kayo ni Isaias noon pa." At doo'y nakaupo silang may mga mata, may tainga, at lahat ng iba pa, subalit hindi sila makakita. Bakit?---sila'y taga-taboy sa salita ng Diyos. Pagkatapos ay sinabi ni Jesus, "Oh kayong mga mapagpaimbabaw. Kayo ay mga…kayo ay mga anak ng Diablo at ang mga gawa niya ang ginagawa ninyo. Pagkatapos ay hahatulan ninyo Ako," ang sabi Niya---"tatanggihan n'yo ang Aking lingkuran," Samantalang ipakita ninyo ng buong Salita ng Diyos, tulad ng sa Kaniya, kita n'yo. Kita n'yo?

156 Ngayon, predestinado tulad Niya---ngayon ay sasabihin mo, "Paano bang dumarating ang predestinasyong iyan?" ang Diyos, pormal…ngayon lahat ng hindi nakaunawa rito, nais kong itaas ninyo ang inyong mga kamay ngayon pagkatapos ko, kita n'yo.

157 Ang Diyos, sa pasimula, ay nag-utos kay Adan at Eva na magparami at kalatan ang lupa. iyan ang paraan kung paano naibigay ang sex, kaya't

Anak ng Ama, puspos mg biyaya…" Kita n'yo? Hayun Siya, kita n'yo. Siya ang Salita ng Diyos na naipahayag. At ngayon Siya'y namatay upang mabayaran ang pagkakautang ng iyong pagkakahalong-lahi. Ngayon! Naku! Hayun na. Ano ito?---upang magawamong mamatay sa iyong sarili hanggang sa hindi na ikaw iyon at mapuspos ka ng Kaniyang Salita, sinasampalatayanan ang Kaniyang Salita at pagkatapos ay ang Espiritu Santo na nasa Kaniya ay bababa upang diligin ang Salitang iyon, upang patubuin Ito.

149 Kita n'yo? At kung magkagayon ay ano ito? Ang Diyos na nagpapahayag, ipinagpapatuloy ang gawain ng Kaniyang unang Anak, ang Kaniyang Bugtong na Anak, kita n'yo, na namatay dahil sa ating halong-lahing buhay, upang maipagkasundo Niya tayo pabalik sa pagiging mga anak na lalaki't babae ng Diyos upang sa pamamagitan ng iglesia, ay makadaloy ang gayon ding Buhay sa pamamagitan ng Salita, ipinagpapatuloy ang gawang naipapahayag tulad nang ito'y na kay Cristo. Si Cristo ang Salita ng Diyos na na naipahayag. At Siya'y namatay, inialay ang Kaniyang Buhay, upang maisugo Niya ang Espiritu---itinaas ang Kaniyang Katawan at isugong pabalik ang Espiritu upang diligin, bayaran ang halagang pantubos, kung sasampalatayanan natin ito. Iyon na nga ito---kung iyong sasampalatayanan. "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawang Aking ginagawa…" Pagkatapos ay darating ang Espiritu Santo sa Salita ring iyon ng

Diyos…

150 "Ngayon," sasabihin mo, "bakit, bakit mo ipinupukol ito sa Biblia kung gayon?" Ang Biblia ay kinakailangang mapasa iyo. Ang Salita ay isang Binhi, habang ito'y nakahimlay dito, hindi Ito makagagawa ng anuman. Datapuwa't kung ito'y makapapasok *dito,* kapag ito'y pumasok sa puso, kung magkagayo'y magpapasimula itong magpahayag sa pamamagitan ng Espiritu Sant, ng mga gawa ng Diyos. Pagkatapos ay darating ang mga pangitain, ang kapangyarihan ay darating, ang pagpapakumbaba ay darating. Lahat ng inyong *pagkakaalam-ng-lahat* ay lilisan. Magmimistula kang wala; si Cristo'y nagiging buhay. Namamatay ka; nabubuhay Siya. Hayun na. Dahil Siya'y namatay, ako'y nabubuhay. At kung ako'y mamamatay, pinangakuan Niya ako ng Buhay Niya. At ako'y namatay na sa aking sarili upang maangkin ko ang Buhay Niya; at paano kong nagagawa ito?--- sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kaniyang Salita. Sa Kaniyang Binhi, inilagay ang Kaniyang Binhi rito sa pamamagitan ng pananampalataya at sa paniniwala rito, at kung magkagayon, ugmang-ugmang ipinamumunga nito kung ano ang sinabi ng Biblia.

151 Ngayon, mga kapatid ko, magsaliksik kayo sa buong bansa. Makasusumpong tayo ng napakaraming panggagaya. Magpatuloy tayo ng ilan pang sandali.

pinaniniwalaan. At ako'y naniniwalang nadaya na kayo ng Diablo. Tapatan ito, alam kong nagawa na niya iyon. Ayon sa Salita ng Diyos, hindi Ito mabibigo. Nadaya na Niya kayo. Opo. Iyan ang dahilan kung bakit ipinangaral ko ang mga bagay na iyon tulad ng ginagawa ko: dahil sinabi ito ng Salita ng Diyos.

137 "Oh," sasabihin mo, "Kapatid na Branham, ibang araw na ito." Gayon ma'y ito'y ang siya pa ring Salita. Nakakuha sila ng trigo mula sa kaban noong panahon ni Jose at inilagay ito rito at itinanim ito rito, maraming taon na ang nakalipas. (Nabasa ba ninyo 'yon sa magasin?), at ito'y nagbunga ng trigo. Ito'y trigo pa rin; iyon ang dahilan. Ang tanging kinailangan nito ay kaunting tubig lang.

138 Ang Salita ng Diyos ay katulad pa rin nang Ito'y salitain Niya libong taon na ang nakalilipas. Ang tanging kailangan Nito ay ang tubig! Bakit hindi tayo makaani ng bunga?---dahil mali ang naipunla nating binhi.

139 "Ilan ba sa inyo ang nais magpalit ng liham?---makalawang ulit na anak ng hades kaysa nang ika'y magpasimula!" "Ilan sa inyong mga Metodista ang nais maging Baptist?" "…kayong mga Baptist na nais maging Pentecostal? Dalhin lang ninyo ang inyong pagkasapi rito." O, alang-alang sa kabutihan! Kabulukan! Basura! Basura ng Diablo. Walang Kabuhay-Buhay dito kaunti man. Ito'y halong-lahi, mapagpaimbabaw, dalawang ulit nang namatay, patay na't binunot na ang ugat. Hindi ba't sinabi ni Jesus, "Ang bawa't tanim na hindi itinanim ng Aking Ama ay bubunutin?" Ang denominasyon o ano man ito, ito'y bubunutin! Tanging ang Salita ng Diyos ang makatatayo! Tama. Iyan ang sinabi Niya. Ang salita ng bawa't tao ay kasinungalingan, ngunit ang sa Akin ay Katotohanan.

140 Kung gayon, saan na tayo patungo? Makabubuting kayo'y magbalik sa inyong ulirat. Nguni't hindi kayo didinig malibang kayo'y naitalaga upang makarinig nito. Patungo na tayo riyan. Hindi kataka-takang ito'y pumapatak tulad ng tubig sa likod ng itik. "Nilikha siya upang itaboy ang tubig, hindi upang sipsipin ito.

141 Ang daong ay yari sa kahoy na gofer at kahoy na akasia. Ito ang pinaka…ito'y pawang ampaw; walang anumang taglay iyon kundi ampaw. Lahat ay nakuha na rito. Ito'y tumubong gayon---ang pinakamagaang kahoy, magaang pa sa balsam. Bakit nila ginawa ito?---upang magawa nila itong ibabad sa sahing. Kung ito'y encina….sasabihin mo, "Hindi kaya puwede rin ang encina?" Hindi po, hindi ito sumisipsip ng anuman; itinataboy ito nito. Ito'y tumataboy, samantalang ang isang ito'y sumisipsip. At ang tunay na Binhi ng Diyos ay sumisipsip sa Espiritu! Ang lahat ng pagiging maka-

denominasyon ay nailabas na. lahat ng di pananampalataya ay nasa labas na, at kapag ang Espiritu Santo ay napasa binhi ng Buhay na iyon ng buhay na nakahimlay doon, ito'y namumunga ng isa pang Binhi, tiyak na tiyak. Isa pang anak ng Diyos ang naisilang. Amen. Isa pang maliit na diyos, anak ng Diyos.

142 Ako'y isang Branham dahil ako'y isinilang nina Charlie at Ella Branham. Isa akong Branham dahil binhi nila ako. Ang kanilang dalawang pakikipagsundo sa pamamagitan ng pagsasanib ng kanilang semilya ay bumuo sa akin.

143 Kapag ang Diyos at ang Salita ay naging isa (Aleluia!) iyon ay… kapag ang Espiritu ng Diyos ay dumilig sa Binhi ng Diyos, ang Salita ng Diyos. Ito'y mamumunga ng Diyos; at hindi iyon ang indibiduwal, iyon ay ang Diyos! Para ano?---patay ka na; hindi na ikaw ang dati mong sarili. Itinuturing mo na ang sarili mo na patay na, nahungkag na, naghihintay sa Binhing-lahi. Kung magkagayo'y ano ito? Hindi na ikaw iyon, hindi na ang tao; iyon ay ang Diyos na nasa tao. Iyon ay ang Binhing-lahi tulad ng pasimulang binigkas na Salita. Ito'y ang Salita ng Diyos na naipamalas sa isang tao; kung magkagayon ay hindi na tao iyon, ang tao ang siyang namatay. Hindi siya maaring halong-lahi at anak nang sabay. Kung hindi siya anak ng kamatayan, siya'y anak ng Buhay. Kung kaya't kung anak siya ng kamatayan, ibigay ito sa Diablo at hayaan siyang kitilin nito. Ibigay ito sa Diyos ng isang sandali at hayaang kitilin Niya ang diablong nasa inyo---habulin siyang palabas. Hinuhungkag ka. At kung magkagayo'y hayaang ang Diyos ay magtanim ng Sarili Niyang Buhay sa iyo, kung magkagayo'y hindi na ikaw iyon; iyo'y ang Buhay na ng Diyos dahil iyo'y ang Salita ng Diyos---nadiligan ng Espiritu Santo at magbubunga ng gayon ding bagay. Nakikita mo ba ito? Ibig ko sanang mangaral tungkol diyan ng ilang sandali, ngunit dahil mayroon akong tatlumpu o apatnapu pang pahina ng mga Kasulatan ditto… At tatatlo pa lamang ang nasisipi ko.

144 Mabuti---naipamalas. Ang mga gawang naipamalas ng gayon din sa pamamagitan…gayon ding paraan sa pamamagitan natin, dahil ito'y siya ring Salita. Ngayon, kung nais mong gawin ang mga gawa ni Cristo, gawin mo rin kung ano ang Kaniyang isinagawa. "Ang sumasampalataya sa Akin ay magtataglay ng Aking mga gawa." Ano iyon? Sumasampalataya sa ano?---na Siya ang Orihinal na Binhing-lahi na naparito. Nasaan ang binhi? Narito, hayaan n'yong kunin ko ang mga panyong ito. Narito ang lalaking dapat ay maparito, ito. Ito ang lalaking dapat ay maparito. Ano ang nangyari? Hinalong-lahi ito ni Eva.---pinalahian ito. Ang nangyari---at ano ang ginawa nito?---naging kamatayan ito, nagpatuloy sa pagkamatay,

145 Ngayon, itong isang ito'y nagpalabas ng gayon---ngayon narito't nananatili pa rin ang Salita gayon pa man. Narito ang Salitang nakahimlay dito, gayon pa man. Ngayon ano ang nangyari? Narito ang Salita. Ngayon ang Salitang sinambit ng Diyos upang magpakarami at kalatan ang lupa,hindi Ito makakita ng isang dakong malalapagan. Sa kahulihan, ang Salitang ito ay napasa sinapupunan ng isang birhen. (Mangungusap tayo tungkol sa dalawang sinapupunan mamayang hapon.) At ano ang nangyari? Mula sa Kaniya ay lumabas ang simulang binhi ng Buhay---ang bagay na nagbibigay, ang tubig na nagbibigay sa butil ng pagkakataong paramihin ang kaniyang sarili. Ang Espiritu ay lumabas mula sa Kaniya at pumaitaas.

146 Narito na tayo. Dumating na tayo. Ano ang nangyari? Sinasampalatayanan natin Ito; sinasampalatayanan natin Ito. Ngayon, ano ang sinabi ni Jesus?---"Ang sumasampalataya sa Akin (kita n'yo)…ang sumasampalataya sa Akin ang mga gawang Aking ginagawa---ang pagpapamalas na ang Espiritu Santo ay naparito sa anyo ng isang kalapati ay dumapo sa Akin at gumawa ng ganito, hindi sa pamamagitan ng paghahalong-lahi, kundi sa pamamagitan ng birheng pagsilang. Hindi ang…ang landas ng buhay, gaya ng paglalahi ng bata, asawang lalaki sa asawang babae; hindi iyan, hindi isang halong-lahi, kundi isinilang ng birhen. "Ngayon, sa pamamagitan nito, ay ipinagkakaloob Ko ang Buhay na ito upang kung ito'y tatanggapin mo sa pamamagitan ng pananampalataya kung anong sinabi ng Ama, lahat ng mga propeta, lahat ng Salita ng Diyos, ibubuhos Ko ang Buhay na ito sa iyo, at ika'y… at wala kang ibang magagawa kundi ipamunga ang katulad ng kung ano Ako." Hayun ka.

147 "Ang mga gawang Aking ginagawa ay gagawin niya rin." At ano ang Kaniyang ginawa?---kung ano lamang ang ipinahintulot sa Kaniya ng Ama, kung ano ang nakita Niya. San Juan 5:19---kung ano lang… "Wala Akong ginagawang anuman hangga't sa ipakita sa Akin ng Ama." Ano ba Siya---ginawa Niyang tao ang Kaniyang Sarili. Ang Diyos ay naging laman at nanahang kasama natin. Ang Salita ay nagkatawang tao at nanahang kasama natin. Ang binigkas na Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng isang birhen, nagpalabas ng isang katawan at sa katawang iyon ay dumating ang tubig, ang Espiritu, at nahugasan ng tubig ng Salita at pagkatapos ay pumasok sa Kaniya, at doo'y dumating ang buhay ng Diyos, ipinahahayag ang Kaniyang Sarili sa pamamagitan ni Cristo. Ang Diyos ay na kay Cristo, ang Pinahiran.

148 Ang Cristo ay nangangahulugang *Yaong Pinahiran*---isang Taong pinahiran. At ang Diyos ay nananahan sa Kaniya. Ano iyon? Ang binhing may laman, ang Pinahiran, lamang napapahiran ng Espiritu ng Diyos na namunga ng Salita ng Diyos na naipahayag. "At nakita naming Siya, ang bugtong na